ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • ENERO 2011

# Liahona



## Matuto sa Kanya at Makinig sa Kanyang mga Salita, pp. 12, 14, 20

**Tatlong Kuwento sa Banal na Kasulatan na Nagbibigay sa Akin ng Pag-asa, p. 44**

**Hinahangad Namin ang mga Bagay na Ito, p. 52**

**Maaari Kang Maging Misyonero Ngayon, pp. 58, 68**



HINDI MAARING KOPYAHIN

*Itinuturo ni Eunice sa Kanyang Anak na si Timoteo ang mga Banal na Kasulatan,*
ni Sandy Freckleton Gagon

*Pinuri ni Apostol Pablo si Timoteo dahil sa "pananampalatayang hindi pakunwari na nasa iyo, na namalagi muna kay Loida na iyong lelang, at kay Eunice na iyong ina" (II Kay Timoteo 1:5). Si Timoteo ay kapwa "kapatid at ministro sa evangelio ni Cristo" (I Mga Taga Tesalonica 3:2) at matapat na katuwang ni Pablo, na tinawag si Timoteo na "aking tunay na anak sa pananampalataya" (I Kay Timoteo 1:2).*



14

Liahona, Enero 2011


## MGA MENSAHE

**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Kailangan ng Panginoon ng mga Misyonero**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Kasaysayan at Pamana ng Relief Society**

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO

**14** **Ang Tagapagligtas—ang Dalubhasang Guro**
Ni Elder Jay E. Jensen
*Ang paggamit ng Panginoon ng mga banal na kasulatan sa pagtuturo at pagpapalakas sa iba ay isang halimbawa sa ating lahat.*

**20** **Ang Kasaysayang Nakapaloob sa Bagong Tipan**
Ni Thomas A. Wayment
*Sino ang sumulat ng Bagong Tipan? Paano ito naipasa sa atin?*

**26** **Mahalaga sa Ating Relihiyon**
Ni Elder Dallin H. Oaks
*Maaaring hindi alam ng ating mga kapitbahay ang mahahalagang katotohanang ito tungkol sa ating relihiyon.*

**34** **Ano ang Bago sa Pansariling Pag-unlad?**
Ni Elaine S. Dalton
*Ipinaliwanag ng Young Women general president ang ilang pagbabago sa Pansariling Pag-unlad.*

**37** **Ang Aaronic Priesthood—Higit Pa sa Inaakala Ninyo**
Ni David L. Beck

## MGA BAHAGI

**8** **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

**11** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Ang Nakapanunumbalik na Kapangyarihan ng Panalangin**
Ni Marcos A. Walker

**12** **Ang Ating Paniniwala: Ang mga Banal na Kasulatan ay Nagtuturo at Nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo**

**40** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74** **Mga Balita sa Simbahan**

**79** **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Hindi Kailanman Pinabayaan**
Ni Adam C. Olson


**SA PABALAT**
*Jesus, Maria at Marta,* ni Anton Dorph, sa kagandahang-loob ng Hope Gallery.

## MGA YOUNG ADULT




**44 Mga Sinaunang Halimbawa, mga Makabagong Pangako**
Hindi ibinigay ang pangalan
*Bakit makabuluhan sa akin ngayon ang mga kuwentong ito, na libu-libong taon nang nangyari.*

**47 Ebanghelyo sa Aking Buhay: Mula sa Paniniwala tungo sa Pagkaalam**
Ni Chiao-yi Lin




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Pagkakaibigan.***


## MGA KABATAAN

**48 Tuwirang Sagot**

**50 Mula sa Misyon: Sa Presensya ng mga Anghel**
Ni Samuel Gould

**52 Naniniwala Kami!**
Ng Young Women General Presidency
*Dapat tayong maniwala sa mga pamantayan at pinahahalagahan at hangarin ang mga bagay na ito upang mapasaatin ang kapangyarihan ng Espiritu Santo.*

**53 Pagiging Tapat na Lalaking Maytaglay ng Priesthood**
Ng Young Men General Presidency
*Alam namin na makagagawa kayo ng mga dakilang bagay kapag kayo ay naging tapat na maytaglay ng priesthood.*

**54 Taludtod sa Taludtod: Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13**

**55 Dapat Kang Mag-seminary**
Ni Lisa Pace
*Binago ng mungkahi ng kaibigan ko ang aking buhay.*

**56 Ang Bahaging Para sa Atin**

**57 Poster: Mabuti ang Maging Mahalaga**

**58 Sana Ako'y Makapagmisyon?**
Ni Loran Cook

## MGA BATA




**60 Ang Pinakamahusay na Brigham Young**
Ni Karen A. Kimball
*Mali ang script para sa papel ni Brigham Young. Ano ang magagawa ni Kathy?*

**62 Natatanging Saksi: Paano Ako Magtatayo ng Espirituwal na Pundasyon?**
Ni Elder Neil L. Andersen


**63 Ang Ating Pahina**

**64 Oras ng Pagbabahagi: Ang mga Banal na Kasulatan ay Salita ng Diyos**
Nina JoAnn Child at Cristina Franco

**66 Mga Kuwento Tungkol kay Jesus: Si Jesus Noong Bata Pa**
Ni Diane L. Mangum

**68 Nasaan si Isabelle?**
Ni Susan Denney
*Nawawala si Isabelle sa sarili niyang binyag noong magkukuhanan na ng retrato!*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**ENERO 2011 TOMO 14 BLG. 1**
**LIAHONA 09681 893**
Opisyal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Stanley G. Ellis, Christoffel Golden Jr., Yoshihiko Kikuchi

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na Patnugot:** Ryan Carr
**Assistant na Patnugot:** Susan Barrett
**Staff sa Patnugutan:** David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Larry Hiller, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Don L. Searle, Janet Thomas, Paul VanDenBerghe, Julie Wardell
**Senior na Sekretarya:** Laurel Teuscher

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Staff sa Disenyo at Produksyon:** Cali R. Arroyo, Collette Nebeker Aune, Howard G. Brown, Julie Burdett, Thomas S. Child, Reginald J. Christensen, Kim Fenstermaker, Kathleen Howard, Eric P. Johnsen, Denise Kirby, Scott M. Mooy, Ginny J. Nilson
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hindi, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Sinhala, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Tamil, Telugu, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2011 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala anag mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:**
January 2011 Vol. 14 No. 1. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.


# Marami Pang Impormasyon Online
Liahona.lds.org





## PARA SA MATATANDA

Ang Tagapagligtas ay dalubhasang guro (tingnan sa pahina 14). **Upang mapahusay ang inyong kasanayan sa pagtuturo,** bisitahin ang www.teaching.lds.org.


## PARA SA MGA KABATAAN





Sa isyung ito, **alamin kung ano ang bago sa Pansariling Pag-unlad at Tungkulin sa Diyos** (mga pahina 34 at 37). Pagkatapos ay tingnan ang kaagapay na mga Web site sa www.PersonalProgress.lds.org at www.DutytoGod.lds.org.

## PARA SA MGA BATA





Tingnan ang "Pakikipagkaibigan sa Iba't Ibang Panig ng Mundo" sa pahina 72 at saka **laruin ang online version ng laro** sa www.liahona.lds.org.

**Nakadispley ngayon ang mga sining na gawa ng mga bata** sa Church History Museum sa Salt Lake City, at bawat gawang sining na isinumite ay nakadispley online sa www.liahona.lds.org.

## SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa www.languages.lds.org.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aaronic Priesthood,*** *37*
***Aklat ni Mormon,*** *47, 56*
***Bagong Tipan,*** *20*
***Banal na kasulatan, mga,*** *12, 20, 44, 47, 62, 64*
***Banal na proteksyon,*** *50*
***Family history,*** *8*
***Gawaing misyonero,*** *4, 41, 50, 58, 68*
***Home teaching,*** *42*
***Jesucristo,*** *14, 66, 80*
***Kabaitan,*** *57, 58, 70*
***Kabanalan,*** *54*
***Katapatan,*** *60*
***Media,*** *48*
***Mutual,*** *52*
***Pagbabalik-loob,*** *41, 56*
***Paghahayag,*** *26*
***Paglilingkod,*** *58, 62*
***Pagpapaaktibo,*** *40*
***Pagpapala ng priesthood,*** *mga, 42*
***Pagsunod,*** *50*
***Pagtuturo,*** *14*
***Pakikisalamuha,*** *8*
***Pamilya,*** *26, 48*
***Panalangin,*** *48, 56, 62*
***Pananampalataya,*** *44, 58*
***Panguluhang Diyos,*** *26*
***Pansariling Pag-unlad,*** *34*
***Patotoo,*** *49, 55, 56*
***Relief Society,*** *7*
***Seminary,*** *55*
***Tapang, lakas ng loob,*** *60*
***Tungkulin sa Diyos,*** *37*
***Tungkulin sa Simbahan, mga,*** *43*





Ni Pangulong
Thomas S. Monson

# KAILANGAN NG PANGINOON NG MGA MISYONERO

Noong Oktubre sa pangkalahatang kumperensya ay nanawagan ako para sa mas marami pang misyonero. Bawat may kakayahang binata ay dapat maging karapat-dapat at handang maglingkod sa mission. Ang gawaing misyonero ay isang tungkulin sa priesthood—isang obligasyon na inaasahan ng Panginoon na gagawin natin, tayo na nabiyayaan nang lubos. Mga kabataan, hinihikayat ko kayong maghandang maglingkod bilang misyonero. Manaliting malinis, walang bahid-dungis at karapat-dapat na kumatawan sa Panginoon. Maging malusog at malakas. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Kung saan mayroon, makibahagi sa seminary at institute. Pag-aralang mabuti ang hanbuk ng misyonero na *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.

Mga kabataang babae, samantalang wala kayong gayong responsibilidad ng priesthood tulad ng mga kabataang lalaki, na maglingkod ng full-time na misyon, maaari rin kayong magbigay ng mahalagang kontribusyon bilang misyonero, at ikagagalak namin ang inyong paglilingkod.

Sa inyong mga nakatatandang kapatid ng Simbahan, ipinaaalala ko sa inyo na kailangan ng Panginoon ng marami, mas marami pa sa inyo upang maglingkod bilang mga full-time missionary. Kung wala pa kayo sa panahon kung kailan maaari na kayong maglingkod na mag-asawa, hinihikayat ko kayo na maghanda na ngayon para sa araw na kung kailan kayo at ang inyong kabiyak ay maaari nang maglingkod. May ilan lamang na mga pagkakataon sa inyong buhay kung kailan maaari ninyong matamasa ang matamis na diwa at kasiyahan ng paglilingkod nang magkasama sa gawain ng Guro.

Ngayon, maaaring ang ilan sa inyo ay sadyang mahiyain o iniisip na kulang ang inyong kakayahan upang tanggapin ang tawag na maglingkod. Alalahanin na gawain ito ng Panginoon, at kapag nasa paglilingkod tayo ng Panginoon, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon. Palalakasin ng Panginoon ang likod upang makaya ang pasaning iaatang dito.

Maaaring madama ng iba, kahit karapat-dapat silang maglingkod, na may mas mahahalaga silang prayoridad. Naaalala kong mabuti ang pangako ng Panginoon: "Yaong mga nagpaparangal sa akin ay aking pararangalin" (I Samuel 2:30). Walang sinuman sa atin ang makapagpaparangal sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas nang higit kaysa paglilingkod bilang deboto at mahabaging misyonero.

Isang halimbawa ng gayong paglilingkod ang karanasan ng mga misyonerong sina Juliusz at Dorothy Fussek, na tinawag na magmisyon sa Poland. Si Brother Fussek ay isinilang sa Poland. Sinasalita niya ang wika doon. Mahal niya ang mga tao. Si Sister Fussek ay isinilang sa England at may kaunting alam tungkol sa Poland ngunit walang alam tungkol sa mga mamamayan nito. Sinimulan nila ang kanilang tungkulin nang may pagtitiwala sa Panginoon. Malungkot ang gawain at napakabigat ng kanilang tungkulin. Wala pang naitatag na mission noon sa Poland. Ang tungkuling ibinigay sa mga Fussek ay ihanda ang daan upang makapagtatag ng mission doon.

Nasiraan ba ng loob sina Elder at Sister Fussek dahil sa bigat ng kanilang tungkulin o gawain? Hindi kahit isang saglit. Alam nilang tinawag sila ng Diyos. Nagdasal sila at hiningi ang Kanyang banal na tulong, at buong-puso nilang inilaan ang kanilang sarili sa kanilang gawain.

Di nagtagal sina Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol; Elder Hans B. Ringger, na miyembro noon ng Pitumpu; at ako, kasama ni Elder Fussek, ay

MGA PAGLALARAWAN NINA HYUN GYU LEE, MATTHEW REIER, AT CRAIG DIMOND



nakipagpulong sa ministro ng mga gawaing ukol sa relihiyon na si Adam Wopatka, ng pamahalaan ng Poland. Narinig naming sinabi niya, "Malugod naming tinatanggap ang inyong simbahan dito. Maaari kayong magtayo ng mga gusali; maaari ninyong ipadala ang inyong mga misyonero. Ang lalaking ito," habang nakaturo kay Juliusz Fussek, "ay naglingkod na mainam sa inyong simbahan. Lubos ninyong mapasasalamatan ang kanyang halimbawa at gawain."

Gaya ng mga Fussek, gawin natin ang nararapat nating gawin sa gawain ng Panginoon. Sa gayon, gaya nina Juliusz at Dorothy Fussek, ay mabibigkas natin ang Awit na:

"Ang saklolo sa akin ay nanggagaling sa Panginoon, na gumawa ng langit at lupa.

". . . Siyang nagiingat sa iyo, ay hindi iidlip.

"Narito, siyang nagiingat ng Israel hindi iidlip ni matutulog man" (Mga Awit 121:2–4). ■

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Nakasaad sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*: "Magbahagi ng personal na karanasan tungkol sa paano nabiyayaan ang inyong buhay ng pamumuhay ng isang alituntunin ng ebanghelyo. Anyayahan ang inyong mga tinuturuan na maikling ibahagi ang kanilang sariling mga karanasan" ([2000], 211–212). Basahin ang mensaheng ito at pagkatapos ay itanong sa mga miyembro ng pamilya kung sino ang sinabi ni Pangulong Monson na dapat magmisyon. Magbahagi ng mga personal na karanasan ninyo o ng iba pang naglingkod bilang mga full-time missionary. O ibahagi ang inyong mga plano na maglingkod bilang misyonero balang-araw. Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na ibahagi ang kanilang mga plano at mga positibong karanasan.

## MGA KABATAAN



### Magbisikleta Tungo sa Hinaharap

**Nina Peter Evans at Richard M. Romney**

Maraming kabataang lalaki ang naghahanda sa pinansiyal upang makapagmisyon. Sa Africa bahagi ng paghahandang iyan ang pagkita ng sapat na salapi para makakuha ng pasaporte. Kinita ni Sedrick Tshiambine ang kailangan niyang halaga sa pamamagitan ng pangangalakal: sa pagtitinda ng mga saging sakay ng bisikleta.

Si Sedrick ay nakatira sa Luputa, Democratic Republic of Congo. Isa siya sa 45 mga kabataang lalaki sa Luputa district na nagtatrabaho upang makapag-ipon para makakuha ng pasaporte at makapagmisyon. Sa DR Congo ang isang pasaporte ay nagkakahalaga ng $250, na mga dalawang-katlo ng halaga ng pagtatayo ng isang bahay.

Ngunit buo na ang loob ni Sedrick. Kinita niya ang salapi o pera para sa kanyang misyon sa pamamagitan ng pagbibisikleta ng 15–30 kilometro (9–19 milya) mula Luputa papunta sa maliliit na nayon, kung saan siya namimili ng mga saging, at pagkatapos ay magbibisikleta pabalik at patawid sa maalinsangang kapatagan ng Africa, at ang kanyang bisikleta ay puno ng mga prutas na ititinda sa lungsod. Linggu-linggo ay naglalakbay siya ng mga 180 kilometro (112 milya) sa mabuhangin na mga lansangan, at minsan lang tumaob ang bisikleta dahil sa hindi ito balanse.

Sa kanyang pagpapagod ay kumikita si Sedrick ng mga $1.25 sa isang linggo, o $65.00 sa isang taon. Apat na taon ang kinailangan upang makapag-ipon siya ng sapat na salapi para makuha ang kanyang pasaporte, ngunit ngayon ay batid niyang kasama sa kanyang hinaharap ang full-time mission dahil handa na siya sa pinansiyal na tumugon sa tawag na maglingkod.

## MGA BATA

### Maghahanda Ako Habang Ako'y Bata pa

Upang matulungan ang mga bata na maalaala ang panawagan ni Pangulong Monson na maghandang maglingkod sa misyon, i-photocopy itong sertipiko, i-print ito mula sa LDS.org, o gumawa ng sarili ninyong sertipiko na lalagdaan ng inyong mga anak at itatabi bilang paalala, marahil sa kanilang dingding o sa kanilang journal.



**MAGHAHANDA AKO**

Tinawag ako ni Pangulong Thomas S. Monson na maghanda upang makapagmisyon. Gagawin ko na:

- Manaliting malinis at walang bahid-dungis at karapat-dapat na kumatawan sa Panginoon.
- Maging malusog at malakas.
- Mananalangin at pag-aaralan ang mga banal na kasulatan.

Maghahanda ako upang makapaglingkod sa misyon.

____________________________

*(lagda)*

MGA LARAWANG KUHA NINA RICHARD M. ROMNEY AT DAVID NEWMAN

# Ang Kasaysayan at Pamana ng Relief Society

*Pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dadalawin ninyo. Gamitin ang mga tanong upang matulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong sariling buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya • Pamilya • Kapanatagan**

Naalala ni Eliza R. Snow ang turo ni Propetang Joseph Smith na "bagama't ngayon lang lumitaw ang pangalang ito [Relief Society], noon pa man ay may ganito nang institusyon."[1]

Dinalaw ng Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo si Joseph Smith at sa pamamagitan niya ay ipinanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo sa mundo. Ang Relief Society ay bahagi ng panunumbalik na iyon. Nang maorganisa ang kababaihan, noon lamang ganap na nabuo ang organisasyon ng Simbahan.[2]

Sa mga buwang darating, bawat Mensahe sa Visiting Teaching ay magbibigay sa atin ng pagkakataong matuto pa tungkol sa kasaysayan ng Relief Society at sa bahagi nito sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Sa maraming dahilan, ang maunawaan ang ating kasaysayan ay hindi lamang mahalaga kundi *kailangan*.

Una, ang pag-unawa sa ating kasaysayan ay humihikayat sa atin na maging kababaihan ng Diyos na kailangan nating kahinatnan. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga halimbawa ng mararangal na babaeng Banal sa mga Huling Araw, maaari tayong matuto mula sa nakaraan kung paano harapin ang kinabukasan.[3]

Ikalawa, itinuturo sa atin ng kasaysayan na ang mga alituntuning umiral sa Simbahan noon ay siya ring mga saligang alituntunin natin ngayon. Ang kaalamang ito at ang ating mga layunin—na palakasin ang ating pananampalataya at sariling kabutihan, patatagin ang mga pamilya at tahanan, at tulungan ang mga nangangailangan—ay iniuugnay ang ating nakaraan sa ating kasalukuyan.

Ikatlo, kapag pinahalagahan natin ang ating kasaysayan, mas maibabahagi natin ang ating espirituwal na pamana. Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Naipapasa ninyo ang pamana sa pagtulong ninyo sa iba na tanggapin ang kaloob na pag-ibig sa kapwa sa puso nila. . . . Ang kasaysayan ng Relief Society ay mababasa at mabibilang, ngunit ipinapasa ang pamana nang puso sa puso."[4]

Sa huli, ang pag-unawa sa ating kasaysayan ay ginagawa tayong epektibong bahagi ng hinaharap ng Relief Society. Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), "Alam natin na ang kababaihang may malalim na pagpapahalaga sa nakaraan ay mag-aalala tungkol sa paghuhubog ng mabuting kinabukasan."[5]

***Julie B. Beck, Relief Society general president.***

## Ano ang Magagawa Ko?

1. Ano ang magagawa ko para matanggap ng kababaihang binibisita ko ang kaloob na pag-ibig sa kapwa?

2. Ano ang masisimulan kong gawin sa buwang ito na huhubog sa isang mabuting kinabukasan para sa aking sarili? para sa aking pamilya? para sa iba?

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang www.reliefsociety.lds.org.

## Mula sa mga Banal na Kasulatan

Esther 9:28–29; Mga Taga Roma 16:1–2; Alma 37:8; Moroni 7:45–47

## Mula sa Ating Kasaysayan

"Ang Relief Society ay organisasyon ng Diyos para sa kababaihan."[6] Sa kanyang katungkulan bilang propeta, inorganisa ni Joseph Smith ang Relief Society noong Marso 17, 1842. Ang maliit na grupo sa unang pulong na iyon ay binuo ng iba't ibang matatapat na babae, na katulad ng kababaihan sa Relief Society ngayon. "Ang pinakabata ay tatlong dalagita, at ang pinakamatanda ay isang babaeng mahigit 50 ang edad. Labing-isa sa kababaihang ito ang may-asawa, dalawa ang balo, anim ang dalaga, at ang isa ay hindi alam kung may-asawa o wala. Ang kanilang mga pinag-aralan at pinagmulan ay lubhang magkakaiba, gayundin ang kanilang mga kabuhayan. Ang kanilang pagkakaiba-iba ay lubha pang mag-iibayo sa patuloy na paglago ng organisasyon, ngunit sila ay nagkaisa at patuloy na magkakaisa."[7]

**MGA TALA**

1. Eliza R. Snow, "Female Relief Society," *Deseret News,* Abr. 22, 1868, 81.
2. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 528.
3. Tingnan sa L. Tom Perry, "Ang Lumang Paraan ng Pagharap sa Kinabukasan," *Liahona,* Nob. 2009, 73–76.
4. Henry B. Eyring, "Ang Walang-kupas na Pamana ng Relief Society," *Liahona,* Nob. 2009, 124–25.
5. Spencer W. Kimball, "Privileges and Responsibilities of Sisters," *Ensign,* Nob. 1978, 102.
6. Spencer W. Kimball, "Relief Society—Its Promise and Potential," *Ensign,* Mar. 1976, 4.
7. Jill Mulvay Derr, Janath Russell Cannon, at Maureen Ursenbach Beecher, *Women of Covenant* (1992), 28.



ANG NAUVOO *RELIEF SOCIETY,* NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*



**MGA PARAAN PARA MATULUNGAN ANG MGA BAGONG MIYEMBRO NA MADAMANG TANGGAP SILA**

- Ipakilala ang inyong sarili sa mga bagong miyembro ng ward o branch at sadyaing umupo sa tabi nila sa mga klase at sacrament meeting.
- Sikaping tandaan ang mga pangalan nila.
- Maaanyayahan ng mga lider ng priesthood at miyembro ng mga presidency ng Sunday School at Relief Society ang mga bagong miyembro na magpakilala bago magsimula ang aralin.
- Mag-alok na tulungan ang mga bagong lipat sa paglipat at pagiging pamilyar sa lugar.
- Anyayahan sila sa mga aktibidad ng ward o branch.
- Makipagkaibigan! Patuloy na kilalanin ang mga bagong miyembro sa susunod na mga linggo at buwan.

## Paggawa ng **Gawain sa Family History**

Marahil ikaw lang ang tanging miyembro ng Simbahan sa pamilya mo at bago sa iyo ang gawain sa family history. O marahil ay marami nang nagawa ang ibang mga miyembro ng pamilya mo sa gawain sa family history at sa templo para sa inyong mga ninuno. Anuman ang sitwasyon mo, marami pa ring paraan na makapag-aambag ka sa mahalagang gawaing ito.

Kung hindi mo tiyak kung saan magsisimula, simulan sa alam na alam mo: sa iyong sarili. Tutal, hindi lang naman tungkol sa mga namatay mong mahal sa buhay ang family history. Tungkol din ito sa pagtatala ng sarili mong kasaysayan habang buhay ka. Narito ang ilang paraan na makapagsisimula ka:

- Maghanap ng matibay na kahong paglalagyan at ilagay ang mahahalaga mong dokumento: ang iyong birth certificate, mga diploma, award, journal, retrato—anumang bagay na kumakatawan sa iyong buhay.
- Kung may scanner sa paligid mo, maaari mong i-scan ang mga lumang retrato upang makalikha ng mga digital copy ng mahahalagang retrato.
- Itala sa journal ang nagbibigay-inspirasyong mga ideya, damdamin, at kaganapan sa iyong buhay.
- Interbyuhin ang iyong mga kapamilya upang maitala ang kasaysayan ng kanilang buhay. Magsimula sa pinakamatanda mong kamag-anak na nabubuhay. Magtanong ng ganito: Saan po galing ang inyong pangalan? Ano po ang mga tradisyon ng pamilya ninyo noong bata pa kayo at ngayon? Ano po ang masasabi ninyo tungkol sa mga espesyal na talento o katangian ng inyong pamilya? Ang pagtitipon ng mga kasaysayan ng iba ay magiging yaman ng pamilya sa darating na mga henerasyon.
- Magrehistro para sa isang account sa www.New.FamilySearch.org at ipasok ang impormasyon tungkol sa iyong talaangkanan na natipon mo tungkol sa iyong sarili at sa mga miyembro ng pamilya. Tutulungan ka ng mga online tutorial sa bawat hakbang.
- Kung maaari, dumalo sa templo upang magsagawa ng mga ordenansa para sa iyong mga ninuno.

Kung may mga tanong ka tungkol sa gawain sa family history, matutulungan ka ng inyong ward o branch family history consultant.





**MGA KAYAMANAN SA LANGIT**

"Kapag sinasaliksik natin ang sarili nating angkan nagiging interesado tayo hindi lamang sa mga pangalan o bilang ng mga pangalang ipapasok sa templo. Ibinabaling ng ating interes ang ating puso sa ating mga ama—hinahangad nating matagpuan sila at makilala at mapaglingkuran.

"Sa paggawa nito ay nagtitipon tayo ng kayamanan sa langit."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Inyong Kasaysayan ng Mag-anak: Pagsisimula,"** ***Liahona,*** **Ago. 2003, 17.**

MULA KALIWA: PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE © IRI; LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY; RETRATO NG HUNGARY © ISTOCKPHOTO; PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD © IRI

## ANG KASAYSAYAN NG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG PANIG NG DAIGDIG




# Hungary

Bagama't ang unang misyonerong Banal sa mga Huling Araw ay dumating sa Hungary noong 1885, kakatiting ang kanyang tagumpay at umalis pagkaraan ng mga tatlong buwan. Ang unang Hungarian na kilalang sumapi sa Simbahan, si Mischa Markow, ay nabinyagan sa Constantinople noong 1887. Bunga niyon ay nagmisyon siya sa Europa, ngunit kalaunan ay pinaalis siya sa Belgrade at kalaunan ay sa Hungary dahil sa kanyang pangangaral.

Sa loob ng maraming taon ay nalimitahan ng mga isyu sa pulitika sa Hungary ang gawaing misyonero doon. Noong 1980s, dahil sa mga lathalain tungkol sa Simbahan maraming Hungarian ang nagsiyasat tungkol dito, at sa huling bahagi ng 1986, pumayag ang mga pinuno ng pamahalaan ng Hungary na papasukin ang mga misyonero sa bansa.

Mula noon, malaki na ang naging tagumpay ng mga misyonero. Ang Aklat ni Mormon ay inilathala sa wikang Hungarian noong 1991, at ang unang stake ay binuo noong 2006.

*Ang Hungarian Parliament Building, na natapos noong 1904, ay nasa baybayin ng Danube River sa Budapest.*




| ANG SIMBAHAN SA HUNGARY | |
|---|---|
| Bilang ng mga Miyembro | 4,594 |
| Mga Mission | 1 |
| Mga Stake | 1 |
| Mga District | 2 |
| Mga Ward at Branch | 21 |



## PAGHARAP SA PAGHIHIRAP


Ang pamumuhay ng ebanghelyo ay nakatulong sa amin ng pamilya ko na madaig ang tukso. Alam ko na sa pamamagitan ng pag-aayuno, pagbabayad ng ikapu, at pagdarasal araw-araw, na may kaakibat na pag-asa sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, madaraig natin ang tukso.

Ngunit hindi ibig sabihin niyan ay hindi na tayo mahihirapan sa buhay. Nalaman ko rin na kapag mas maraming hadlang ang nakakaharap natin, lalo tayong nagiging karapat-dapat sa mga pagpapala at natututo sa ating mga karanasan. Gusto kong isipin na ang paghihirap ay hanging umiihip sa saranggola. Kapag lumakas ang ihip nito, mas mataas ang lipad ng saranggola.

**Chhoeun Ravuth, Cambodia**


Howard W. Hunter


Gordon B. Hinckley


Thomas S. Monson


Joseph Smith


Brigham Young


Ezra Taft Benson



Spencer W. Kimball



Harold B. Lee


# Mga Pangulo ng Simbahan

Gaano ninyo kakilala ang mga Pangulo ng Simbahan? Sagutin ang quiz na ito at alamin. Nasa ibaba ang mga sagot.

1. Pagkatapos ni Joseph Smith, sino ang may pinakamaikling panahon ng paglilingkod bilang Apostol bago naging Pangulo ng Simbahan?
2. Sino ang pinakamatagal na naglingkod bilang General Authority?
3. Sino ang pinakamatagal na naglingkod bilang Pangulo ng Simbahan?
4. Sino ang kaisa-isang Pangulo ng Simbahan na ipinanganak sa labas ng Estados Unidos?
5. Bago si Pangulong Thomas S. Monson, sino ang kaisa-isang Pangulo ng Simbahan na naglingkod bilang bishop?
6. Sino ang nagmisyon sa ngayon ay Hawaiian Islands na noong siya ay 15 anyos lamang?
7. Sino ang naglingkod bilang United States Secretary of Agriculture habang naglilingkod bilang Apostol?
8. Sino ang Pangulo ng Simbahan na pinakamahaba ang buhay?
9. Sino ang nabalian ng mga buto sa mga braso at binti, aksidenteng nahiwa ng palakol ang paa, nakagat ng asong ulol, nadaganan ng bumagsak na mga puno ang mga binti, muntik nang mamatay sa pagkalason ng dugo, muntik nang malunod, halos mamatay sa paninigas sa lamig, at nakaligtas sa pagkawasak ng rumaragasang tren?



John Taylor



Wilford Woodruff


Lorenzo Snow


Joseph Fielding Smith


David O. McKay


George Albert Smith


Heber J. Grant


Joseph F. Smith

**Mga sagot:**
1. Brigham Young, 12 taon
2. David O. McKay, halos 64 na taon
3. Brigham Young, 30 taon
4. John Taylor, isinilang sa Milnthorpe, England
5. Howard W. Hunter
6. Joseph F. Smith
7. Ezra Taft Benson
8. Gordon B. Hinckley, edad 97
9. Wilford Woodruff

MGA LARAWANG IPININTA NI LARRY WINBORG © 1990

# ANG NAKAPANUNUMBALIK NA **KAPANGYARIHAN NG PANALANGIN**

**Ni Marcos A. Walker**

Naaalala ko pa ang nadama ko nang makita ko ang mga luha ng pagsisising dumaloy sa pisngi ng aking 10-taong-gulang na anak na lalaking si Arián.

Kalaro niya sa kuwarto ang kuya niyang si Joel, na 12 anyos, nang bigla silang nagtalo, at kinailangan kong mamagitan at ayusin ito. Siguro dahil sa edad nila, madalas mag-away ang mga batang ito.

Bilang tugon, si Arián, na halatang nanginginig at umiiyak matapos makipagtalo sa kuya niya, ay pabalang na sumagot sa akin. Pinagsabihan ko siya nang dalawang beses (ngayon ay ako na ang katalo niya), pero lalo lang lumala ang sitwasyon. Nagwawala na siya, namumula ang mukha, at nanginginig. Naiinis na ako noon, pero alam ko na kailangan itong malutas nang hindi ako sumisigaw.




Agad kong naisip ang alituntunin ng panalangin. Oo, iyan ang sagot, kaya isinama ko siya sa kuwarto ko, isinara ko ang pinto, at sinabing, “Arián, lumuhod tayo, at magdarasal ako sa Ama sa Langit.”

Pareho kaming lumuhod habang patuloy siyang umiiyak sa galit. Nanalangin ako sa adhikaing matulungan ang aking anak. Sa kalagitnaan ng panalangin napansin kong papahina na ang kanyang mga hikbi. Ang mga luhang dumadaloy sa kanyang mga pisngi ay mga luha na ng pagsisisi.

Pagkatapos naming manalangin, nagmulat si Arián at nagtanong, “Itay, mapapatawad po ba ninyo ako?” Nagyakap kami, at hindi ko na napigilan ang luha ko. Napuspos ng kapayapaan at pagmamahal ang aking kaluluwa. Wala nang sinabi pa si Arián, ngunit alam ko na naranasan niya ang nakapanunumbalik na kapangyarihan ng panalangin at naantig ng Espiritu Santo ang kanyang puso.

Ngayo’y hindi lang niya alam ang tungkol sa kapangyarihan ng panalangin, kundi nagkaroon pa siya ng patotoo tungkol dito. ■

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER



### ANG KALOOB NA PANALANGIN

“Ang panalangin ay makalangit na kaloob ng ating Ama sa Langit sa bawat kaluluwa. Isipin ninyo: ang lubos na Makapangyarihang Nilalang, na nakaaalam ng lahat, nakakakita ng lahat, ang makapangyarihang personahe, ay hinihikayat tayo, na mga abang nilikha, na makipag-usap sa Kanya bilang ating Ama. . . .

“Anuman ang ating katayuan, mapagkumbaba man o mapagmataas, mahirap o mayaman, malaya o alipin, nakapag-aral o hindi, minahal o tinalikuran, maaari tayong makipag-usap sa Kanya. Hindi natin kailangang makipag-appointment. Ang pagsamo natin ay maaaring maging maikli o kaya’y pag-ukulan ng lahat ng panahong kailangan. Maaaring dagdag na pahiwatig ito ng pagmamahal at pasasalamat o agarang paghingi ng tulong. Hindi na mabilang ang nilikha Niyang mga sansinukob at pinuno ito ng mga daigdig. Gayunman, ikaw at ako ay maaaring personal na makipag-usap sa Kanya nang sarilinan, at Siya ay palaging handang sumagot.”

**Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin,” *Liahona,* Mayo 2007, 8.**

# ANG MGA BANAL NA KASULATAN
## AY NAGTUTURO AT NAGPAPATOTOO TUNGKOL KAY JESUCRISTO

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng payo ng mga propeta, mga nagbibigay-inspirasyong salaysay ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao, at mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta. Itinuturo sa mga banal na kasulatan na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Bilang bahagi ng Kanyang plano para sa ating walang hanggang kaligayahan, pumarito tayo sa lupa. Habang narito tayo, ang mga banal na kasulatan ay isang espirituwal na gabay sa buhay patungo sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo.


Ang pangunahing layunin ng mga banal na kasulatan ay patotohanan si Cristo, kaya natutulungan tayo nitong lumapit sa Kanya at tumanggap ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 5:39). Sa gayon ay pinapayuhan tayo ng mga propeta sa mga huling araw na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw, kapwa nang mag-isa at kasama ang ating pamilya. Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Magbasa ng banal na kasulatan araw-araw. Ang madaliang pag-aaral ay hindi kasing epektibo ng araw-araw na pagbabasa at pagsasabuhay ng mga banal na kasulatan. Maging pamilyar sa mga aral na itinuturo ng mga banal na kasulatan. . . . Pag-aralan ang mga ito na parang nangungusap ang mga ito sa inyo, dahil iyon ang totoo."[1]

Sa pamamagitan ng mga salita sa mga banal na kasulatan, makikilala at mapapamahal sa atin ang ating Ama sa Langit at ang Tagapagligtas na si Jesucristo. Mababasa natin ang Kanilang mga utos at, dahil dito, makikita natin ang kaibhan sa pagitan ng tama at mali. Magtatamo tayo ng lakas na labanan ang tuksong magkasala. Mag-iibayo ang hangarin nating sundin ang mga batas ng Diyos. Pinapanatag at tinuturuan tayo ng mga banal na kasulatan habang narito tayo sa lupa, at ipinapakita sa atin ang daan pabalik sa ating tahanan sa langit.

**TALA**
1. Thomas S. Monson, "Kayo ay Magpakahusay," *Liahona,* Mayo 2009, 68.

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 53–58; *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 77–82.

**Tinatanggap ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang sumusunod bilang banal na kasulatan:**




*"Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran" (II Kay Timoteo 3:16).*

"Ang pangunahing layunin ng lahat ng banal na kasulatan ay puspusin ang ating mga kaluluwa ng pananampalataya sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. . . .


". . . Ang pananampalataya ay nakakamtan sa pagsaksi ng Banal na Espiritu sa ating mga kaluluwa, nang Espiritu sa espiritu, habang naririnig o binabasa natin ang salita ng Diyos. At lumalalim ang pananampalataya kapag patuloy tayong nagpapakabusog sa salita. . . .

". . . Maingat at masusing pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Pagnilayan at ipanalangin ang mga ito. Ang mga banal na kasulatan ay paghahayag, at magdudulot ang mga ito ng dagdag na paghahayag."


**Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Biyaya ng Banal na Kasulatan," *Liahona,* Mayo 2010, 34, 35.**



*1. Ang Biblia ay koleksyon ng mga sagradong talaang naglalaman ng mga paghahayag ng Diyos sa mga sinaunang propeta sa Banal na Lupain. Nakasaad sa ating ikawalong saligan ng pananampalataya, "Naniniwala kami na ang Biblia ay salita ng Diyos hangga't ito ay nasasalin nang wasto."*



*2. Ang Aklat ni Mormon: Isa pang Tipan ni Jesucristo ay naglalaman ng mga paghahayag ng Diyos sa mga sinaunang propeta sa mga lupain ng Amerika. Naglalaman ito ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa D at T 20:9).*



*3. Ang Doktrina at mga Tipan ay isang aklat ng mga paghahayag hinggil sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, na ibinigay sa mga makabagong propeta simula kay Joseph Smith.*



*4. Ang Mahalagang Perlas ay naglalaman ng karagdagang mga paghahayag ng Diyos kina Moises, Abraham, at Joseph Smith.*








*5. Ang Diyos ay patuloy na naghahayag ng mga katotohanan sa mga buhay na propeta sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang mga katotohanang ito ay itinuturing na banal na kasulatan (tingnan sa D at T 68:4). Dumarating sa atin ang mga ito lalo na sa pamamagitan ng pangkalahatang kumperensya, na idinaraos sa unang Sabado't Linggo ng Abril at Oktubre, kung kailan naririnig ng mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo ang mga mensahe ng ating propeta at iba pang mga pinuno ng Simbahan.* ■

PAIKOT SA KANAN MULA SA KALIWANG ITAAS: PAGLALARAWAN NI DEREK ISRAELSEN © 2002; *SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI HARRY ANDERSON © IRI; *TATLONG NEPHITA*, NI GARY KAPP © 1996 IRI; *NAGPAKITA SI JESUCRISTO KINA PROPETANG JOSEPH SMITH AT OLIVER COWDERY*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; *ANG UNANG PANGITAIN*, NI DEL PARSON © 1987 IRI; LARAWANG KUHA NI CRAIG DIMOND © IRI; PAGLALARAWAN NI CHRISTINA SMITH © IRI



**Ni Elder Jay E. Jensen**
Ng Panguluhan ng Pitumpu

# ANG Tagapagligtas
## ANG DALUBHASANG GURO

*Kailangan nating magpakabusog sa mga salita ni Cristo—ang mga banal na kasulatan—at, tulad ng Kanyang ginawa, gamitin natin ang mga ito para turuan at palakasin ang iba.*

Sa pamamahala ng Kanyang Ama, lumikha si Jesucristo ng mga daigdig na hindi mabilang. Siya ang dakilang Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan. Isinilang Siya ng isang mortal na ina, si Maria, at ng Diyos Amang Walang Hanggan. Siya ang pinakadakilang nilalang na nabuhay sa mundo. Sabi Niya, Siya ay pumarito upang "gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa" (Juan 4:34).

Ang kanyang mensahe at ministeryo ay mga pagpapahayag na walang pag-aatubili na Siya si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang ipinangakong Mesiyas.

Sa Kanyang mga turo madalas Siyang bumanggit ng mga talata mula sa Lumang Tipan. Ginamit niya ang mga banal na kasulatan upang paghandaan ang Kanyang ministeryo, madaig ang kasamaan at tukso, parangalan at patunayan na totoo ang mga propeta noong araw, at palakasin ang iba. Mula sa Kanyang halimbawa maaari tayong matutong gamitin nang mas mabisa ang mga banal na kasulatan sa ating mga responsibilidad bilang mga magulang, lider, at guro—dahil nagpakita Siya ng perpektong halimbawa sa lahat ng bagay, pati na ang pagiging dalubhasang guro.

**"Ako ang tinapay ng kabuhayan:** ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw."

### Paghahanda para sa Kanyang Ministeryo

Nang pumarito ang Panginoon sa mundo, nalambungan ng pagkalimot ang Kanyang isipan, tulad natin, ngunit Siya, tulad natin, ay umunlad nang biyaya sa biyaya (tingnan sa D at T 93:11–17). Tinuruan Siya ng Kanyang Ama sa Langit (timgnan sa Juan 8:28; 12:49) at ng mga mortal na guro. Tulad ng itinuro ni Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang ating kaalaman tungkol sa buhay ng mga Judio sa panahong iyon ay umaakma sa hinuha na naturuang mabuti ang Batang si Cristo tungkol sa batas at mga banal na kasulatan, dahil iyon ang patakaran noon. Nakaipon siya ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral, at nagtamo ng karunungan sa pamamagitan ng panalangin, pag-iisip, at pagsisikap."[1]

TINAPAY NG KABUHAYAN, NI CHRIS YOUNG © 2004 IRI





Mula sa Kanyang pagkabata hanggang sa maglingkod Siya sa mga tao, ang tanging kuwentong alam natin tungkol sa Kanya ay nang magturo Siya sa templo sa edad na 12, na nagpamalas ng pambihirang karunungan at kaalaman: "Makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan [siya nina Jose at Maria] sa templo, na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong" (Lucas 2:46). Nilinaw sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang talatang ito at isinaad na ang mga guro ay nakikinig kay Jesus at *Siya* ay tinatanong.

Ang Kanyang paglago sa kaalaman bago Siya nagsimula sa Kanyang ministeryo ay halimbawa ng Kanyang payo kay Hyrum Smith noong 1829:

> **"Makaraan ang tatlong araw, ay nangatagpuan nila siya sa templo,** na nakaupo sa gitna ng mga guro, na sila'y pinakikinggan, at sila'y tinatanong."

"Huwag hangaring ipahayag ang aking salita, kundi hangarin munang matamo ang aking salita, at pagkatapos ay kakalagan ang iyong dila; pagkatapos kung iyong nanaisin, mapapasaiyo ang aking Espiritu at ang aking salita, oo, ang kapangyarihan ng Diyos sa ikahihikayat ng mga tao" (D at T 11:21).

Masasaliksik din natin ang mga banal na kasulatan para sa turo at inspirasyon sa pagsisimula ng ating ministeryo, bagong tungkulin man ang ministeryong iyan, bagong responsibilidad (tulad ng pagiging magulang), o simpleng aralin sa family home evening.

### Pagdaig sa Kasamaan at Tukso

Sa simula ng Kanyang ministeryo, si Jesus ay tinukso ng diyablo. Ang dalawa sa tatlong tukso ay nagsimula sa mapagdudang pahayag: "Kung ikaw ang Anak ng Dios" (Mateo 4:3, 6). Para madaig si Satanas, bumanggit ang Tagapagligtas ng tatlong talata sa Lumang Tipan, na nagsasabing, "Nasusulat . . ." (mga talata 4, 7, 10).

Itinuro din ng Tagapagligtas sa Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng halimbawa sa mga banal na kasulatan kung paano daigin ang kasamaan. Habang itinuturo sa mga tao na daigin ang tukso o harapin ang kakila-kilabot na mga bunga nito, binanggit ng Dalubhasang Guro ang isang kuwento sa Lumang Tipan: "Higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma at ng Gomorra sa araw ng paghuhukom, kay sa bayang yaon [na tumanggi sa Kanyang ebanghelyo]" (Mateo 10:15).

Kung susundin natin ito, ang salita ng Diyos ay may likas na

KALIWA: *SA GAWAIN NG AKING AMA,* NI HARRY ANDERSON, SA KAGANDAHANG-LOOB NG SEVENTH-DAY ADVENTIST CHURCH; KANAN: PAGLALARAWAN NI MATTHEW REIER © IRI; *SI JESUS SA SINAGOGA SA NAZARET,* NI GREG OLSEN, SA KAGANDAHANG-LOOB NINA LEO AT ANNETTE BEUS



kapangyarihang mangalaga: "Sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila" (1 Nephi 15:24).

Isa sa mga paborito kong banal na kasulatan sa paraan ng pagdaig kay Satanas ngayon ang talatang ito: "Ang aking mga mata ay nakatuon sa inyo. Ako ay nasa gitna ninyo" (D at T 38:7). Pinapalis nito magpakailanman ang kasinungalingan na "walang makakaalam."

**Pagpaparangal sa mga Propeta Noon**

Kinilala ng Tagapagligtas ang mga sinunang propeta at binanggit ang sinabi nila. Sa dispensasyong ito, inutusan Niya si Sidney Rigdon na "[tumawag] sa mga banal na propeta upang patunayan ang . . . mga salita [ni Joseph Smith]" (D at T 35:23).

Upang mapatotohanan at mapagpitaganan ang mga propeta ng Lumang Tipan, tinukoy ng Tagapagligtas sina Noe (tingnan sa Mateo 24:37–38); Abraham (tingnan sa Lucas 16:22–31; Juan 8:56–58); Abraham, Isaac, at Jacob (tingnan sa Mateo 8:11); Moises (tingnan sa Juan 5:46); David (tingnan sa Lucas 6:3); Elias (tingnan sa Lucas 4:25–26); at Isaias (tingnan sa Lucas 4:16–21; Juan 1:23). Pinarangalan at sinuportahan din Niya ang Kanyang kababatang si Juan Bautista (tingnan sa Mateo 11:7–11).

Sa Sermon sa Bundok, gumawa ng mahalagang pag-uugnay ang Tagapagligtas sa mga propeta ng Lumang Tipan at sa kanilang mga turo hinggil sa Kanya. Inilarawan ito sa malapit na pagkakaugnay ng mga talata mula sa Beatitudes (tingnan sa Mateo 5:3–11) at mula sa Isaias 61:1–3.[2]

Maaari din nating parangalan ang mga propeta noon at ngayon sa pagninilay-nilay sa kahulugan ng kanilang mga turo: ang salita at kalooban ng Panginoon (tingnan sa D at T 68:4). Sa paghahanda nating magturo mula sa mga banal na kasulatan, dapat ay mapanalangin nating saliksikin ang mga alituntuning maihahalintulad natin sa ating mga tinuturuan.

**Pagpapatatag sa Iba**

Ang katangi-tanging makabuluhang mensahe sa buhay ng Guro ay ang sermon tungkol sa "tinapay ng kabuhayan" (tingnan sa Juan 6). Inilalarawan nito ang Kanyang utos at paggamit ng mga banal na kasulatan gayundin ang kahalagahan ng mga ito sa atin.

Isang araw bago Niya ibinigay ang mensaheng ito, naghimala ang Panginoon sa pagpapakain sa 5,000 katao, na naggangyak ng mas marami pang alagad (tingnan sa Juan 6:5–14). Kung hindi pa sapat ito at ang iba pang mga himala para maakay ang iba na maniwala sa Kanya, hayagan niyang ipinahayag sa sermon tungkol sa tinapay ng kabuhayan kung sino Siya. Ang sermong ito ay nagsilbing pagsasanay sa Kanyang mga Apostol, lalo na kay Pedro, na lumakas ang patotoo (tingnan sa mga talata 63–71).

Tinukoy ng Dalubhasang Guro ang isang pangyayari sa Lumang Tipan bilang panimula sa sermon tungkol sa tinapay ng kabuhayan:

"Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit.

"Sapagka't ang tinapay ng Dios ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay buhay sa sanglibutan" (Juan 6:32–33; tingnan din sa Exodo 16).

At sinagot nila ng, "Bigyan mo kaming palagi ng tinapay na ito" (Juan 6:34).

Ang Kanyang sagot ay naghayag sa mga





**ANG DALUBHASANG GURO**

"Ang Tagapagligtas ang dalubhasang guro. Ang turo ni Jesucristo ay binubuo ng isang sulatin tungkol sa pamamaraan ng pagtuturo na hindi nahigitan ninuman. Si Jesus ay inilarawan bilang pilosopo, ekonomista, tagapagbago ng lipunan, at marami pang iba. Ngunit higit sa mga ito, ang Tagapagligtas ay isang guro. Kung itatanong ninyo, 'Ano ang naging trabaho ni Jesus?' Iisa lang ang sagot: Siya ay isang guro. Siya ang dapat nating maging huwaran. Siya ang dalubhasang guro."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, *Mine Errand from the Lord* (2008), 336.**



taong espirituwal ng Kanyang banal na katauhan bilang Anak ng Diyos, ang ipinangakong Mesiyas at Tagapagligtas: "Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw" (Juan 6:35).

Kasunod niyon ay ipinahayag ng Tagapagligtas ang banal na doktrinang nag-uugnay sa Pagbabayad-sala at mga sagisag ng tinapay at tubig sa sacrament: "Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili" (Juan 6:53)

Alam natin na nagpalakas kay Pedro ang sermong ito, sapagkat siya ay nagpatotoo, "Kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang banal ng Dios " (Juan 6:69). Mahalaga rin sa atin ang sermon tungkol sa tinapay ng kabuhayan, dahil tayo man ay maniniwala at makatitiyak na si Jesus ang Cristo kapag ating binabasa, pinag-aaralan, at binibigkas—hindi binibigyan ng ibang kahulugan—ang banal na kasulatan upang palakasin ang ating mga sarili at ang iba.

**"Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng Sion:** . . . ang iyong hari ay naparirito sa iyo: . . . nakasakay sa isang asno."

### Pagtupad sa Banal na Kasulatan: Ang Matagumpay na Pagpasok

Ang matagumpay na pagpasok ng Panginoon sa Jerusalem ay nagpahiwatig ng katibayan ng Kanyang kaalaman at paggamit sa mga banal na kasulatan: "Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng Panginoon" (Awit 118:26; tingnan din sa Marcos 11:9–10). Sumakay Siya sa asno patungong Jerusalem, na tumupad sa propesiyang "Magalak kang mainam, Oh anak na babae ng Sion: . . . ang iyong hari ay naparirito sa iyo: . . . nakasakay sa isang asno" (Zacarias 9:9; tingnan din sa Mateo 21:4–5).

Mula sa simula ng Kanyang mortal na ministeryo hanggang sa Halamanan ng Getsemani, sa krus at sa libingang walang laman, napatunayan ni Jesus ang Cristo—sa pamamagitan ng sinaunang banal na kasulatan at ng Kanyang ministeryo, mga himala, at mensahe—na Siya ang ipinangakong Mesiyas.

Sa Halamanan ng Getsemani, nanalangin si Jesus, "Ama, kung ibig mo, ilayo mo



sa akin ang sarong ito; gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo" (Lucas 22:42). Ang pagpapahayag na ito ng Kanyang pagsunod at pagsasakatuparan ng napakadakilang nagbabayad-salang sakripisyo ay nagpapatunay na Siya ang Anak ng Diyos, ang pinakadakilang gurong nabuhay o mabubuhay.

Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatunay at nagtuturo tungkol kay Jesucristo. Kapag ibinuhos natin ang ating panahon sa mga ito, makikilala natin Siya at ang Kanyang tinig: "Ang mga salitang ito ay hindi mula sa mga tao ni galing sa tao, kundi mula sa akin; dahil dito, kayo ay magpapatotoo na ang mga ito ay mula sa akin at hindi mula sa tao" (D at T 18:34). Nalaman ko na kapag ibinubuhos ko muna ang aking panahon sa mga banal na kasulatan sa aming tahanan kasama ang aking asawa't pamilya, mas epektibo ako sa paglilingkod sa Simbahan.

Mahal ko ang mga banal na kasulatan. Pinatototohanan ko na ito ang salita ng Diyos. Nawa'y magturo tayo mula rito, tulad ng ginawa ng Tagapagligtas, sa ating tahanan at sa ating tungkulin, nang "ang bisa ng salita ng Diyos" ay magkaroon ng "malakas na bisa" sa ating mga tinuturuan (Alma 31:5). ■

**MGA TALA**

1. James E. Talmage, *Jesus the Christ,* ika-3 ed. (1916), 112.
2. Tingnan sa Thomas A. Wayment, "Jesus' Uses of the Psalms in Matthew," sa Frank F. Judd at Gaye Strathearn, mga patnugot, *Sperry Symposium Classics: The New Testament,* (2006), 137–49.



# Pagbabahagi ng Tinapay ng Kabuhayan

**Ni Carlos Roberto Fusco, ayon sa kuwento kay Maiby Márcia Bastos Fusco**

Mainit ang araw na iyon sa Foz do Iguaçu, Paraná, Brazil. Ilang oras akong naglakbay at pagod ako. Bilang lider sa Church Educational System, may mga bagay ako na dapat naming lutasin ng bishop, na kakausapin ko sa simbahan. Gayunman, hindi pa niya ako naharap nang ilang minuto pagdating ko.

Habang naghihintay ako, isang babae ang pumasok sa simbahan. Nilapitan niya ako at mapakumbabang humingi ng kaunting perang pambili ng tinapay. Ipinaliwanag niya na nagugutom silang mag-asawa, at sa kabila ng pagkahiyang manghingi, wala na raw siyang ibang magagawa. "Para sa kaunting tinapay lang po," dagdag pa niya.

Naantig ako, at dumukot ako ng maliit na halaga sa aking bulsa. Inisip niyang sobra-sobra na iyon. Sabi ko sa kanya, "Bumili ka ng tinapay, gatas, at kaunting pang-ulam."

Nagpasalamat siya at sinabi na pinangakuan ng trabaho ang asawa niya sa susunod na Martes. Gusto niya akong bayaran pagkatanggap ng suweldo ng asawa niya.

Sabi ko hindi na kailangan. Nagpumilit siya.

Sabi ko, "Sa halip na bayaran mo ako, bumalik ka na lang sa kapilyang ito sa Linggo ng umaga. Kapag narito ka na, sabihin mo sa sinumang makita mo na gusto mong makipag-usap sa mga misyonero. OK?" Pumayag siya.


Umalis na ang babae. Natapos ko na ang dapat kong talakayin sa bishop at nagpatuloy ako sa pagbiyahe papuntang Paraná, para magtrabaho.

Maraming buwan ang lumipas, at nagkaroon na naman ako ng pagkakataong magpunta sa meetinghouse na iyon sa Foz do Iguaçu para sa kumperensya. Maganda ang koro at magandang umawit. Nang matapos ang kumperensya, lumapit sa akin ang isa sa mga miyembro ng koro. Iniabot niya ang kanyang kamay, nakangiti akong binati, at madamdaming sinabing, "Salamat, brother. Hindi lamang tinapay ang ibinigay mo sa akin para mapawi ang gutom naming mag-asawa, binigyan mo pa ako ng tinapay ng kabuhayan. Salamat."

Napakasaya ko nang matukoy ko na ang babaeng iyon ang minsang humingi sa akin ng kaunting halaga ilang buwan na ang nakararaan. Natanto ko na ang ebanghelyo ni Jesucristo—na nagpahayag sa Kanyang Sarili bilang Tinapay ng Kabuhayan—ay binabago ang buhay ng sinumang tumanggap nito.

MATAGUMPAY NA PAGPASOK, NI WALTER RANE © 2009, HINDI MAAARING KOPYAHIN; PAGLALARAWAN NI ROBERT A. MCKAY; PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND © IRI

# Ang Kasaysayang Nakapaloob sa Bagong Tipan



**Ni Thomas A. Wayment**
Associate Professor of Ancient Scripture, Brigham Young University

Bawat tomo ng sagradong banal na kasulatan ay may kakaibang kasaysayan at nagpapatotoo sa ebanghelyo ng kaligtasan sa sarili nitong paraan. Ang Bagong Tipan ay kinikilala bilang tomo ng mga banal na kasulatan na nagpepreserba sa mga salita ng mga taong personal na kilala si Jesus o sumunod sa Kanya matapos Siyang Mabuhay na Maguli—kaya naging mahalagang sanggunian ang Bagong Tipan para tulungan tayong mas mapalapit sa Tagapagligtas at matunghayan ang Kanyang mortal na ministeryo. Ang pagkaunawa sa kasaysayan ng Bagong Tipan, kung paano ito naipasa sa atin, at kung sino ang sumulat nito ay makadaragdag sa pagpapahalaga natin sa kakaibang aklat na ito ng mga banal na kasulatan at kapalit nito ay nagbibigay ito sa atin ng karagdagang espirituwal na lakas habang tayo, tulad ng mga sinaunang alagad ni Jesucristo, ay humaharap sa sarili nating mga pagsubok.

### Ano ang Bagong Tipan?

Makalipas ang maikling panahon pagkamatay ni Jesus, ang salitang "Bagong Tipan" ay hindi na tumukoy sa koleksyon ng mga aklat tungkol sa buhay at kamatayan ng Panginoon kundi mas tiyakang sa isang bagay na sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo sa gabi ng Huling Hapunan: "Ito ang aking dugo ng *[bagong] tipan,* na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan" (Mateo 26:28; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang mga salitang Griyego na isinalin bilang "bagong tipan" ay tunay na tumutukoy sa isang tipan, ang bagong tipan na ipinararating sa atin ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala. Ang mga nakatala sa Biblia at tinukoy bilang Bagong Tipan ay naglalarawan, nagdodokumento, at nagtuturo tungkol sa bagong tipan na iyon sa pagitan ng Panginoon at ng Kanyang mga tao.

Ang mga iningatang tala sa Bagong Tipan ay nakatuon sa iba't ibang aspeto ng ministeryo ng Tagapagligtas. Ang Bagong Tipan ay nagsisimula sa Mga Ebanghelyo, isang katagang ibig sabihin ay "mabuting balita," na tumutukoy sa buhay, ministeryo,

*Ang pagkaunawa sa mga pinagmulan ng kamangha-manghang aklat na ito ng mga banal na kasulatan ay makahihikayat sa ating pag-aaral.*

MGA PAGLALARAWAN NG © DOVER PUBLICATIONS


*Si Jesucristo at ang Kanyang mga Apostol sa Huling Hapunan.*

at banal na tungkuling ginampanan ni Jesucristo. Ang Bagong Tipan ay naglalaman din ng kasaysayan ng unang gawaing misyonero ng Simbahan (ang aklat ng Mga Gawa); mga sulat mula sa mga sinaunang lider, tulad nina Pedro at Pablo, na nagpapayo sa mga sinaunang Kristiyano (na tinawag ding mga Banal) na manatiling tapat sa pananampalataya; isang patotoo (Sa Mga Hebreo); at isang paghahayag (Apocalipsis) na nangangakong babalik ang Panginoon sa mga huling araw. Bawat manunulat ay may ibang pananaw na inilahad, at bawat isa ay sumulat na may partikular na mambabasa sa isipan sa halip na tangkaing punan ang mga nawawalang impormasyon sa kasaysayan. Sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo a.d., ang 27 aklat na nagtala sa bagong tipan



*Pinakikinggan ng sinaunang mga Banal ang isa sa mga sulat ni Pablo.*

ng Panginoon ay pinagsama-sama at inayos tulad ng makikita ngayon.

### Paano Naipasa sa Atin ang Bagong Tipan?

Mula sa mas malaking grupo ng mga disipulo, tumawag si Jesus ng 12 kalalakihan bilang mga Apostol. Sumunod sa Kanya ang kalalakihang iyon sa buong ministeryo Niya, naghirap na kasama Niya, at nagtamasa rin ng mga tagumpay at espirituwal na karanasan. Pagkamatay ni Jesus, sinimulang itala ng mga Apostol, at ng iba pang matatapat na alagad, ang kanilang mga karanasan. Dalawang kaganapan ang maaaring nagpaalab sa hangarin nilang ingatan ang kanilang mga talaan tungkol sa buhay ni Jesus: una, ang Jerusalem at ang templo ay napasakamay ng hukbong Romano noong a.d. 70. Ikalawa, laganap na ang mga puwersa ng apostasiya (tingnan sa Mga Gawa 20:29–30). Samakatwid, marami sa mga isinulat sa Bagong Tipan ang itinala upang tulungan ang matatapat na makatahak sa kanilang landas sa kabila ng mga kasawian at pagtatalu-talo sa kanilang panahon.

Sa pagbabalik-tanaw sa kanilang mga karanasan, malalaman natin kung paano nila hinarap ang mga kaguluhan at paano sila pinatatag ng mabuting balita ng ebanghelyo sa pakikibaka sa mga puwersa ng apostasiya.

Sa nalalapit na pagtatapos ng unang siglo, lahat ng naisulat na nakapreserba ngayon sa Bagong Tipan ay natapos na at malawakang napalaganap sa mga sangay ng Simbahan. Ang mga eskriba ay gumawa ng kopya ng mga teksto sa papyrus at kalaunan ay sa materyal na gawa sa balat ng hayop, ngunit kakaunti lang ang makukuhang kopya nito. Tinipon ng mga miyembro ng Simbahan ang mga aklat na nasa kanila at

*Marami sa mga isinulat sa Bagong Tipan ang itinala upang tulungan ang matatapat na makatahak sa kanilang landas sa kabila ng mga kapighatian at pagtatalu-talo sa kanilang panahon.*

binasa at pinag-aralan ang mga salita ng Panginoon at ng mga Apostol. Ang isang matinding hadlang sa pagpapalaganap ng mga banal na kasulatan ay ang pang-uusig sa mga Kristiyano ng emperador ng Roma na si Diocletian noong a.d. 303. Ipinasunog niya ang mga banal na kasulatan ng mga Kristiyano at puwersahang pinag-alay ng mga sakripisyo ang mga Kristiyano sa mga diyus-diyusan ng mga pagano. Itinago ng maraming matatapat na tao ang mga sagradong teksto sa mga panahong iyon ng pang-uusig. Kalaunan, nang iutos ng unang Kristiyanong emperador na si Constantine ang paggawa ng mga bagong kopya ng mga banal na kasulatan, may nakuha pang mga aklat ang kanyang mga iskolar na ginamit sa mga sangay bago pa lumabas ang utos ni Diocletian. Ang ating makabagong limbag na mga edisyon ng Bagong Tipan ay nagmula sa mga kopya ng Biblia na ginawa sa panahon ni Constantine at samakatwid ay mula sa mga taong isinakripisyo ang kanilang kaligtasan para mapangalagaan ang bagong tipan ng Panginoon.

Di nagtagal matapos iutos ni Constantine na kopyahin at muling palaganapin ang Bagong Tipan, ang mga aklat na bumubuo sa ating Biblia sa kasalukuyan ay isinaayos ayon sa kaayusan nito ngayon. Ang kaayusang ito ay isinunod sa Lumang Tipan. Ang Bagong Tipan ay naglalaman ng Batas (mga Ebanghelyo), kasaysayan ng Kristiyanismo (Mga Gawa), at mga Propeta (Mga Taga Roma hanggang Apocalipsis). Ang Luma at Bagong Tipan ay kapwa nagtatapos sa pangakong magbabalik ang Panginoon (Malakias at Apocalipsis). Ang pagkakaayos ng mga gawang ito ng mga propeta ay nagbibigay-diin din sa inaasam na kaligtasan at paghahayag sa hinaharap.

## Sino ang Sumulat ng Bagong Tipan?

Bawat may-akda ng Bagong Tipan ay nagsulat nang may malinaw na pagkaunawa sa nakapagliligtas na misyon ni Jesucristo. Dalawa sa Mga Ebanghelyo ang isinulat ng mga Apostol: sina Mateo at Juan. Ang mga saksing apostol na ito ay nagbibigay ng patotoo ng isang saksi sa buhay ni Jesus. Dalawang alagad pa ng Panginoon ang nagsulat din ng Mga Ebanghelyo: sina Marcos at Lucas, na nagpatotoo sa kanilang nadama at nakita. Ang dalawang lalaking ito ay



*Sumusulat si Pablo ng isang liham mula sa bilangguan.*

nakasamang minsan ni Pablo (tingnan sa Mga Gawa 12:25; II Kay Timoteo 4:11) at bahagyang inilarawan ang kapakanan ng dumaraming mga Banal na nakatira sa labas ng Judea at hindi kailanman nakilala ang Panginoon noong nabubuhay Siya sa lupa. Sa halip, ang kanilang mga tala ay nagbibigay ng malinaw na patotoo tungkol sa Kanya na kanilang pinaniniwalaan.

Ang mga sulat ni Pablo ay malamang na pinakauna sa mga nasusulat sa Bagong Tipan, bagama't hindi ito isinulat lahat nang sabay-sabay. Ang kanyang patotoo ay nagmula sa kanyang karanasan bilang misyonero, mula sa ilang matitinding pangitain (tingnan sa Mga Gawa 9:1–6; II Mga Taga Corinto 12:1–7), at personal na pakikipag-ugnayan kay Pedro at sa iba pa (tingnan sa Mga Taga Galacia 1:18–19). Sumulat siya higit sa lahat upang ayusin ang pagtatalu-talo sa mga sangay, ngunit may ilang pagkakataon na sumulat siya sa kanyang mga kaibigan (kina Timoteo at Tito). Sa isang sulat hiniling ni Pablo na tanggapin ng amo ang pagbalik ng isang aliping tumakas na nakilala ni Pablo sa bilangguan (sulat kay Filemon). Karaniwan nang pinaniniwalaan na isinulat ni Pablo ang aklat na Sa Mga Hebreo, bagama't ang karaniwang panimula sa aklat na tumutukoy na siya ang may-akda noon ay wala roon. Gayunpaman, ang aklat ay nagpapatotoo kung



*Nangangaral si Pedro kay Cornelio at sa kanyang sambahayan.*


*Nangangaral at nagpapagaling sina Pedro at Juan.*

paano tayo buong tapang na makalalapit sa Panginoon sa pamamagitan ng pananampalataya. Kabilang sa Bagong Tipan at kasunod ng mga sulat ni Pablo, ang Sa Mga Hebreo ay isang pormal na pagtalakay tungkol sa pagkakaroon ng pananampalataya sa gitna ng paghihirap.

Ang maikling Sulat ni Santiago ay isinulat din nang mas una at may mga reperensya sa mga turo ni Jesus mula sa Sermon sa Bundok na binanggit at ipinarating nang hiwalay sa isinulat na Ebanghelyo ni Mateo (tingnan sa Santiago 1:13; 4:12; 5:12). Si Santiago, ang nakababatang kapatid ng Panginoon, ang malamang na may-akda ng sulat na ito. Nagkaroon siya ng pribilehiyong makilala at makita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:7) at may mahalagang papel sa maraming kaganapan sa kasaysayan ng Simbahan (tingnan sa Mga Gawa 15:13–29).

Ang Bagong Tipan ay naglalaman din ng dalawang sulat ni Apostol Pedro at tatlong sulat ni Apostol Juan. Kapwa nila hinikayat ang mga Kristiyano na maging tapat; lalo na si Pedro na nag-alala tungkol sa katapatan sa panahon ng pagsubok.

Ang aklat ni Judas ay isa sa mga pinakahuling isinulat sa Bagong Tipan. Tulad ng Santiago, ang aklat na ito ay malamang na isinulat din ng isa sa mga kapatid ng Panginoon ("Judas" sa Marcos 6:3). Sumulat si Judas sa pagtatangkang pigilan ang lumalaganap na apostasiya sa mga sangay.

Sa huli, ang Bagong Tipan ay nagtapos sa paghahayag ni Apostol Juan, na nagtala ng pangitain tungkol sa pagbabalik ng Panginoon sa kaluwalhatian para simulan ang Kanyang paghahari sa milenyo. Inilalarawan ng pangitaing iyan ang malinaw at detalyadong tunggalian sa pagitan ng mabuti at masama. Karamihan sa mga kabanata ay tumutukoy sa mga kaganapang mangyayari pa lamang kay Juan, kabilang na ang mga kaganapan sa mga huling araw—ang ating panahon.



## MGA SALAYSAY NG MGA SAKSI

"Gustung-gusto ko ang mga paglalakbay at himala at mga sulat ni Pablo bilang apostol sa Bagong Tipan. Higit sa lahat, gustung-gusto ko ang mga kuwento ng mga saksi sa mga salita at halimbawa at Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Gustung-gusto ko ang pananaw at kapayapaang nagmumula sa pagbabasa ng Biblia."

**Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Himala ng Banal na Biblia," *Liahona,* Mayo 2007, 81.**

### Para Kanino Isinulat ang Bagong Tipan?

Dahil ang Bagong Tipan ay tunay na isang bagong tipan sa pagitan ng Panginoon at ng mga sumasampalataya sa Kanya, ang mga aklat ay nilayon para sa mga naghahangad na makilala Siya, sa dispensasyon mang ito o sa mga nakaraan. Dati-rati, isinulat ng mga may-akda ng Bagong Tipan ang mga teksto na agarang magagamit sa mga sangay ng Simbahan sa kanilang panahon, sa pagkaunawang itinatala nila ang pinakamahahalagang kaganapan sa kasaysayan ng sangkatauhan. Halimbawa, itinuring ni Juan na patotoo ang kanyang mga isinulat: "Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kanyang pangalan" (Juan 20:31). Ang iba pa, tulad ni Lucas, ay sumulat upang idokumento ang kasaysayan:

"Yamang marami ang nagpilit mag-ayos ng isang kasaysayan noong mga bagay na naganap sa gitna natin,

"Alinsunod sa ipinatalos sa atin nilang buhat sa pasimula ay mga saksing nangakakakita at mga ministro ng salita,

"Ay minagaling ko naman, pagkasiyasat na lubos ng pangyayari ng lahat ng mga bagay mula nang una, na isulat sa iyong sunodsunod" (Lucas 1:1–3).

Magkakaiba ang pinagmulan ng mga sinaunang Kristiyano, ang ilan ay mula sa mga pamilyang Judio, at ang iba naman ay lumaki sa tahanan ng mga Gentil, at ang iba pa ay malamang na kakaunti ang kaalaman sa relihiyon sa kanilang buhay bago nabinyagan. Sila, wika nga, ang larawan ng pagkakaiba-iba ng mga Banal ngayon. Samakatwid, ang kanilang mga pakikibaka ay maaaring magpakita sa atin ng matitinding aral kung paano daigin ang kasamaan at manatiling tapat sa kabila ng pagsubok at tukso. Ipinakita rin nila sa atin kung paano nagsikap ang mga sangay noong kakaunti pa sila at kung paano nagkaroon ng kaligtasan sa mga salita ng mga apostol at propeta.

**Isang Patotoo para sa Panahong Ito**

Ipinahahayag ng Bagong Tipan na sa panahon ng kawalang-katiyakan, kapag ayaw makinig ng ilan sa panawagan ng ebanghelyo, may kaligtasan sa mga yaong "nagsipanatiling matibay sa turo ng mga apostol at sa pagsasamasama, sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin" (Mga Gawa 2:42). Itinuturo sa atin ng iba pang mga halimbawa kung paano sinusubukan maging ang mabubuti (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:13) at kung paano naging simple ngayon ang sentro ng mensahe ng ebanghelyo na katulad noong nakalipas na 2,000 taon: "Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, dalawin ang mga ulila at mga babaing bao sa kanilang kapighatian, at pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan" (Santiago 1:27). Gaya ng Doktrina at mga Tipan, kung saan nagpatotoo si Propetang Joseph Smith "na siya ay buhay!" (D at T 76:22), gayon din ang patotoo sa Bagong Tipan na walang laman ang libingan noong umaga ng Pagkabuhay: "Siya'y wala rito; sapagka't siya'y nagbangon" (Mateo 28:6). ■

KANAN: PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

# MGA BATA


## Saan Ito Matatagpuan sa mga Banal na Kasulatan?


Nakalista sa ibaba ang walong kuwento mula sa mga banal na kasulatan. Hanapin kung saang banal na kasulatan nanggaling ang bawat kuwento. Kung hindi ka sigurado, hanapin ang paksa sa kuwento sa indeks, Topical Guide, o Gabay sa mga Banal na Kasulatan.

- Nabali ni Nephi ang kanyang busog. (1)
- Binuo ni Noe ang arka. (2)
- Ibinigay ang Word of Wisdom. (3)
- Iniligtas ni Esther and kanyang mga tao. (4)
- Umuwi ang alibughang anak. (5)
- Ginawa ni Kapitan Moroni ang bandila ng kalayaan. (6)
- Itinuro ni Jesus ang Sermon sa Bundok. (7)
- Inilaan ang Kirtland Temple. (8)

Ngayon ay hanapin ninyo ang mga numero sa puzzle na tumutugma sa numerong nakapanaklong. Kulayan ang mga puwang na iyan ng kulay na nakalista sa ibaba para sa banal na kasulatang iyan.

Lumang Tipan=asul
Bagong Tipan=pula
Aklat ni Mormon=dilaw
Doktrina at mga Tipan=brown






*Ang artikulong ito ay sinipi mula sa isang mensaheng ibinigay sa faculty at mga estudyante ng Harvard Law School noong Pebrero 26, 2010.*

Alam naming mga Banal sa mga Huling Araw na ang aming mga doktrina at pinahahalagahan ay hindi ganap na nauunawaan ng mga hindi kasapi sa aming relihiyon. Nakita ito ito sa pambansang pag-aaral ni Gary C. Lawrence na inilathala sa pinakabago niyang aklat na, *How Americans View Mormonism*. Tatlong-kapat ng mga tinanong ang nag-ugnay sa aming Simbahan sa matataas na pamantayan, ngunit mga kalahati ang nag-akala na kami ay malihim at mahiwaga at may "kakatuwang mga paniniwala."[1] Nang hilingang pumili ng iba't ibang salita na inaakala nilang naglalarawan sa lahat ng Banal sa mga Huling Araw, 87 porsiyento ang nag-tsek sa "matibay na pagpapahalaga sa pamilya," 78 porsiyento ang nag-tsek sa "tapat," at 45 porsiyento ang nag-tsek sa "pikit-matang sumusunod."[2]

Nang tanungin ng mga nag-iinterbyu si Lawrence, "Sa pagkaunawa mo, ano ang pangunahing pinaniniwalaan

# MAHALAGA SA ATING RELIHIYON

**Ni Elder Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol




ng Mormonismo?" 14 na porsiyento lamang ang nakapaglarawan ng anumang malapit sa ideya ng panunumbalik o muling pagkakatatag ng orihinal na relihiyong Kristiyano. Gayundin, nang tanungin sa isa pang pambansang survey ang mga tao kung anong salita ang pinakamainam na naglalarawan ng pakiramdam nila sa relihiyong Mormon, walang isa mang nagsabi ng mga salita o ideya ng orihinal o ipinanumbalik na Kristiyanismo.[3]

Nabawasan lamang nang bahagya ang kalungkutan ko sa mga natuklasang ito dahil sa iba pang mga natuklasan at naobserbahan ni Lawrence na sa paksang relihiyon

PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND © IRI; DETALYE MULA SA *SI CRISTO KASAMA ANG BATANG LALAKI*, NI CARL HEINRICH BLOCH, HINDI MAAARING KOPYAHIN

*Bilang Apostol tinawag akong maging saksi ng doktrina, gawain, at awtoridad ni Cristo sa buong mundo. Sa tungkuling iyan sumasaksi ako sa katotohanan ng mga pundasyong ito ng aming relihiyon.*



karaniwan ay "lubhang relihiyoso" ang mga Amerikano ngunit "walang alam." Halimbawa, 68 porsiyento ang nagsabi na nananalangin sila nang ilang beses sa isang linggo, at 44 na porsiyento ang nagsabi na halos linggu-linggo silang nagsisimba. Kasabay nito, kalahati lamang ang nakabanggit ng kahit isa sa apat na Ebanghelyo, karamihan ay hindi mabanggit ang unang aklat ng Biblia, at 10 porsiyento ang nag-aakala na si Joan of Arc ang asawa ni Noe.[4]

Maraming bagay na nag-aambag sa kawalan ng kaalaman tungkol sa relihiyon, ngunit tiyak na isa sa mga ito ang karaniwang pagkapoot o pagbabalewala sa relihiyon ng mga kolehiyo at unibersidad. May iilan lamang na eksepsyon, ang mga kolehiyo at unibersidad ay nawalan ng pagpapahalaga at walang pinapanigan pagdating sa relihiyon. Hindi pinahahalagahan at binabalewala ang mga estudyante at iba pang mga relihiyosong taong naniniwala na tunay na may buhay na Diyos at mga batas ng moralidad.

Tila hindi na maaasahan pa ang mga kolehiyo at unibersidad na muling ituro ang pagpapahalaga sa moralidad. Mananatili iyang responsibilidad ng mga tahanan, simbahan, at kolehiyo at unibersidad na pag-aari ng mga simbahan. Dapat asamin ng lahat na magtagumpay sa mahalagang gawaing ito. Maaaring magkunwari ang akademya na wala silang pinapanigan kung ano ang tama at mali, ngunit hindi mabubuhay ang lipunan nang walang pinapanigan.

Nakapili ako ng tatlong pumpon ng mga katotohanang ipapahayag bilang mga pangunahing tuntunin ng pananampalataya ng mga Banal sa mga Huling Araw:

1. Ang likas na katangian ng Diyos, pati na ang papel ng tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos at ang kaakibat na katotohanan na may mga batas ng moralidad.
2. Ang layunin ng buhay.
3. Ang tatlong pinagmumulan ng katotohanan tungkol sa tao at sansinukob: siyensya, mga banal na kasulatan, at patuloy na paghahayag—at kung paano natin malalaman ang mga ito.

## 1. Ang Likas na Katangian ng Diyos

Ang una kong pangunahing tuntunin ng aming pananampalataya ay na totoong may Diyos at gayon din ang mga walang hanggang katotohanan at pinahahalagahan na hindi kayang patunayan ng kasalukuyang mga pamamaraan ng siyensya. Walang dudang magkakaugnay ang mga ideyang ito. Gaya ng mga ibang naniniwala, ipinapahayag namin na may pinakamataas na mambabatas, ang ating Diyos Amang Walang Hanggan, at may mga batas ng moralidad. Hindi kami umaayon sa kanya-kanyang paniniwala tungkol sa moralidad na nagiging di-opisyal na doktrina ng karamihan sa makabagong kultura.

Para sa amin ang katotohanan tungkol sa likas na katangian ng Diyos at sa ating kaugnayan sa Kanya ang siyang susi sa lahat ng iba pa. Ang mahalaga, ang aming paniniwala sa likas na katangian ng Diyos ang siyang nagpapaiba sa amin sa mga kinikilalang doktrina ng karamihan ng mga simbahang Kristiyano. Nagsisimula ang aming Mga Saligan ng Pananampalataya nang ganito: "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo, at sa Espiritu Santo" (talata 1).

Naniniwala kami sa Panguluhang Diyos tulad ng iba pang mga Kristiyano, ngunit para sa amin iba ang kahulugan nito kaysa karamihan. Naniniwala kami na ang tatlong miyembrong ito ng Panguluhang Diyos ay tatlong magkakahiwalay at magkakaibang nilalang at ang Diyos Ama ay hindi isang espiritu kundi isang niluwalhating Nilalang na may katawan, tulad ng Kanyang nabuhay na mag-uling Anak na si Jesucristo. Kahit magkakahiwalay sa katauhan, iisa ang Kanilang layunin. Naniniwala kami na tinukoy ni Jesus ang kaugnayang ito nang ipagdasal Niya sa Kanyang Ama na "maging isa" ang Kanyang mga disipulo maging tulad ni Jesus at ng Kanyang Ama (Juan 17:11)—nagkakaisa sa layunin ngunit hindi sa katauhan. Mahalaga sa amin ang aming kakaibang paniniwala na "ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din; subalit ang Espiritu Santo ay walang katawang may laman at mga buto, kundi isang personaheng Espiritu" (D at T 130:22).

*1 Naniniwala kami na ang tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos ay tatlong magkakahiwalay at magkakaibang nilalang at na ang Diyos Ama ay hindi isang espiritu kundi isang niluwalhating Nilalang na may katawan, tulad ng Kanyang nabuhay na mag-uling Anak na si Jesucristo. Kahit magkakahiwalay sa katauhan, iisa ang Kanilang layunin.*



ANG UNANG PANGITAIN, NI GARY L. KAPP, HINDI MAARING KOPYAHIN

Ngunit, tulad ng makikita sa mga interbyu ni Gary Lawrence, hindi pa namin epektibong naipararating sa iba ang paniniwalang ito.[5]

Ang paniniwala namin sa likas na katangian ng Diyos ay nagmumula sa tinatawag naming Unang Pangitain, na nagpasimula sa Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Si Joseph Smith, isang hindi nakapag-aral na batang lalaking 14 anyos na naghangad malaman kung aling simbahan ang dapat niyang sapian, ay nagkaroon ng pangitain kung saan nakita niya ang "dalawang Katauhan" na hindi mailarawan "ang liwanag at kaluwalhatian." Itinuro ng Isa sa Kanila ang katabi at sinabi, "Ito ang Aking Pinakamamahal na anak. Pakinggan Siya!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Sinabi ng Diyos Anak sa batang propeta na lahat ng "doktrina" ng mga simbahan sa panahong iyon ay "karumal-dumal sa kanyang paningin" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19). Ang banal na pahayag na ito ay isinumpa ang mga doktrina, hindi ang mga tapat na naghahangad na naniwala rito.

Nakita sa Unang Pangitain ni Joseph Smith na ang mga umiiral na konsepto noon ng likas na katangian ng Diyos at ng Panguluhang Diyos ay hindi totoo at hindi maaakay ang mga nananalig dito sa tadhanang hangad ng Diyos para sa kanila. Inihayag ng sumunod na pagbuhos ng makabagong banal na kasulatan ang kahalagahan ng pangunahing katotohanang ito at nagbigay sa amin ng Aklat ni Mormon. Ang bagong aklat na ito ng banal na kasulatan ang pangalawang saksi ni Jesucristo. Pinagtitibay nito ang mga propesiya at turo sa biblia tungkol sa likas na katangian at misyon ni Cristo. Pinalalawak nito ang aming pag-unawa sa Kanyang ebanghelyo at mga turo nang magministeryo Siya sa lupa. Naglalaan din ito ng maraming turo at paglalarawan ng mga paghahayag na nagpapaalam sa amin ng katotohanan ng mga bagay na ito.

Ipinaliliwanag ng mga turong ito ang aming patotoo kay Cristo. Hindi kami nakasalig sa karunungan ng mundo o sa mga pilosopiya ng tao—kahit ang mga ito ay nakaugalian na o iginagalang. Ang patotoo namin kay Jesucristo ay nakabatay sa mga paghahayag ng Diyos sa Kanyang mga propeta at sa bawat isa sa amin.

Ano ang pinatitibayan namin sa aming patotoo kay Jesucristo? Si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Diyos Amang Walang Hanggan. Siya ang Lumikha. Sa pamamagitan ng Kanyang walang-katulad na ministeryo sa lupa, Siya ang ating guro. Dahil sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, lahat ng nabuhay ay ibabangon mula sa mga patay. Siya ang Tagapagligtas, kung kaninong nagbabayad-salang sakripisyo ay nagbubukas ng pintuan para tayo mapatawad sa ating mga kasalanan para malinis tayo upang makabalik sa piling ng ating Diyos Amang Walang Hanggan. Ito ang buod ng mensahe ng mga propeta sa lahat ng panahon. Ipinahayag ni Joseph Smith ang dakilang katotohanang ito sa aming ikatlong saligan ng pananampalataya: "Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinatototohanan naming kasama ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Haring Benjamin "na walang ibang pangalang ibinigay, o anumang daan, o paraan kung saan ang kaligtasan ay mapapasa mga anak ng tao, tanging kay at sa pamamagitan lamang ng pangalan ni Cristo, ang Panginoong Makapangyarihan" (Mosias 3:17).

Bakit si Cristo ang tanging daan? Paano Niya mapuputol ang mga tanikala ng kamatayan? Paano Niya nagawang taglayin sa Kanyang Sarili ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan? Paano malilinis ang ating marumi at makasalanang buhay at mabubuhay na mag-uli ang ating katawan sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala? Ito ay mga hiwagang hindi ko lubos na maunawaan. Para sa akin, ang himala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay hindi kayang unawain, ngunit pinatotohanan sa akin ng Espiritu Santo ang katotohanan nito, at nagagalak akong gugulin ang aking buhay sa pagpapahayag nito.

### 2. Ang Layunin ng Buhay sa Lupa

Ang aking ikalawang pangunahing tuntunin ay tungkol sa layunin ng buhay sa lupa. Ayon ito sa aming pagunawa sa mga layunin ng Diyos Amang Walang Hanggan at sa ating tadhana bilang Kanyang mga anak. Ang aming doktrina ay nagsisimula sa katiyakan na tayo ay nabuhay bilang mga espiritu bago tayo naparito sa daigdig. Pinagtitibay nito na ang buhay na ito sa lupa ay may layunin. At itinuturo nito na ang aming pinakamatayog na adhikain ay maging katulad ng aming mga magulang sa langit, na magbibigay sa amin ng kapangyarihang ipagpatuloy ang aming mga kaugnayan sa pamilya sa buong kawalang-hanggan. Inilagay tayo sa lupa upang magkaroon ng katawang-tao at—sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Kanyang ebanghelyo—maging karapatdapat sa niluwalhating selestiyal na kalagayan at mga kaugnayan na tinatawag na kadakilaan o buhay na walang hanggan.

Angkop kaming kinikilala bilang isang Simbahang nakasentro sa pamilya, ngunit ang hindi lubos na nauunawaan ay na ang pagsentro namin sa pamilya ay hindi


lamang nakatuon sa mga kaugnayan sa lupa kundi isa ring pangunahing doktrina. Sa ilalim ng dakilang plano ng mapagmahal na Lumikha, ang misyon ng Kanyang Simbahan ay tulungan tayong magtamo ng kadakilaan sa kahariang selestiyal, at maisasakatuparan iyon sa pamamagitan lamang ng walang hanggang kasal sa pagitan isang lalaki at isang babae (tingnan sa D at T 131:1–3).

Walang kalituhan ang tapat kong inang balo tungkol sa likas na kawalang-hanggan ng kaugnayan ng pamilya. Lagi niyang iginalang ang katayuan ng aming yumaong tapat na ama. Ipinadama niya ang presensya ng aming ama sa aming tahanan. Binanggit niya ang kawalang-hanggan ng kanilang kasal sa templo at ang aming tadhanang magkasama-sama sa kabilang buhay bilang isang pamilya. Madalas niyang ipaalala sa amin na gusto ng aming ama na maging karapat-dapat kami sa pangako ng Tagapagligtas para magkasama-sama kami bilang isang pamilya magpakailanman. Hindi niya itinuring ang kanyang sarili na isang balo, at hindi ko naisip kahit kailan na gayon nga siya. Para sa akin, noong binatilyo ako, hindi siya isang balo. Mayroon siyang asawa, at mayroon kaming ama. Nalayo lang siya sandali.

Pinagtitibay namin na ang kasal ay mahalaga sa katuparan ng plano ng Diyos na maglaan ng aprubadong lugar para sa pagsilang ng tao at ihanda ang mga miyembro ng pamilya para sa buhay na walang hanggan. Ang pagkaalam sa plano ng Diyos ay nagbibigay sa mga Banal sa mga Huling Araw ng kakaibang pananaw sa kasal at mga anak. Itinuturing namin ang pagdadalantao at pag-aaruga sa mga anak bilang bahagi ng plano ng Diyos at isang sagradong tungkulin ng mga yaong binigyan ng kapangyarihan na gawin ito. Naniniwala kami na ang pinakamahalagang kayamanan sa lupa at langit ay ang aming mga anak at inapo. At naniniwala kami na dapat nating ipaglaban ang uri ng pamilya sa mundo na naglalaan ng pinakamainam na mga kundisyon para umunlad at lumigaya ang mga anak—lahat ng anak.

Ang kapangyarihang lumikha ng mortal na buhay ang pinakadakilang kapangyarihang bigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang paggamit nitong

**2** *Pinagtitibay ng aming doktrina na ang buhay na ito sa lupa ay may layunin. At itinuturo nito na ang aming pinakamatayog na adhikain ay maging katulad ng aming mga magulang sa langit, na magbibigay sa amin ng kapangyarihang ipagpatuloy ang aming mga kaugnayan sa pamilya sa buong kawalang-hanggan.*



PAGLALARAWAN NI LAURENI FOCHETTO

kapangyarihang lumikha ay iniutos sa unang kautusang "magpalaanakin, at magpakarami" (Genesis 1:28). Ipinagbawal sa isa pang mahalagang utos ang maling paggamit nito: "Huwag kang mangangalunya" (Exodo 20:14), at "kayo'y magsiilag sa pakikiapid" (I Mga Taga Tesalonica 4:3). Ang pagtutuon namin sa batas na ito ng kalinisangpuri ay ipinaliwanag ng aming pag-unawa sa layunin ng ating kapangyarihang magkaanak sa katuparan ng plano ng Diyos.

Maraming namimilit sa pulitika, batas, at lipunan na gumawa ng mga pagbabagong lumilito sa kasarian, nagbabalewala sa kahalagahan ng kasal o binabago ang kahulugan nito, o pinalalabo ang mga pagkakaiba ng lalaki sa babae na mahalaga sa katuparan ng dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos. Ang aming walang hanggang pananaw ay inihahanda kami laban sa mga pagbabagong iyon.

Sa huli, kabilang sa aming pag-unawa sa layunin ng buhay sa lupa ang ilang kakaibang doktrina tungkol sa kasunod ng mortalidad. Gaya ng iba pang mga Kristiyano, naniniwala kami na kapag nilisan natin ang buhay na ito, napupunta tayo sa langit (paraiso) o sa impiyerno. Ngunit sa amin ang dalawang-bahaging dibisyong ito ng mabubuti at masasama ay pansamantala lamang habang hinihintay ng espiritu ng mga patay ang kanilang pagkabuhay na mag-uli at Huling Paghuhukom sa kanila (tingnan sa Alma 40:11–14). Ang mga patutunguhang kasunod ng Huling Paghuhukom ay higit na magkakaiba, at nagsisilbing katibayan ng laki ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak—sa kanilang lahat.

Kaylaki ng pag-ibig ng Diyos kaya Niya pinasusunod ang Kanyang mga anak sa Kanyang mga batas dahil sa pamamagitan lamang ng pagsunod na iyon sila makakasulong tungo sa walang hanggang tadhanang hangad Niya para sa kanila. Sa gayon, sa Huling Paghuhukom lahat tayo ay itatalaga sa kaharian ng kaluwalhatiang katumbas ng ating pagsunod sa Kanyang batas. Sa kanyang ikalawang sulat sa mga taga Corinto, nagkuwento si Apostol Pablo tungkol sa pangitain ng isang lalaking "inagaw hanggang sa ikatlong langit" (II Mga Taga Corinto 12:2). Patungkol sa pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, inilarawan niya ang "mga katawan" na iba't iba ang kaluwalhatian, gaya ng iba't ibang kaluwalhatian ng araw, buwan, at mga bituin. Tinukoy niya ang unang dalawa sa mga ito bilang "mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa" (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42). Para sa amin, ang buhay na walang hanggan sa kaluwalhatiang selestiyal, na siyang pinakamataas, ay hindi isang pakikipag-isang may kababalaghan sa isang espiritung diyos na di mawari ng isipan. Bagkus, ang buhay na walang hanggan ay buhay-pamilya sa piling ng isang mapagmahal na Ama sa Langit at ng ating mga ninuno at inapo.

Ang doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay nauunawaan, panlahatan, may awa, at totoo. Kasunod ng mahalagang karanasang mabuhay sa lupa, lahat ng anak ng Diyos sa huli ay mabubuhay na mag-uli at mapupunta sa isang kaharian ng kaluwalhatiang mas maganda kaysa mauunawaan ng sinumang tao. Maliban sa iilang eksepsyon, maging ang pinakamasasama sa huli ay mapupunta sa isang kagila-gilalas—bagama't mas mababang—kaharian ng kaluwalhatian. Lahat ng ito ay mangyayari dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos sa lahat ng Kanyang anak, at ginawang posible ito ng Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, "na siyang lumuluwalhati sa Ama, at inililigtas ang lahat ng gawa ng kanyang mga kamay" (D at T 76:43).

**3. Mga Pinagmumulan ng Katotohanan**

Malaki ang pagnanais ng mga Banal sa mga Huling Araw na magkaroon ng kaalaman. Pinakamainam ang pagkasabi rito ni Brigham Young (1801–77): "Ang [ating] relihiyon . . . ay nag-uudyok sa [atin] upang masusing maghanap ng kaalaman. Wala nang iba pang taong nabubuhay ang higit na nananabik na makita, marinig, matutuhan at maunawaan ang katotohanan."[6]

Sa isa pang pagkakataon ipinaliwanag niya na hinihikayat namin ang aming mga miyembro "[na dagdagan] ang [kanilang] kaalaman . . . sa bawat sangay ng [pag-aaral], sapagkat ang lahat ng karunungan, at ang lahat ng sining at agham sa daigdig ay mula sa Diyos, at pinanukala para sa ikabubuti ng kanyang mga tao."[7]

Naghahangad kami ng kaalaman, ngunit ginagawa namin ito sa espesyal na paraan dahil naniniwala kami na may dalawang sukat ng kaalaman: materyal at espirituwal. Naghahangad kami ng kaalaman sa materyal na panukat sa pagtatanong sa siyensya at sa espirituwal na panukat sa pamamagitan ng paghahayag. Ang paghahayag ay pakikipag-ugnayan ng Diyos sa tao—sa mga propeta at sa bawat isa sa atin kung hahangarin natin ito.

Ang paghahayag ay maliwanag na isa sa mga katangiang natatangi sa aming relihiyon. Ginabayan at pinasigla si Propetang Joseph Smith ng patuloy na daloy ng paghahayag sa buong buhay niya. Isinulong ng napakaraming nakalathalang paghahayag sa kanya, pati na ang Aklat ni Mormon at Doktrina at mga Tipan, ang kakaiba niyang katungkulan bilang Propeta ng huling dispensasyong ito ng panahon. Sa *paghahayag na ito ng propesiya*—kay Joseph Smith at sa mga kahalili niya bilang mga Pangulo ng Simbahan—naihayag ng Diyos ang mga katotohanan at

kautusan sa Kanyang mga pinunong propeta para maliwanagan ang Kanyang mga tao at para sa pamamahala at patnubay ng Kanyang Simbahan.

Ito ang uri ng paghahayag na inilarawan sa turo sa Lumang Tipan na "ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta" (Amos 3:7). Ipinahayag ni Joseph Smith, "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isinalig sa tuwirang paghahayag, katulad ng tunay na Simbahan ng Diyos noon pa man."[8] Itinanong niya, "Alisin ninyo ang Aklat ni Mormon at ang mga paghahayag, at nasaan ang ating relihiyon?" Sagot niya, "Wala."[9]

Itinuro din ni Joseph Smith na dahil hindi tumigil ang paghahayag sa naunang mga Apostol kundi nagpapatuloy sa makabagong panahong ito, bawat tao ay makatatanggap ng *personal na paghahayag* para sa kanyang sariling pagbabalik-loob, pag-unawa, at pagdedesisyon. "Pribilehiyo ng mga anak ng Diyos na lumapit sa Diyos at makatanggap ng paghahayag," wika niya. "Walang kinikilingan ang Diyos; parepareho ang pribilehiyo nating lahat."[10]

Ipinaliliwanag ng Lumang Tipan ang gayong personal na paghahayag. Halimbawa, nang pagtibayin ni Pedro ang kanyang paniniwala na si Jesus ay banal na Anak ng Diyos, ipinahayag ng Tagapagligtas, "Hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa Langit" (Mateo 16:17).

Ang personal na paghahayag—na tinatawag kung minsan na "inspirasyon"—ay dumarating sa maraming anyo. Karaniwan ay sa mga salita o ideyang ipinararating sa isipan sa pamamagitan ng dagling kaliwanagan o sa positibo o negatibong damdamin tungkol sa ipinanukalang mga gagawin. Kadalasan ay dumarating ito bilang tugon sa taimtim at mapanalanging paghiling. Itinuro ni Jesus, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan" (Mateo 7:7). Ang paghahayag ay dumarating kapag sumusunod tayo sa mga utos ng Diyos at sa gayon ay nagiging karapat-dapat tayo sa pagsama at pakikipag-ugnayan ng Banal na Espiritu.

*3 Naghahangad kami ng kaalaman sa materyal na panukat sa pagtatanong sa siyensya at sa espirituwal na panukat sa pamamagitan ng paghahayag. Ang paghahayag ay komunikasyon ng Diyos sa tao—sa mga propeta at sa bawat isa sa atin kung hahangarin natin ito.*




PAGLALARAWAN NI RUTH SIPUS

Iniisip ng ilan kung paano tinatanggap ng mga miyembro ng Simbahan ang mga turo ng isang makabagong propeta para magabayan ang kanilang personal na buhay, isang bagay na hindi karaniwan sa mga tradisyong pangrelihiyon. Ang personal na paghahayag ding ito ang sagot namin sa bintang na sinusunod nang "pikit-mata" ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang mga lider. Iginagalang namin ang aming mga lider at naniniwala kami na sila ay namumuno sa Simbahan at nagtuturo ayon sa inspirasyon. Ngunit lahat kami ay may pribilehiyo at hinihikayat na patunayan ang kanilang mga turo sa mapanalanging paghiling at pagtanggap ng patunay na paghahayag mula mismo sa Diyos.

Naniniwala ang karamihan sa mga Kristiyano na sinarhan na ng Diyos ang aklat ng mga batas—ang pinagkakatiwalaang koleksyon ng mga sagradong aklat na ginamit bilang mga banal na kasulatan—ilang araw pagkamatay ni Cristo at wala pang paghahayag na naging katulad nito mula noon. Itinuro at ipinamalas ni Joseph Smith na ang aklat ng mga batas ay bukas.[11] Katunayan, ang aklat ng mga banal na kasulatan ay bukas sa dalawang paraan, at ang ideya ng patuloy na paghahayag ay mahalaga sa dalawang ito.

Una, itinuro ni Joseph Smith na gagabayan ng Diyos ang Kanyang mga anak sa pagbibigay ng mga bagong karagdagan sa aklat ng mga banal na kasulatan. Ang Aklat ni Mormon ay isa sa mga karagdagang ito. Gayon din ang mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan at Mahalagang Perlas. Ang patuloy na paghahayag ay mahalaga para malaman natin kung ano ang gusto ng Panginoon na maunawaan at gawin natin sa sarili nating panahon at mga sitwasyon.

Ikalawa, ang patuloy na paghahayag ay nagbubukas sa aklat ng mga batas habang ang mga mambabasa ng banal na kasulatan, sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo, ay nakatatagpo ng bagong kahulugan sa banal na kasulatan at ng patnubay sa personal nilang sitwasyon. Isinulat ni Apostol Pablo na "lahat ng mga banal na kasulatan [ay] kinasihan ng Dios" (II Kay Timoteo 3:16; tingnan din sa II Pedro 1:21) at "ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, [maliban kung sumakanya ang] Espiritu ng Dios" (I Mga Taga Corinto 2:11; tingnan sa talababa c mula sa Joseph Smith Translation). Ibig sabihin nito, para maunawaan ang banal na kasulatan, kailangan natin ng personal na inspirasyon mula sa Espiritu ng Panginoon upang maliwanagan ang ating isipan. Dahil dito, hinihikayat namin ang aming mga miyembro na pag-aralan ang mga banal na kasulatan at mapanalanging humiling ng inspirasyon na malaman ang kahulugan ng mga ito para sa kanilang sarili. Ang pinakamahalagang kaalaman ay dumarating sa personal na paghahayag sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Itinuro ni Jesus, "Sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila" (Mateo 7:20). Para sa akin, sa di-mabilang na iba pang mga nananalig, at sa maraming nakamasid, mabuti ang mga bunga—mabuti para sa mga miyembro, sa kanilang pamilya, sa kanilang komunidad, at sa kanilang bansa. Ang milyun-milyong dolyar na halaga ng mga suplay at serbisyo na tahimik at maayos na inilalaan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at mga miyembro nito sa pagtugon sa mga trahedyang tulad ng lindol sa Haiti noong Enero 2010 ay katibayan ng katotohanang iyon.

Bilang Apostol tinawag akong maging saksi ng doktrina, gawain, at awtoridad ni Cristo sa buong mundo. Sa tungkuling iyan sumasaksi ako sa katotohanan ng mga pundasyong ito ng aming pananampalataya. ■

*Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang www.lds.org/fundamental-premises-of-our-faith.*

### PAGBABAHAGI NG ARTIKULONG ITO

Ang sumusunod na mga ideya ay makakatulong para maibahagi ninyo ang artikulo ni Elder Oaks:

- Mapanalanging mag-isip ng isang kaibigang makikinabang sa pagbasa sa artikulong ito. Sa pagbisita ninyo sa kaibigang iyon, pag-isipang ibahagi sa simpleng mga kataga kung paano pinagpala ng ebanghelyo ang inyong buhay.
- Pag-isipang ibahagi ang artikulong ito sa pamamagitan ng internet. Bisitahin ang www.liahona.lds.org, hanapin ang artikulo sa isyu ng Enero, at mag-klik sa "Share." Sa mensaheng ipadadala ninyo na kasama ng artikulo, maikokomento ninyo kung paano nagkaroon ng kahulugan sa inyo ang mga pangunahing doktrinang ibinahagi ni Elder Oaks.

#### MGA TALA

1. Gary C. Lawrence, *How Americans View Mormonism* (2008), 32.
2. *How Americans View Mormonism,* 34.
3. Tingnan sa *How Americans View Mormonism,* 42.
4. Tingnan sa *How Americans View Mormonism,* 40.
5. Tingnan sa *How Americans View Mormonism,* 49.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 216.
7. *Mga Turo: Brigham Young,* 215–216.
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 227.
9. *Mga Turo: Joseph Smith,* 227.
10. *Mga Turo: Joseph Smith,* 153.
11. Tingnan sa *Mga Turo: Joseph Smith,* 242–48, 309–10.



**Ni Elaine S. Dalton**
Young Women
General President

# ANO ANG BAGO SA PANSARILING PAG-UNLAD?

Ngayon ang panahon upang maghanda para sa napakagandang hinaharap na naghihintay sa inyo. Ang Pansariling Pag-unlad ay tutulungan kayong maghanda at maunawaan ang inyong pagkatao bilang anak na babae ng Diyos.

Ang Pansariling Pag-unlad ay hindi isang programang hiwalay sa inyong buhay. Matutulungan kayo nitong mas lumapit sa Tagapagligtas, maglingkod sa iba, matuto ng mga kasanayan sa pamumuno, makipag-ugnayan, at maghanda para sa mga tipan sa templo. Matutulungan kayo ng Pansariling Pag-unlad na magkaroon ng mabubuting gawi. Kapag palagi ninyong ginagawa ang maliliit na bagay, nagiging bahagi ito ng inyong pagkatao at binabago kayo ng mga ito. Tunay na "sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).

Ang templo ang pabalat ng binagong buklet na Pansariling Pag-unlad. Ang templo ang dahilan ng lahat ng ginagawa natin sa programa ng Young Women. Umaasa kami na habang nakatingin kayo sa pabalat, maaalala ninyo na ang pakikilahok sa Pansariling Pag-unlad ay tumutulong sa inyo na maghanda sa paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo balang-araw.

Ang bagong Pansariling Pag-unlad ay kulay rosas! Ang mahinhing pambabaeng kulay na ito ay paalala na kayo ay anak ng ating Ama sa Langit na may kakaibang mga katangian, kaloob, at papel na ginagampanan ng babae.

Sa bagong buklet, ang ilan sa mga karanasan at proyekto sa pinahahalagahan ay nagbago nang bahagya upang maging mas napapanahon at mas nakatuon sa mga tipan sa templo na gagawin at tutuparin ninyo balang-araw. Narito ngayon ang ilang sagot sa inyong mga tanong.

**Paano ko sisimulan ang Pansariling Pag-unlad?** Madali lang magsimula! Simulan sa isa sa mga pinahahalagahan na nakakaaliw sa iyo. Hindi mo kailangang gawin nang sunud-sunod ang mga pinahahalagahan. Ang paggawa ng mga karanasang kinakailangan ay magpapaunawa sa iyo sa mga pinahahalagahan at kung bakit mahalaga ang mga ito sa buhay mo.

**Sino ang maaaring sumali?** Ang Pansariling pag-unlad ay para sa mga kabataang babae ng Simbahan, bagama't maaari ding sumali ang iba. Halimbawa, maaari mong ipasiyang mag-anyaya ng



**ANG SIMBOLO NG BEEHIVE** *ay pukyutan, na paalala ng pagkakasundo, kooperasyon, at paggawa.*



**ANG SIMBOLO NG MIA MAID** *ay rosas, na paalala ng pag-ibig, pananampalataya, at kadalisayan.*



**ANG SIMBOLO NG LAUREL** *ay korona ng laurel, na sagisag ng dangal at tagumpay.*

**KUWINTAS NA SULO**

*Pagpasok mo sa organisasyon ng Young Women, bibigyan ka ng mga lider mo ng kuwintas na sulo. Ang kuwintas na ito ay sagisag ng iyong katapatang manindigan sa katotohanan at kabutihan sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar. Ipapaalala rin sa iyo ng simbolo ng ningas na "bumangon at magliwanag, nang ang inyong liwanag ay maging isang sagisag sa mga bansa" (D at T 115:5). Isuot nang may pagmamalaki ang kuwintas na ito at alalahanin ang iyong tapat na pangako.*



RETRATO NI SISTER DALTON © BUSATH PHOTOGRAPHY; MGA DROWING NA GUHIT © DOVER PUBLICATIONS; USBONG NG ROSAS NI TRACI O'VERY COVEY; MGA LARAWANG KUHA NI ROBERT CASEY



**PAGKILALA SA PAGDADALAGA**

*Kapag nakumpleto mo ang Pansariling Pag-unlad, isusulat mo ang iyong patotoo sa iyong journal at iinterbyuhin ka ng bishop o branch president. Sa gayon ay karapat-dapat ka nang tumanggap ng iyong Pagkilala sa Pagdadalaga. Ang medalyon ay binago upang isama ang mga simbolo ng bawat edad gayundin ang templo. May maliit na rubi rin ito sa gitna ng rosas ng Mia Maid. Ang rubi ay simbolo na nakumpleto mo na ang iyong Pansariling Pag-unlad at ang bagong pinahahalagahang kabanalan. Ipapaalala sa iyo ng rubi na ang isang mabuting dalagita ay mahalaga at ang "kaniyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi" (Mga Kawikaan 31:10).*



**HONOR BEE**

*Matapos makamit ang iyong medalyon, maaari kang magpatuloy upang makamit ang Honor Bee sa pamamagitan ng muling pagbabasa ng Aklat ni Mormon at paggawa ng dagdag na paglilingkod, kabilang na ang pagtulong sa isa pang dalagita sa paggawa ng Pansariling Pag-unlad.*




**BUKLET NA PANSARILING PAG-UNLAD**

*Kapag nakumpleto mo ang mga karanasan at proyekto para sa isang pinahahalagahan, tatanggap ka ng kulay gintong sticker na ilalagay sa likuran ng iyong buklet na Pansariling Pag-unlad. Idagdag ang petsa ng pagkumpleto mo sa pinahahalagahang ito. Ang iyong buklet at journal ang magiging personal mong talaan ng lahat ng mabubuting bagay na nagagawa mo.*

mga kaibigang hindi miyembro ng Simbahan na gumawa ng Pansariling Pag-unlad kasama mo. Sa ilang pagkakataon, maipapasiya rin ng iyong ina na sumali kasama mo sa ilan sa mga karanasan at proyekto sa pinahahalagahan.

**Gaano kabilis ko ito dapat gawin?** Pagbukas mo ng aklat na Pansariling Pag-unlad, makikita mo ang ilang bagay na ginagawa mo na sa paaralan o tahanan. Purihin ang sarili sa mga bagay na ito at magplano nang maaga upang magawa mo ang mga ito nang may layunin. Magagawa mo ito sa sarili mong bilis. Kung ikaw ay 12 anyos at gumagawa ng isang karanasan bawat buwan at dalawang proyekto bawat taon, matatapos ninyo ito kapag Laurel ka na. At magkakaroon ka ng pagkakataong turuan ang iba pang mga dalagita na gumagawa ng kanilang Pansariling Pag-unlad. Kapag ginawa mo ito, maaari kang makatanggap ng Honor Bee, na simbolo ng karagdagang pagsisikap na paglingkuran ang iba.

**Magagawa Ko Ba ang Pansariling Pag-unlad sa Mutual?** Magagawa mo ang ilan sa iyong Pansariling Pag-unlad sa Mutual. Ang isang proyekto ay magagawa mong aktibidad sa Mutual. Maaari mo ring gawin ang Pansariling Pag-unlad sa klase mo sa Young Women habang natututo ka tungkol sa mga pinahahalagahan at nag-aaral ng mga banal na kasulatan.

**Anong mga pagkakataon sa pamumuno ang ibinibigay nito sa akin?** Habang naghahanda kang gawin ang isang 10-oras na proyekto, maaari kang magpatulong sa iba pang mga dalagita. Ang paggawa nito ay tutulong sa iyo na matuto ng mga kasanayan sa pamumuno para sa mga tungkulin mo sa hinaharap bilang asawa, ina, at maybahay. Tutulungan ka rin nitong matuto kung paano magorganisa, makipag-ugnayan, at tapusin ang isang mahirap na gawain.

**Bakit ako pinagsusulat ng journal?** Ang journal na ito ay magiging mahalagang talaan para sa iyo ng panahon mo sa organisasyon ng Young Women at ng mga pangakong iyong ginawa. Ang pagsulat sa iyong journal ay mag-aanyaya rin sa pagsama ng Espiritu Santo.

Ang mga pagpapala ng Pansariling Pag-unlad ay lagpas pa sa panahon mo sa Young Women. Mag-iibayo ang iyong pananampalataya at patotoo sa Tagapagligtas at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Magiging handa ka rin para sa iyong banal na misyon at mga gagampanan sa lupa. Matitikman mo ang tamis ng paglilingkod at kagalakan ng mabubuting gawa. Madarama mo ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo, na gagabay at magtuturo sa iyo. Magkakaroon ka ng huwaran ng pamumuhay na magpapala sa iyong buhay, ngayon at sa buong kawalang-hanggan. Ito ay huwaran ng pag-unlad at paggawa at pagtupad ng mga tipan sa templo. Nawa'y pagpalain kayo sa pagsisimula ninyo sa huwarang ito ng pag-unlad. Mahal namin kayo! Mahal kayo ng Panginoon! Kayo ay Kanyang minamahal na mga anak. ■



**MGA RIBBON PARA SA MGA BANAL NA KASULATAN**

*Kapag nakumpleto mo ang mga karanasan at proyekto para sa isang pinahahalagahan, tatanggap ka ng isang ribbon para markahan ang iyong paboritong talata ng mga banal na kasulatan tungkol sa mga pinahahalagahan. Ang mga ribbon ang kulay ng mga pinahahalagahan: puti para sa pananampalataya, ginto para sa kabanalan, at iba pa. Ibibigay sa iyo ng lider mo ang ribbon na ito sa isang miting ng Young Women.*






**MGA SERTIPIKO SA PAGSULONG**

*Sa pagsulong mo sa kasunod na grupo mula sa dati mong grupo, kikilalanin ka ng iyong bishop o branch president sa pamamagitan ng sertipiko ng pagkilala at pagtatapos. Ilagay ito sa espesyal na lugar upang maipaalala sa iyo ang mga bagay na natutuhan at nagawa mo noong ikaw ay nasa Beehive, Mia Maid, at Laurel.*

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Pansariling Pag-unlad, basahin ang pambungad sa buklet o bisitahin ang www.PersonalProgress.lds.org.*

PAGLALARAWAN NI JOHN LUKE © IRI

**Ni David L. Beck**
Young Men
General President



# Ang Aaronic Priesthood— Higit Pa sa Inaakala Ninyo

## ISANG MENSAHE TUNGKOL SA TUNGKULIN SA DIYOS

Apat na taon na ang nakalilipas dumalo ako sa burol ng kapatid kong si Gary. Isa sa mga nagsalita ang nagbigay ng malaking papuri sa aking kapatid. Hindi na nawala sa isip ko iyon mula noon. Sabi niya, "Si Gary ay isang lalaking tapat sa priesthood. . . . Naunawaan niya ang priesthood, iginalang ang priesthood, at lubusang niyakap ang priesthood at mga alituntunin nito."

Nang mamatay ang kapatid ko, high priest siya sa Melchizedek Priesthood, at 50 taon siyang galak na naglingkod sa priesthood. Si Gary ay isang mapagmahal na asawa at ama na marangal na naglingkod sa full-time mission, ikinasal sa templo, ginampanang mabuti ang kanyang mga tungkulin sa priesthood, at masigasig na naglingkod bilang home teacher.

Kayo ay mayhawak ng Aaronic Priesthood. Nagsisimula pa lamang ang paglilingkod ninyo sa priesthood. Baka nga wala pa kayong 50 araw na karanasan sa priesthood. Ngunit maaari din kayong maging karapat-dapat sa papuring natanggap ni Gary. Katunayan, *dapat* kayong maging karapat-dapat sa papuring iyon. Tinawag kayo ng Panginoon sa kagila-gilalas na gawain, at umaasa Siya na magiging lalaki kayong tapat sa priesthood.

### Ang Malaking Kahalagahan ng Aaronic Priesthood

Isipin na lamang ang kadakilaan ng Aaronic Priesthood na taglay ninyo:

- Isinugo ng Panginoon ang nabuhay na mag-uling si Juan Bautista upang ipanumbalik ang Aaronic Priesthood. Nang igawad ni Juan ang priesthood na ito kina Joseph Smith at Oliver Cowdery, tinawag niya sila na mga "kapwa tagapaglingkod" (D at T 13:1). Binigyang-diin ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na "hindi itinuring [ni Juan] na mas mataas ang kanyang kalagayan kaysa kina Joseph at Oliver. Itinuring niya silang kapantay niya nang tawagin niya silang 'aking kapwa tagapaglingkod.'" Sinabi pa ni Pangulong Hinckley na ang isang 12-taong-gulang na deacon ay maaari ding maging



PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND © IRI



*Sa paglakas ng inyong espirituwalidad at pagtulong sa iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng inyong paglilingkod sa priesthood, kayo ay tunay na isang lalaking tapat sa priesthood.*

kapwa tagapaglingkod ni Juan.[1]

- Hawak ng Aaronic Priesthood ang susi ng paglilingkod ng mga anghel (tingnan sa D at T 13:1). Sa matwid ninyong pamumuhay at masigasig na paglilingkod, matatanggap ninyo ang paglilingkod ng mga anghel na gagabay at magpapalakas sa inyo. Sa inyong pangangasiwa ng sacrament, matutulungan ninyo ang iba na matanggap din ang pagpapalang ito.[2]
- Ang Aaronic Priesthood ang "may hawak ng mga susi ng . . . ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan" (D at T 13:1). Magkasama ang pagsisisi at binyag sa pagbuo ng pasukang papasukin ng mga tao upang makapagsimula sa landas tungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:17–18). Sa pagkilos ayon sa patnubay ng inyong mga lider ng priesthood, matutulungan ninyo ang mga tao na mabuksan ang pasukang ito.
- Kasama sa Aaronic Priesthood ang karapatang pangasiwaan ang sacrament. Sa inyong paghahanda, pagbabasbas, o pagpapasa ng sacrament, kinakatawan ninyo si Jesucristo (tingnan sa 3 Nephi 18:1–12). Tinutulungan ninyo ang mga miyembro ng inyong pamilya at mga kaibigan na alalahanin Siya, sariwain ang kanilang mga tipan, at maging karapat-dapat sa pagsama ng Banal na Espiritu.

Kailangan sa gayong mga pagkakataon ang paggawa ng kalalakihan ng priesthood—mga lalaking malakas ang espirituwalidad at gumaganap sa kanilang mga tungkulin sa priesthood.

### Bagong Aklat na Tungkulin sa Diyos

Sa patnubay ng ating mga buhay na propeta, isang materyal ang inihanda upang tulungan kayong maging lalaking tapat sa priesthood. Bagama't bago ang materyal, pamilyar ang pangalan nito: Tungkulin sa Diyos.

Natutuwa ako sa bagong aklat na Tungkulin sa Diyos. Matutulungan kayo nitong sundin ang iniutos ng Panginoon na "matuto ng [inyong] tungkulin" at "kumilos sa katungkulang itinalaga sa [inyo], nang buong sigasig" (D at T 107:99).

Sa paggamit ng aklat bilang deacon, teacher, at priest, makasasali kayo sa mga aktibidad sa dalawang kategorya: espirituwal na lakas at mga tungkulin sa priesthood.

### Isang Huwaran ng Pagiging [Mas Mabuti]

Bawat aktibidad sa aklat na Tungkulin sa Diyos ay may sinusunod na huwarang tutulong sa inyo na maging lalaking mayhawak ng priesthood na nais ng Panginoon na kahinatnan ninyo: Una, *matuto* tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo o tungkulin sa priesthood. Pagkatapos *kumilos* kayo ayon sa inyong natutuhan. Sa huli, *ibahagi* ang inyong mga naiisip at nadarama tungkol sa inyong natutuhan at naranasan. Ang ilan sa mga aktibidad na ito ay personal. Ang iba ay maaaring iangkop para gamitin ng buong korum ninyo sa mga aralin sa araw ng Linggo o mga aktibidad sa buong linggo.

Sa pahina 39 ipinapakita ng sampol mula sa aklat kung paano ginagawa ang huwarang ito. Ang mga puna ay mula sa mga binatilyong nagkaroon na ng magagandang karanasan sa bagong aklat.

### Isang Lalaking Tapat sa Priesthood

Kapag naiisip ko ang katagang "lalaking tapat sa priesthood," naiisip ko talaga ang kapatid kong si Gary. Ngunit naiisip ko rin ang iba. Naiisip ko si Pangulong Thomas S. Monson, na nadama, noong deacon siya, na nakatuntong siya sa banal na lupa nang tulungan niya ang isang lalaking may kapansanan na makibahagi ng sacrament.[3] Naiisip ko si Juan Bautista, ang dakilang mayhawak ng Aaronic Priesthood na naghanda ng landas para sa mortal na ministeryo ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagtuturo, pagpapatotoo, at pangangasiwa sa sagradong ordenansa ng binyag. At naiisip ko kayo. Sa paglakas ng inyong espirituwalidad at pagtulong sa iba na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng inyong paglilingkod sa priesthood, kayo ay tunay na lalaking tapat sa priesthood. ■

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa Tungkulin sa Diyos, basahin ang pambungad sa buklet o bisitahin ang www.DutytoGod.lds.org.*

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "The Aaronic Priesthood—a Gift from God," *Ensign,* Mayo 1988, 45.
2. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "The Aaronic Priesthood and the Sacrament," *Liahona,* Ene. 1999, 44–45.
3. Tingnan sa Thomas S. Monson, "Gawin ang Inyong Tungkulin—Iyan ang Pinakamainam," *Liahona,* Nob. 2005, 56.

PAGLALARAWAN NI STEVE BUNDERSON © 2000; LARAWANG KUHA NI JOHN LUKE © IRI

**1. Matuto:** *Ang bahaging ito ng aktibidad ay gumagabay sa mga pagsisikap ninyong matuto tungkol sa isang alituntunin ng ebanghelyo o isang tungkulin sa priesthood. Kabilang dito ang tagubilin sa inyo na gumawa ng sarili ninyong plano batay sa inyong natutuhan.*

"Espirituwal kayong matututo" tungkol sa inyong mga tungkulin sa priesthood bago ninyo gawin ang mga ito.

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Estados Unidos**

"Nagustuhan ko ang ideyang mag-isip ng mga bagay na talagang makakatulong sa akin bilang isang indibiduwal."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Guatemala**

"Nagustuhan ko ang mga bahagi tungkol sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal, at ginawa ko ang mga bagay na ito at ginagawa ko pa rin ang mga ito. Naghahanda akong maglingkod sa misyon."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Pilipinas**

**2. Kumilos:** *Sa bahaging ito ng aktibidad, sinusunod ninyo ang inyong plano at isinusulat ang mga naiisip at nadarama ninyo tungkol sa inyong mga karanasan.*

"Bilang mga binatilyo sa branch, nagpasiya kaming magtakda ng mithiin na samasamang mag-jogging. Nagustuhan talaga naming planuhin ang pagsasama-samang ito at sikapin, bilang isang grupo, na maging mas malusog ang aming pangangatawan."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Guatemala**

"Ang aklat ay . . . parang diary o journal kung saan maaari kang . . . makapag-isip-isip. Magandang pagdaanan ang prosesong ito."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Estados Unidos**

"Hirap akong mag-iskedyul ng pag-aaral ko ng banal na kasulatan. . . . Ang mga mithiin kong basahin ang mga banal na kasulatan at manalangin ay nakatulong na maglaan ako ng oras at manatiling nakatuon ang pansin. Talagang nakagawa ito ng kaibhan sa akin, at nadama ko ang Espiritu nang gawin ko ito."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Pilipinas**

**3. Magbahagi:** *Matapos ninyong sundin ang inyong plano, may pagkakataon kayong ibahagi ang inyong mga naiisip at nadarama sa mga kapamilya, miyembro ng korum, at iba pa.*

"Kapag nagbabahagi ka, nais mong palagi itong banggitin sa iba dahil [ang pagbabahagi ay] nakatulong sa iyo na mas maunawaan ito."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Estados Unidos**

"Masaya ako't nakausap ko ang mga magulang ko."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Pilipinas**

"Sa mga miting namin sa korum gustung-gusto naming pag-usapan ang aming mga mithiin: ano ang ginagawa ng bawat isa sa amin at paano ito nakakatulong sa amin."

**Mayhawak ng Aaronic Priesthood sa Guatemala**



# MAGAGAWA KO BANG IWAN ANG AKING IMPO?

Nang mag-21 anyos ako, ginusto kong magmisyon. Sinuportahan ng aking impo, si Margarita Sippo de Lallana, ang desisyon ko kahit nangahulugan iyon na maiiwan siyang mag-isa. Pinalaki niya ako mula noong maliit pa ako, at nag-alala ako kung sino ang mag-aalaga sa kanya habang nasa misyon ako.

Nabinyagan kami noong 1978, noong 11 anyos ako at ang aking impo ay 73. Di naglaon ay tumigil kami sa pagsisimba, ngunit dumating ang nagmamalasakit na mga kapatid sa Simbahan para pabalikin kami.

Naging aktibo akong muli, at inasam ng mga miyembro ng ward ang ordenasyon ko. "Magkakaroon tayo ng deacon!" tuwang-tuwang sinasabi nila iyon. Noon ay walang maytaglay ng Aaronic Priesthood sa ward namin. Naging pangulo ako ng deacons quorum dahil wala nang ibang deacon. Inisip ko kung bakit nila ako binigyan ng gayong katungkulan, ngunit naunawaan ko na sinasanay ako noon ng mga lider ng ward sa mga responsibilidad ng priesthood. Dahil dito, sinikap kong maging tapat.

Gayunman, nanatiling hindi gaanong aktibo ang lola ko, na paminsan-minsan lang magsimba. Ngunit sinuportahan niya ang desisyon kong magmisyon dahil alam niya sa puso niya na totoo ang ebanghelyo .

Nang ipasa ko ang aking papeles para sa misyon noong 1990, karamihan sa mga full-time missionary mula sa Córdoba ay tinawag na maglingkod sa Argentina Buenos Aires North o South Missions. Tiyak ko na matatawag ako sa isa sa dalawang misyong iyon at hindi ako gaanong mapapalayo sa aking impo.

Kalaunan, nang tumawag ang stake president ko, sinabi niya sa akin na kailangan ko ng pasaporte dahil sa Colombia ang punta ko! Sa kabila ng aking mga pag-aalala, hinikayat ako ng aking impo na tumuloy. Bago ako umalis, nangako siya na magbabalik siya sa simbahan sa susunod na Linggo mismo at pupunta sa templo bago ako bumalik. Mahirap paniwalaan ito ngunit ginawa nitong mas madali para sa akin na iwan siya.

Habang nasa misyon ako, tinupad niya ang mismong ipinangako niya. Bagama't mahigit 80 anyos na, hindi lamang siya dumalo sa lahat ng miting niya kundi dumarating pa sa oras. At pinaghandaan niya ang at nagpunta siya sa Buenos Aires Argentina Temple.

Pagkaraan ng 12-oras, buong magdamag na pagsakay sa bus pauwi mula sa unang paglalakbay na iyon papunta sa templo, dumating ang aking impo sa aming ward meetinghouse nang alas-8:30 ng Linggo ng umaga, ilang minuto lamang bago nagsimula ang mga miting ng Simbahan. Sabi sa kanya ng aming stake president na si Rúben Spitale, "Ihahatid ko na kayo pauwi para makapahinga na kayo."

"Hindi," sagot niya. "Magsisimba ako." At nagsimba nga siya.

Pagbalik ko mula sa aking misyon, tatlong beses kaming nagkasamang dumalo sa templo bago siya pumanaw noong 2000. Dahil sa aking misyon, kapwa kami pinagpala. Kung nanatili ako sa bahay, tiyak kong hindi mapapasaamin ang anuman sa mga pagpapalang ito. ■

Hugo Fabián Lallana, Córdoba, Argentina



***Bago ako umalis papuntang misyon, nangako ang aking impo na di-gaanong aktibo na magbabalik siya sa simbahan sa susunod na Linggo mismo at pupunta sa templo bago ako bumalik.***

MGA PAGLALARAWAN NI GREGG THORKELSON

# NAKINIG KAMI SA ESPIRITU



*Wala kami talagang balak na magbalik para turuan siya nang gabing iyon, ngunit sa araw-araw naming pagdaan sa kanyang bahay pagkatapos niyon, nadama kong kailangan naming tumigil.*

Isang umaga nagpasiya kami ng kompanyon kong misyonero na magbahay-bahay sa isang maliit na komunidad sa destino namin sa katimugang Pilipinas. Habang abala kami sa pagkatok sa mga pinto, lumapit ang isang lalaki at nagtanong kung ano ang ginagawa namin. Halatang nakainom siya ng alak.

Sa pag-aakalang hindi naman siya talagang interesado sa aming mensahe, inabutan namin siya ng isang polyeto tungkol sa layunin ng buhay. At sinabi namin sa kanya na kung babasahin niya ang polyeto at hindi iinom ng alak sa gabing iyon, pupunta kami sa kanyang tahanan upang ipaliwanag ang layunin ng buhay. Tumango siya at sinabing hihintayin kami. Nagmadali na kaming magpunta sa nakatakda naming turuan.

Wala kami talagang balak na magbalik para turuan siya nang gabing iyon, ngunit sa araw-araw naming pagdaan sa kanyang bahay pagkatapos niyon, nadama kong kailangan naming tumigil. Gayunman, agad kong binabalewala ang damdaming iyon, at pinangangatwiranan ko ang desisyon ko sa pagsasabi sa aking sarili na lasing na lasing siguro siya para makinig.

Makalipas ang ilang araw lalong tumindi ang damdaming iyon at hindi ko na ito mabalewala. Nang kumatok kami sa kanyang pinto, sinalubong kami ng isang gulat na babae na nagtanong kung bakit hindi kami nagbalik kaagad, tulad ng pangako namin. Sabi niya hinintay kami ng kanyang asawa nang gabing iyon at sa unang pagkakataon sa buhay nilang mag-asawa, hindi uminom ang lalaki.

Napahiya kami at ilang beses na humingi ng paumanhin. Nagtakda kami ng oras na babalik sa gabing iyon para turuan silang mag-asawa. Hindi nagtagal pinagsisihan ni Brother Gumabay (binago ang pangalan) ang lahat ng kanyang mga makamundong bisyo, nabinyagan siya, at naging matibay na haligi sa komunidad na iyon.

Ilang araw matapos siyang mabinyagan, nalipat ako ng lugar at nawalan na ng ugnayan sa pamilya. Ang tanging nagawa ko ay umasa at ipagdasal na manatili silang aktibo sa Simbahan.

Kalaunan napag-alaman ko na ang maliit na komunidad kung saan nakatira noon ang pamilya Gumabay ay nagkaroon na ng isang branch at pagkatapos ay isang ward. Si Brother Gumabay ang tinawag na maging bishop ng ward na iyon. Napag-alaman ko rin na karamihan sa kanyang mga kamag-anak ay sumapi na sa Simbahan.

Nang dumalaw ako kalaunan sa dati kong pinagmisyunan, nalaman ko na maraming tagaroon ang sumapi na sa Simbahan dahil sa magandang halimbawa ni Bishop Gumabay, na ipinaubaya ang buhay sa mga kamay ng Panginoon at inilagay Siyang pinuno sa buhay ng kanyang pamilya at sa araw-araw nilang mga gawain.

Lubos akong nagpapasalamat na nakinig kami sa mga paramdam ng Espiritu na bisitahin ang pamilya Gumabay. Sa pamamagitan ng karanasang ito naunawaan ko ang kahulugan ng sinabi ng Panginoon na, "Ang mga walang sakit ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga may sakit" (Mateo 9:12). ■

Michael Angelo M. Ramírez, New Zealand

# TAWAGAN MO ANG IYONG MGA HOME TEACHER

Maraming taon na ang nakalilipas noong maliliit pa ang apat na anak namin, nagtrabaho ang asawa ko sa ibang estado at naiwan ako hanggang sa makatapos ng pag-aaral ang dalawa kong nakatatandang anak sa taong iyon. Naatasan kaming maging mga bagong home teacher, na nagkaroon ng pagkakataong makabisita nang dalawang beses lang bago nalipat ang asawa ko.

Isang gabi matapos patulugin ang mga bata, narinig kong umiiyak ang anak naming babae sa kuwarto niya. Nang kargahin ko siya, napansin kong inaapoy siya ng lagnat. Naisip kong dalhin siya sa ospital, ngunit nang tingnan ko ang bagong insurance policy namin nakasaad doon na sakop lamang nito ang mga residente ng Idaho—ang estado kung saan kasalukuyang nagtatrabaho ang asawa ko. Ang iba sa amin ay mga residente pa rin ng estado ng Washington.

Natakot ako nang kunan ko ng temperatura ang aming anak—105 degrees Fahrenheit (41 degrees C). Agad akong lumuhod sa panalangin at taimtim na humingi ng tulong. Dumating ang sagot na hindi ko kailanman naisip: "Tawagan mo ang iyong mga home teacher."

Malalim na ang gabi, at alam ko na ang dalawang lalaki, sina Brothers Halverson at Bird, ay tiyak na tulog na. Gayunman ay dinampot ko ang telepono at tinawagan pa rin si Brother Bird, at mabilis na sinabi sa kanya ang problema. Sa loob ng limang minuto, alas-11:00 n.g., nasa pinto na ang mga home teacher ko—na naka-amerikana at kurbata.

Sa oras na ito mapula na ang mga pisngi at mata ng aming anak, at nanlalagkit na sa pawis ang kanyang buhok. Umungot siya sa sakit, ngunit kalmado lang sina Brother Bird at Brother Halverson nang kargahin siya. Pagkatapos habang nakapatong ang kanilang mga kamay sa kanyang ulo, binasbasan nila ang anak ko at sinabihan siya sa pangalan ng Tagapagligtas na gumaling.

Nang magmulat ako ng mata matapos ang basbas, hindi ko mapaniwalaan ang nakita ko. Bumubungisngis na ang anak ko at nagpipilit bumaba para maglaro. Wala na siyang lagnat!


"Naramdaman ko na bumababa na ang lagnat niya habang binabasbasan namin siya," sabi sa akin ni Brother Bird habang manghang minamasdan naming lahat ang aking anak. Hindi nagtagal at umalis na sila, at gising naman ako nang ilang oras kasama ang anak kong ayaw matulog at gusto pang maglaro. Ayos lang ito sa akin.

Maraming taon na ang nagdaan mula noong gabing iyon na dalawang naglilingkod na mga anghel, sa katauhan ng mga home teacher, ang nagbasbas sa aking anak. Hindi nagtagal lumipat na kami sa Idaho at nawalan kami ng komunikasyon sa kanila, ngunit lagi akong magpapasalamat sa dalawang mababait na home teacher na dumating nang alas-onse ng gabi sa paglilingkod sa Panginoon. ■

Diana Loski, Pennsylvania, USA



***Natakot ako nang kunan ko ng temperatura ang aking anak. Agad akong lumuhod upang manalangin at taimtim na humingi ng tulong.***




# NAGKAMALI BA ANG BISHOP KO?

Kailan lang hinati ang ward namin, kaya nang papuntahin ako ng bishop sa kanya, natiyak ko na bibigyan ako ng tungkulin sa bagong ward. Naglilingkod ako noon sa young women at mahal ko sila. Bukas ang puso't isipan nila sa ebanghelyo at nagagalak akong turuan sila. Tiyak na papayag ang Panginoon na patuloy ko silang turuan.

Nagulat ako nang sabihin ng bishop na gusto ng Panginoon na magturo ako sa Primary. Tiyak kong nagkamali siya! Gayunman, tiniyak niya sa akin na nag-ayuno siya at nanalangin at malakas ang pakiramdam niya tungkol sa tungkulin ko. Mahal ko ang mga bata, pero ano ba ang alam ko sa pagtuturo sa kanila?

Sa loob ng 15 taong pagsasama, ang tanging kalungkutan naming mag-asawa ay hindi kami biniyayaan ng Panginoon ng mga anak. Hindi rin nagtagumpay ang mga pagsisikap naming mag-ampon ng bata dahil sa mga karamdaman namin.

Tiwala sa bishop, tinanggap ko ang tawag na magturo sa Primary, ngunit hirap ang kalooban ko. Nagalit ako sa Panginoon sa hindi pagbibigay sa akin ng anak, at inis ako sa bagong tungkuling ito.

"Panginoon, bakit po Ninyo ito ipinagagawa sa akin?" naisip ko. "Sa Inyong karunungan, pinagkaitan po akong magkaroon ng sariling kong mga anak. Bakit po ako hinilingang magturo sa mga anak ng ibang tao?"

Nagdasal ako at pinaglabanan ang damdaming ito at nakipagtunggali sa Panginoon, at lumuluhang nagsusamamo ng pang-unawa. Sa huli nagpasiya ako na yamang tinanggap ko ang tungkulin, mas mabuti pang huwag na akong maawa sa sarili ko at gawin ang lahat ng abot-kaya ko.

Noon dumating ang mga pagpapala. Agad kong natutuhang mahalin ang mga bata, at natutuhan nila akong mahalin. Nalaman ko na sapat ang pagmamahal nila para punan ang kahungkagan sa buhay ko. Hindi naglaon ay hindi na ako makalakad sa bulwagan ng simbahan nang walang kahit dalawang bata lang na nakakapit sa magkabilang kamay ko at ang iba ay niyayakap pa ako pagdaan ko. Sa kabilang banda, tinawag ang asawa ko bilang Scout leader. Hindi nagtagal napuno ng mga bata at tinedyer ang tahanan namin.

Namatay ang asawa ko sa edad na 47 noong Nobyembre 1986. Minsan pa ay mas alam ng Panginoon kung ano ang kailangan ko. Mga ilang linggo pagkamatay ng asawa ko, pinaglingkod ako sa isang misyon na magturo sa Primary ng Fresno, California, Laotian branch. Ang tibay ng loob ng pambihirang mga taong ito at ng kanilang mga anak ay nagbigay sa akin ng lakas na magpatuloy kahit wala na ang aking asawa.


Kaylaking kagalakang makita ang mga kabataang tinuruan ko na lumaki, magmisyon, makasal sa templo, at magsimula ng sarili nilang pamilya. Marami pa rin sa mga batang "ampon" na ito ang dumadalaw upang bumati at pasiglahin ang araw ko, at masaya ako kapag nakikita ko sila sa Fresno California Temple, kung saan ako naglilingkod ngayon.

Ang paglilingkod ko sa Primary ay naging tunay na pagpapala habambuhay. Lubos akong nagpapasalamat na Panginoon ang nagdidikta ng ating mga tungkulin at hindi tayo. ■

Jeannie L. Sorensen, California, USA

# Mga Sinaunang Halimbawa, **mga Makabagong Pangako**

*Hindi kailanman naging madali sa akin ang makipagdeyt, ngunit nakakahugot ako ng lakas sa mga halimbawa ng katapatan sa mga banal na kasulatan.*



**Hindi ibinigay ang pangalan**

Bagama't nasisiyahan akong makihalubilo, hirap akong makipagdeyt. Hindi pa ako nakipagdeyt bago magmisyon, at nang makauwi na ako pagkaraan ng dalawang taon, nakadama ako ng kakulangan sa karanasan.

Sampung taon mula noon, tila nasubukan ko na ang "lahat ng [aking] magagawa" (2 Nephi 25:23) para makapag-asawa—isang bagay na ipinangako sa akin sa patriarchal blessing ko—pero walang nangyari. Kung minsan natutukso akong mawalan ng pag-asa na makakakita pa ako ng mapapangasawa, at sa madidilim na sandaling ito, naibubulalas ko sa panalangin na: "*Tulungan po Ninyo ako.* Hindi ko alam ang ginagawa ko."

Kamakailan, nakadama ako ng malaking kaaliwan sa mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan. Ang sumusunod na tatlong kuwento ay napakaepektibong tumulong sa akin na magtiwala sa Ama sa Langit at sa Kanyang plano.

## Jose ng Egipto: Manatiling Sumasampalataya at Umaasa sa Diyos


Si Jose ay sapilitang kinuha mula sa kanyang tahanan sa edad na 17 at itinapon sa banyagang lugar kung saan iilan ang naniniwala sa kanyang relihiyon. Sa kabila ng matinding pagsubok na ito, maganda pa rin ang kanyang ugali at nanatiling tapat sa kanyang mga amo at sa Diyos (tingnan sa Genesis 37; 39–41). Gayunpaman, sa loob ng 13 taon dumanas siya ng sunud-sunod na di kanais-nais na sitwasyon. Tila walang gaanong nagawa ang kanyang pagsisikap kundi nabilanggo pa siya, kung saan nanatili siya hanggang edad 30.

Kung minsan ay iniisip ko kung naisip ba ni Jose na kinalimutan na siya ng Diyos o kung itinanong man lang ba ni Jose kung hanggang kailan siya mabibilanggo o kung makakalaya pa siya. Iniisip ko kung ang mga panaginip ni Jose noong kanyang kabataan (tingnan sa Genesis 37:5–11) ay nagbigay sa kanya ng pag-asa sa mas magandang kinabukasan.

Mangyari pa, naalala *nga* ng Diyos si Jose, gaya ng pag-alala Niya sa ina ni Jose na si Raquel (tingnan sa Genesis 30:22). Si Jose ay pinagpalang umunlad maging sa di kanais-nais na mga sitwasyon. Sa halip na piliing magrebelde, magmukmok o sumpain ang Diyos, nagpakita si Jose ng pambihirang pananampalataya. Bunga niyon, pinagpala siya nang lubos.

Maaari tayong matuksong idaing ang sarili nating mga paghihirap, at posibleng maging bulag tayo sa mga pagpapalang naipagkaloob sa atin ng Diyos. Ngunit ang pananatiling sumasampalataya at umaasa ay makapagdudulot sa atin ng malalaking pagpapala, tulad ng ginawa nito kay Jose. At kahit hindi

MGA PAGLALARAWAN NI JEFF WARD



nagantimpalaan ang ating pananampalataya ayon sa gusto natin, ang pananatiling sumasampalataya ay makakatulong pa rin sa atin na mabuhay nang mas maligaya.

Ang karanasan ni Jose ay isa ring katunayan ng nakahihigit na kapangyarihan at karunungan ng Diyos. Sa loob ng maraming taon tila walang kinahinatnan ang mga pagsisikap ni Jose, ngunit sa tulong ng Diyos, pinalaya si Jose mula sa bilangguan at pumangalawa kay Faraon sa kapangyarihan (tingnan sa Genesis 41:41–43). Nakinita o inasam ba ni Jose ang gayon kalaking mga oportunidad?

Kung minsan pinipilit nating makagawa ng isang bagay, ngunit ang sarili nating mga pagsisikap, gaano man kalaki, ay hindi pa rin sapat para sa gawain. Alam ko na maaari tayong pagpalain ng Ama sa Langit ng mas malalaking pagpapala kaysa una nating inasahan dahil sa ating pananampalataya at pagsunod. Nagtitiwala ako na kung mabuti ang aking pag-uugali

*Ang manatiling sumasampalataya at umaasa ay makapaghahatid sa atin ng malalaking pagpapala, tulad ng ginawa nito kay Jose. At kahit hindi nagantimpalaan ang ating pananampalataya ayon sa gusto natin, ang manatiling sumasampalataya ay makakatulong pa rin sa atin na mabuhay nang mas maligaya.*

at gagawin ko ang lahat sa mahihirap na sitwasyon, tulad ni Jose, darating ang panahon—ang panahon ng Panginoon—na Kanyang "[huhubdan] ang kaniyang banal na bisig" (Isaias 52:10). Hindi mawawalan ng kabuluhan ang aking pagsisikap. Kanya tayong *aalalahanin*; katunayan, palagi Niya tayong inaalala at may magagandang bagay Siyang laan para sa bawat isa sa atin kung mananatili tayong tapat.

### Abraham: Mahalin ang Diyos nang Higit sa Lahat

Nitong nakaraan itinigil ko ang pakikipagdeyt sa isang taong mahal na mahal ko. Dahil nababalisa na ako sa di pag-aasawa, nag-alinlangan ako kung makakahanap pa ako ng isang taong makakasundo ko.

Hindi nagtagal, napaalalahanan ako ng kuwento tungkol kay Abraham na inutusang ialay si Isaac (tingnan sa Genesis 22:1–14). Natanto ko na pareho kaming inutusang isuko ang isang minamahal. Mangyari pa, napakagaan ng karanasan ko kumpara kay Abraham, ngunit natuklasan ko na may natutuhan ako sa kanyang karanasan na maaari kong tularan.

Napakatagal ng ipinaghintay ni Abraham para magkaanak sila ni Sara ng lalaki. Ang pagsilang ni Isaac ay isang himala, at sinabihan si Abraham, "Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi" (Sa Mga Hebreo 11:18). Subalit inutusan ng Panginoon si Abraham na ialay si Isaac. Paano "tatawagin" ang binhi ni Abraham kay Isaac kung iaalay si Isaac?

Batid—bagama't hindi alam *kung paano*—na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako, sumunod si Abraham. Mahal na mahal niya ang kanyang anak, ngunit nakita sa kanyang pagsunod na mahal niya ang Panginoon nang higit sa lahat. Tayo man ay hinihilingang magpamalas ng gayong bagay (tingnan sa D at T 101:4–5), at tayo man ay pinangakuan din ng malaking gantimpala kung tapat tayong magtitiis (tingnan sa Mateo 24:13). Nang matapos ang relasyong iyon, ang



hirap makalimot. Dahil pinangakuan akong makapag-aasawa, tila hindi angkop ang paglimot sa katuparan ng pangakong iyon. Ngunit nagkaroon ako ng pag-asa sa pangako, na nakatulong sa akin upang muling sumubok at ipakita sa Ama sa Langit na mahal ko Siya nang higit sa lahat.

Ang katapatan ni Abraham ay ginantimpalaan hindi lamang ng buhay ng kanyang anak kundi pati na ng hindi mabilang na inapo at iba pang mga pagpapala (tingnan sa Genesis 22:15–18). Tayo man ay gagantimpalaan din sa pagsasakripisyo ng mga bagay na hinihingi sa atin ng Diyos at sa pagpapakita ng ating pagmamahal sa Kanya. Iyan ang tunay na kahulugan ng pagsubok sa ating pananampalataya.

*Batid na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako, sumunod si Abraham. Mahal na mahal niya ang kanyang anak, ngunit nakita sa kanyang pagsunod na mahal niya ang Panginoon nang higit sa lahat.*

## Zacarias: Maniwala na Totoo ang mga Pangako ng Diyos

Kung minsan hindi natin alam kung paano nga matutupad ang mga pangako sa atin ng Panginoon—gaya ng pangako na kung ating nanaisin iyon at mananatili tayong tapat, pagpapalain tayong makapag-asawa nang walang hanggan. Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan ang tungkol sa kalokohang ito: "Maaaring may mga pagkakataon na dapat tayong magpasiya na buong tapang na umasa kahit lahat ng nakapaligid sa atin ay kontra sa pag-asa [natin]."[1]

Si Zacarias at kanyang asawang si Elisabet ay tapat na nanalangin at naghintay na magkaanak sa buong buhay nila. Sa wakas, pinangakuan ng isang anghel si Zacarias na maglilihi ang kanyang matandang asawa at ipagbubuntis ang isang batang maghahanda ng daan para sa Tagapagligtas. Napakalaki ng pagpapala kaya hindi ito naunawaan ni Zacarias. Bagama't isang anghel ang nagpahayag nito, itinanong ni Zacarias, "Sa ano malalaman ko ito?" (Lucas 1:18).

Tulad ni Zacarias, maaari tayong masanay na mabigo sa mga ninanais natin—o tila hindi kapani-paniwala ang mga ipinangakong pagpapala—nalilimutan natin na "sa Dios ang lahat ng mga bagay ay mangyayari" (Mateo 19:26). Naalala ko sa karanasan ni Zacarias na ang pinakadakilang mga pangako ng Ama sa Langit ay totoo at lagi Niyang tinutupad ang mga ito.

Hindi lamang mga kuwento tungkol kina Jose, Abraham, at Zacarias ang nagpalakas sa aking pananampalataya at nagbigay sa akin ng pag-asa. Marami pang tala sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga tao na ang pananampalataya ay nagpaalala sa akin na sumampalataya sa ipinangako ng Panginoon sa *akin*. Ngayon ay halos hindi ako makabasa ng isang kabanata ng banal na kasulatan nang hindi ko naaalala na laging tinutupad ng Panginoon ang Kanyang mga pangako. Ang pagkaunawang ito ay nagbibigay sa akin ng malaking pag-asa para sa hinaharap. ■

TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Ang Walang Hanggang Bisa ng Pag-asa," *Liahona,* Nob. 2008, 23.

# Mula sa Paniniwala tungo sa PAGKAALAM

**Ni Chiao-yi Lin**

Una kong nakilala ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw sa isang istasyon ng tren noong ako ay 19 anyos. Masasabi kong kakaiba ang mga dalagang ito, at may nagtulak sa akin na kausapin sila. Kaya't lumapit ako at nagtanong kung ano ang ginagawa nila sa Taiwan. Sinabi nilang mga misyonera sila at nagsimulang magsalita tungkol sa ebanghelyo. Pagkatapos ng ilang pagkikita, natuto ako tungkol kay Jesucristo, sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo, at sa Aklat ni Mormon. Ang huli sa mga paksang ito—ang Aklat ni Mormon—ang naging dahilan ng pagsapi ko sa Simbahan.




*Ang paniniwala na totoo ang Aklat ni Mormon ay simula lamang.*

Naaalala ko pa ang karanasan ko nang ipagdasal ko ang tungkol sa aklat. Matapos basahin ito isang gabi, isinara ko ang aklat, lumuhod ako, at nagtanong sa aking Ama sa Langit kung ito ay totoo. May nadama akong init na bumalot sa aking pagkatao, isang bagay na hindi ko kailanman nadama sa mga templong Buddhist na nadaluhan ko na sa buong buhay ko. Kakaiba ang damdaming ito. Alam kong may nakikinig. Sa sandaling iyon mula sa paniniwalang totoo ang Simbahan ay nalaman kong totoo ito, at nagdesisyon akong magpabinyag.

Patuloy nang pinagpala ng Aklat ni Mormon ang aking buhay mula noon. Pinagpala ako nito nang maglingkod ako bilang misyonero.

Pinagpala rin ako nito sa aking mga tungkulin. Habang naglilingkod bilang guro sa institute, nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay isinulat para sa ating panahon.[1] Ngunit sa paghahanda ng aking mga aralin, natuklasan ko na hindi lamang totoo ang pahayag na iyon sa lahat, kundi sa mga partikular na tao sa mga partikular na sitwasyon at panahon. Halimbawa, kung minsan habang naghahanda akong magturo, pumapasok sa isip ko ang mukha ng isa sa mga estudyante ko, at natatanto ko ang isang partikular na bagay na kailangan kong ituro para sa kapakanan ng taong iyon. Ang gayong mga paramdam ay madalas mangyari at napatunayan kong totoo kapag kinausap ako ng isang estudyante pagkatapos ng klase para ipaalam sa akin na ang araling iyon mismo ang kailangan niya.

Ang huli, at marahil ay pinakamakabuluhan, ginabayan ng Aklat ni Mormon ang aking buhay. Naaalala kong bumaling ako sa mga banal na kasulatan nang tatapusin ko na ang pakikipagdeyt sa isang tao. Nakadama ako ng matinding lungkot. Ngunit ang isang talatang nabasa ko, 2 Nephi 10:20, ay tuwirang nangusap sa aking puso at napanatag ako: "At ngayon, mga minamahal kong kapatid, nalalamang binigyan tayo ng ating maawaing Diyos ng maraming kaalaman hinggil sa mga bagay na ito, atin siyang alalahanin, at isantabi ang ating mga kasalanan, at huwag iyuko ang ating mga ulo, sapagkat hindi tayo itatakwil; gayon pa man, itinaboy tayo palabas mula sa lupaing ating mana; subalit tayo ay dinala sa higit na mainam na lupain, sapagkat ginawa ng Panginoon na ang dagat ay maging daan natin, at tayo ay nasa isang pulo ng dagat."

Ang pag-alaala sa Panginoon, tulad ng mungkahi sa talatang iyon, ay nagbigay sa akin ng lakas ng loob at pag-asa. Makakaasa ako sa "maraming kaalaman" tungkol sa ebanghelyo na ibinigay sa akin ng Diyos, at makatitiyak ako na hindi ako "itinakwil." May mabubuting bagay na naghihintay.

Malaking pagpapala ang maniwala sa sinasabi ng mga misyonero nang siyasatin ko ang Simbahan. Mas malaking pagpapalang malaman ang katotohanan ng ebanghelyo, lalo na ang katotohanan ng Aklat ni Mormon, sa sarili ko. Alam kong buhay ang Diyos at tuwiran at personal Niya tayong tinuturuan sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon Is the Word of God," *Tambuli,* Mayo 1988, 2.

LARAWAN © IRI


# Tuwirang Sagot



## Bakit ko pa kailangang magdasal nang mag-isa samantalang nagdarasal na akong kasama ang pamilya ko?

Kunwari ay nahihirapan ka sa isang personal na problema. Komportable ka bang ibahagi sa isang grupo ang problema mo, o mas gusto mo itong ipagtapat nang sarilinan sa isang tao?

Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): "May ilang bagay na mainam na ipagdasal nang lihim, kung kailan hindi natin kailangang isipin ang oras o pagiging lihim ng ating ipagdarasal. Ang pagdarasal nang mag-isa ay walang katumbas at kapaki-pakinabang. Ang pagdarasal nang mag-isa ay tumutulong na maalis ang ating hiya o pagkukunwari, at anumang panlilinlang sa sarili; natutulungan tayo nitong buksan ang ating puso at maging lubos na tapat at marangal sa pagsasabi ng lahat ng ating inaasahan at saloobin."[1] Yaong hindi tayo komportableng ipagdasal sa mga panalangin ng ating pamilya ay maaaring sambitin—at kadalasan ay siyang nararapat—sa personal na panalangin.



***"Ikaw ay manalangin nang malakas gayon din sa iyong puso; oo, sa harapan ng sanlibutan gayon din nang palihim, sa madla gayon din sa sarili" (D at T 19:28).***

Tinutulutan tayo ng ating mga personal na panalangin na maging napakatapat sa ating mapagmahal na Ama sa Langit at talakayin ang pinakamatitinding pangamba at hangarin ng ating puso. Sa pagdarasal nang sarilinan natanggap ni Joseph Smith ang paghahayag na

## Nanonood ang pamilya ko ng mga pelikulang pangmatanda. Mahalagang pag-ukulan sila ng panahon, kaya paano ko ipaliliwanag kung bakit hindi ako nanonood ng gayong mga pelikula?

Ang pagpili ng tama na kasama ang iyong pamilya ay kasinghirap gawin na kasama ang iyong mga kaibigan—kung minsan nga ay mas mahirap pa.

Mabuti't ayaw mong ikompromiso ang mga pinahahalagahan mo. Bagama't ayaw mong gawin ito ngayon, ang pag-una sa Panginoon sa buhay mo ay magpapala sa iyong pamilya at tutulutan kang maging halimbawa sa kanila.

Ngunit sila pa rin ang pamilya mo, at mahalagang pag-ukulan sila ng panahon. Makapagmumungkahi ka ng ibang mga pelikula na alam mong magpapasaya o mga aktibidad tulad ng paglalaro o hiking.

Mahalagang ipaalam sa pamilya mo ang iyong mga pamantayan sa tapat at mapakumbabang paraan. Kausapin sila nang tapatan kung bakit mo piniling huwag manood ng ilang klase ng pelikula. Ipanalanging

MGA PAGLALARAWAN NINA CHRISTINA SMITH AT JOHN LUKE © IRI

nagpasimula sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit nang sarilinan ay nagtutulot sa atin na mas madaling madama ang mga pahiwatig ng Espiritu na nilayon para sa ating kapakanan.

Gayunman, napakahalaga rin ng panalangin ng pamilya—itinutulot nito na mas mapalapit tayo sa ating Ama sa Langit at magkaroon ng mga espirituwal na karanasan sa ating pamilya. Gaya ng turo ni Pangulong Kimball, "Hinihikayat ng Simbahan na manalangin ang pamilya tuwing umaga at tuwing gabi."[2] ■

MGA TALA

1. Spencer W. Kimball, "Pray Always," *Tambuli,* Mar. 1982, 2.
2. Spencer W. Kimball, "Prayer," *New Era*, Mar. 1978, 15.

magkaroon ka ng lakas na iparating ito sa kanila at maunawaan nila ito. Sana naman, maigalang ka ng iyong pamilya dahil dito, at mapanatili mo sa iyong puso ang Espiritu habang iniiwasan mo ang masamang media. ■



## Nahihirapang magpasiya ang kapatid kong lalaki kung totoo nga ang Simbahan. Paano ko siya matutulungan?



Suportahan siya; kailangan niyang madama na mahal siya—hindi pinipilit—ng kanyang pamilya. Pag-isipang tanungin siya kung ano ang kanyang mga problema at duda. Patapusin siya sa pagsasabi sa iyo ng lahat ng problema niya bago ka tumugon. Marahil ang mga problema niya ay pakikisama o personal, sa halip na tungkol sa pananampalataya. Maaaring hindi mo maibigay ang lahat ng sagot na hangad niya, ngunit matitiyak mo sa kanya na malulutas ang mga ito.

Pagdasalin siya kasama mo tungkol sa kanyang mga pagaalala at hikayatin siya na personal ding ipagdasal ang mga ito. Maging sensitibo sa katotohanan na may ilang tao na naghihintay nang mas matagal bago makatanggap ng sagot kaysa iba, lalo na kung kailangan nilang pag-isipan mismo ang mga ito. Maaari mong basahin sa kanya ang tungkol sa panalangin at pagtatamo ng patotoo mula sa Alma 32, 3 Nephi 17, o Moroni 10. Gayundin, maaari mo siyang hikayating kausapin ang inyong mga magulang, bishop o branch president, o iba pang matatapat na miyembro ng Simbahan na nakaranas ng gayong mga problema.

Kapag nagkainspirasyon, magpatotoo sa kanya. Ipaalam sa kanya kung ano ang damdamin mo tungkol sa ebanghelyo.

At sa huli, alalahanin na ang Espiritu ang sumasaksi sa katotohanan. Para magtamo ng patotoo o matanto na may patotoo na siya, dapat matuto ang kapatid mo na kilalanin ang Espiritu Santo. Maaaring matagalan ito, at hindi ito maipipilit. Maaaring buong maghapon mong sabihin sa kanya ang mga katotohanan, ngunit sa makabuluhan lamang na pakikipag-ugnayan sa Espiritu siya magtatamo ng patotoo.

Ipagdasal siya at hikayatin, suportahan siya at pakinggan, ngunit tandaan na malaya siyang magpasiya. Buong talino siyang magpapasiya sa pagsunod sa patnubay ng Espiritu. ■

***Tulungan ang mga mahal sa buhay na magtamo ng patotoo sa pagbabasa mula sa mga banal na kasulatan at pagtuturo sa kanila kung paano kilalanin ang pagsaksi ng Espiritu Santo.***

I-e-mail ang inyong mga tanong sa liahona@ldschurch.org, na may "To the Point" sa subject line.



# SA PRESENSYA NG MGA ANGHEL

*Nang italaga ako bilang misyonero, nangako sa akin ang stake president ko na may mga pagkakataong madarama ko ang presensya ng mga anghel at poproteksyunan nila ako.*

**Ni Samuel Gould**

Noong 2003 natawag akong magmisyon sa Ivory Coast, sa kanlurang Africa. Sa pagsasaliksik ko, nalaman ko na madalas masangkot sa digmaang sibil ang bansa, ngunit napanatag ako nang malaman ko na itinigil ang labanan sa lugar. Mas napayapa pa ako nang maitalaga ako. Nangako sa akin ang stake president ko na habang naglilingkod ako, may mga pagkakataong madarama ko ang presensya ng mga anghel at poproteksyunan nila ako. Ipinangako rin sa akin na kung ako ay masunurin, ligtas akong makakauwi.

Sa mga unang buwan ng aking misyon, pinayuhan kami ng mission president na maging handa. Sa apartment namin sa kabiserang lungsod ng Abidjan, nag-imbak kami ng tatlong-araw na suplay ng pagkain at tubig, at sa mga miting tumanggap kami ng mga pagsasanay kung ano ang gagawin kapag may mangyaring labanan.

Sa kabila nito, kinabahan kami nang sirain ng mga rebelde ang kasunduang itigil ang labanan noong Nobyembre 4, 2004. Nagtakda ng curfew ang aming mga lider sa mission na alas-6:00 n.g. Sa huling pagtuturo namin kinabukasan, nakarinig kami ng biglang pagsabog. Agad kaming nagtapos sa panalangin, nag-iwan kami sa pamilya ng isang kabanatang babasahin mula sa Aklat ni Mormon, at dali-daling umuwi. Halos kasunod naming dumating ang isa pang magkompanyon sa apartment namin. Tumawag ang mga assistant at sinabihan kami na huwag umalis sa apartment anuman ang mangyari—para sa simbahan man o maging para sa pagkain. Nalaman namin na ilang tagapamayapang Pranses ang namatay sa mga pambobomba, kaya sinalakay ng France ang paliparan ng hukbong sandatahan, kaya nawasak ang maliit na hukbong panghihimpapawid ng Ivory Coast. Bilang ganti, nagkaroon ng matitinding kaguluhan sa kabisera.


Libu-libong nagprotesta ang dumagsa sa mga kalsada, may dalang mga machete, ninakawan ang mga tindahang Pranses, at pinasok ang mga bahay na hinihinala nilang tirahan ng mga Pranses. Mula sa bintana, nakita namin ang nangyayaring karahasan. Alam namin na delikado kami dahil puti ang aming balat.

Linggo ng hapon, Nobyembre 7, sa gitna ng mga sigawan, putukan, at pagsabog, nagdaos kaming apat ng sacrament meeting sa aming apartment. Matapos basbasan at ipasa ang tinapay at tubig mula sa aming tatlong-araw na suplay ng pagkain, bawat isa sa amin ay nagbahagi ng talata sa banal na kasulatan at nagpatotoo. Binasa ko ang Doktrina at mga Tipan 84:88: "At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo." Nang mabasa ko ito, pinagisipan ko ang ibinigay na basbas sa akin ng aking stake president, at alam kong maliligtas ako.

Hindi kami lumabas ng apartment nang isang linggo. Binisita kami ng mga lider at miyembro ng ward at dinalhan kami ng pagkain. Isang miyembro ang kumuha ng aming mensahe at nag-e-mail sa aming mga pamilya, para ipaalam na ligtas kami. Kahanga-hanga ang pagtulong ng mga miyembrong ito! Samantala, ipinagdasal naman ng aming mga pamilya at miyembro ng Simbahan sa buong mundo ang aming kaligtasan. Habang nagdarasal ang pamilya ko, nakadama sila ng panatag na katiyakan na magiging ayos ang aking kalagayan.

Biyernes, Nobyembre 12, nang simulan ang paglikas namin. Inihatid kami ng mga Ivorian na miyembro ng Simbahan sa mga kalsada ng Abidjan, at bagama't

PAGLARAWAN NI RICHARD HULL





nabalitaan namin na may ibang mga tumakas na nasaktan, ligtas kaming nakadaan sa mga barikada papuntang tahanan ng embahador ng Britanya. Pagkatapos ay inilikas kami ng hukbo ng Britanya palabas ng bansa, at nasagot ang mga dalangin ng pamilya ko nang makita nila sa balita na nailikas ako at ang dalawa pang elder. Sa dilim ng gabi, dinala ng mga miyembro ang iba pang mga misyonerong hindi taga-Africa sa mission home. Mula roon inilikas sila ng Italian air force sa Ghana, kung saan kami nagkita-kita.


Sa kabila ng maraming pagsalakay sa mga dayuhan sa buong bansa, walang misyonerong nasaktan sa mga kaguluhan, at walang napasok na mga apartment ng mga misyonero. Dahil nakinig kami sa payo ng mission president, ligtas kaming nakauwi nang magsimula ang kaguluhan at may mga suplay kaming kailangan para manatiling ligtas. At mas nakapapanatag pa kaysa proteksyon ng militar ay ang pagkaalam na pinangangalagaan kami ng Panginoon.

Habang inililikas kami, nalaman ko na noong Linggo ng hapon matapos ang aming sacrament meeting, naghahanda ang isang grupo ng mga nagpoprotesta na pasukin ang aming apartment. Isa sa mga kapitbahay namin ang sumigaw, “Hindi sila mga Pranses!” ngunit ayaw nilang umalis. Sa huli, isa pang kapitbahay ang sumigaw, “Mga misyonero sila!” at nag-alisan ang mga nanggugulo. Muli kong naalala ang mga salitang, “Ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo,” at natanto ko na natupad sa akin ang pangako sa basbas ng aking stake president. Nakita ko ang katuparan ng propesiya. ■

*Paunawa: Ang sitwasyon sa Ivory Coast ay bumuti na mula noong 2004. Ang mga dayuhang misyonero ay naglilingkod nang muli roon ngayon.*

# 2011 Tema ng Mutwal

*"Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).*



*Elaine S. Dalton (gitna), pangulo; Mary N. Cook (kaliwa), unang tagapayo; at Ann M. Dibb (kanan), pangalawang tagapayo.*



*David L. Beck (gitna), pangulo; Larry M. Gibson (kaliwa), unang tagapayo; at Adrián Ochoa (kanan), pangalawang tagapayo.*

## NANINIWALA KAMI!

Ng Young Women General Presidency

Naniniwala kami na ang isang marangal na kabataang babae, na pinapatnubayan ng Espiritu, ay mababago ang mundo. Bilang Young Women general presidency, naobserbahan namin ang mga kabataang babaeng ginagawa ang pinaniniwalaan nilang tama, tumatayo bilang saksi, ipinamumuhay ang mga pamantayan ng ebanghelyo, at talagang gumagawa ng kaibhan. Kamangha-mangha ang magagawa ng isang kabataang babae kapag siya ay marangal, nakikinig sa marahan at banayad na tinig ng Espiritu Santo, at tumatalima pagkatapos!

Nang isulat ni Joseph Smith ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, ipinahayag niya ang lahat ng maaari at dapat nating hangarin at kahinatnan bilang mga naniniwala. Alam ni Joseph Smith na kailangan nating maniwala sa mga pamantayan at pinahahalagahan at hangarin ang mga bagay na ito upang magkaroon ng kapangyarihan at lakas ng Espiritu Santo. Alam niya na kailangan nating sundin ang Tagapagligtas sa salita at gawa. Alam niya na ang paggawa nito ay maghahanda sa atin na maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo.

### Maniwala sa Iyong Sarili

Paano mo gagawin ito? Paano mo maaakay ang iba na sundin ang halimbawa ng Tagapagligtas, mamuhay nang marangal, at maghanda para sa templo? Una, maniwala sa iyong sarili! Ang iyong tapang at lakas ay makatutulong sa iyo na maging lider, at ang matibay mong pangako ang gagawa ng lahat ng kaibhan ngayong taon. Ang iyong mga ideya, inobasyon, at mga pagkilos ay maaaring hubugin ang mundo ngayon at sa hinaharap.

Dahil sa teknolohiya ng mundong iyong ginagalawan, may kakayahan kang punuin ang mundo ng mga bagay na marangal, kaaya-aya, at maipagkakapuri. Nasa dulo ng iyong mga daliri ang kakayahang patotohanan ang ebanghelyo ni Jesucristo sa buong mundo. Wala pang henerasyong nagkaroon kailanman ng gayong kakayahan, pagpapala, at oportunidad.

### Tatlong Bagay at Isa Pa—Araw-araw!

Naniniwala kami sa iyo. Ngayon ang panahon para magkaisa at simulan ang pagbabagong magbibigay-lakas sa iyo at magpapala sa iba. Inaanyayahan ka naming patuloy na gawin ang tatlong bagay bawat araw—at isa pa.

1. Magdasal tuwing umaga at gabi.
2. Magbasa sa Aklat ni Mormon kahit limang minuto man lang araw-araw.
3. Ngumiti!
4. Bukod dito, inaanyayahan ka naming sundin at ipamuhay ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Maging pamilyar sa mga pamantayang ito. Ibahagi ang mga ito sa iba. At *maging* halimbawa ng mga mananampalataya.

Ngayong taon, maniwala. Maniwalang ikaw ay anak ng Ama sa Langit, na nagmamahal at tutulong sa iyo. Maniwala sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Siya ang iyong liwanag. Siya ang iyong pag-asa. Siya ang iyong halimbawa at Manunubos. Maniwala sa iyong sarili! Maniwala sa kapangyarihan ng lahat ng kabataang babaeng ipinamumuhay ang mga pamantayan. Magkakasama nating hangarin ang mga bagay na marangal, kaaya-aya, at maipagkakapuri. Magkakasama tayong gagawa ng kaibhan sa ating daigdig.

Naniniwala kami na kayo ang henerasyong may mga paniniwala at pagkilos na magpapabago sa daigdig. Naniniwala kami sa inyo! ■

RETRATO NG YOUNG WOMEN PRESIDENCY © BUSATH.COM; PAGLALARAWAN NI FRANK HELMRICH

# PAGIGING TAPAT NA LALAKING MAYTAGLAY NG PRIESTHOOD

Ng Young Men General Presidency

Bago kayo nagtapos sa Primary, marami sa inyo ang nakasaulo ng ikalabintatlong saligan ng pananampalataya at sana ay saulado pa ninyo ito. Ngayong taon kami sa panguluhan ay hinahamon kayong lampasan pa ang simpleng pagsasaulo at talagang alamin kung ano ang ibig sabihin ni Propetang Joseph Smith nang sabihin niya na sinusunod natin ang payo ni Pablo. Hinihiling namin sa inyo na pag-aralang mabuti ang bawat katangiang binanggit sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, ang tema ng Mutual ngayong taon. Inaanyayahan namin kayong ipamuhay ang natutuhan ninyo. At inaanyayahan namin kayong ibahagi sa iba ang galak sa buhay na hatid ng pamumuhay ayon sa mga pamantayang ito.

Ang huwarang ito ng pag-uugali ang mismong ginagamit ninyo sa bagong programang Tungkulin sa Diyos: matuto, kumilos, magbahagi. Ang pagsunod sa tatlong simpleng hakbang na ito ay makakatulong sa inyo na maging tapat na lalaking maytaglay ng priesthood.

Nakasaad sa bahagi ng ikalabintatlong saligan ng pananampalataya, "Naniniwala kami sa *pagiging* matapat, tunay, malinis, mapagkawanggawa, [at] marangal" (idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang *pagiging* ay higit pa sa kung paano kayo kumilos—ipinapakita nito kung sino kayo. Ang *pagiging* matapat, tunay, malinis at iba pa ay ginagawa kayong kaiba sa karamihan ng mga kabataang lalaking kaedad ninyo. Kapag nakikita ng iba ang magagandang katangian ninyo, nanaisin nilang makamtan ang taglay ninyo. Kapag natutuhan ninyo ang inyong mga tungkulin sa priesthood at isinagawa ang mga ito, magbabago kayo. Habang kayo ay "[gumagawa] ng mabuti sa lahat ng tao," pagpapalain kayo at mababago ninyo ang buhay ng mga tao.

### Mabubuting Halimbawa

Si Ben ay isang magandang halimbawa ng pagtulong sa iba at pagiging isang pagpapala sa buhay nila. Naghahanap siya ng mga taong hindi gaanong popular o hindi nadaramang kabilang sila. Iniisip niya ang iba nang higit kaysa sarili niya. Nang lumipat si Kelon sa ward ni Ben, sinabi nito na ang buhay niya ay "pulos kasiyahan lang" na papunta sa maling direksyon. Hungkag ang pakiramdam niya. Ngunit dahil sa mga halimbawa ng mga kaibigan niyang Banal sa mga Huling Araw at lalo na ng kanyang matalik na kaibigang si Ben, nakita niya na may mas magandang daan. Inanyayahan ni Ben si Kelon na makibahagi sa mga aktibidad sa Simbahan. Sa mga aktibidad na iyon napansin ni Kelon na may kakaiba sa mga binatilyo roon. Gusto niyang tularan sila. Hindi niya tiyak kung ano iyon, ngunit alam niyang gusto niya iyon. Nais niyang lumigayang tulad nila.

Nanalangin siya sa Diyos at nalaman niya na kailangan niyang sumapi sa Simbahan. Bininyagan ni Ben ang kanyang matalik na kaibigan noong 16 anyos sila. Sabi ni Kelon tungkol sa kanyang binyag, "Sa wakas ay natagpuan ko ang kapayapaan, at nadama ko ang mapagmahal na bisig ng Tagapagligtas pag-ahon ko mula sa bautismuhan. Nagpapasalamat ako sa mabubuting kaibigang ipinamumuhay ang pinaniniwalaan nila."

### Kapangyarihan ng Aaronic Priesthood


Sinasabi sa Doktrina at mga Tipan 58:27–28 na "ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay," na ginagawa ang "maraming bagay sa kanilang sariling kalooban" para "isakatuparan ang maraming kabutihan; sapagkat ang kapangyarihan ay nasa kanila." Ang kapangyarihang iyon ay nasa inyo. Ipinagkatiwala sa inyo ang kapangyarihan ng Aaronic Priesthood. Mahal namin kayo, at alam namin na makakagawa kayo ng mga dakilang bagay kapag kayo ay naging tapat na lalaking maytaglay ng priesthood. ■


*Sa paghayo ninyo na "gumagawa ng mabuti sa lahat," mapagpapala at mababago ninyo ang buhay ng mga tao.*



# Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13

***Ang Mga Saligan ng Pananampalataya ay mula sa liham ni Propetang Joseph Smith noong 1842 sa isang editor na nagngangalang John Wentworth. Unang inilathala ang mga ito sa pahayagan ng Simbahan sa Nauvoo na* Times and Seasons *at mula noon ay naging bahagi na ng mga banal na kasulatan sa mga huling araw.***





**Naniniwala Kami**

"Ang saligang [ito] ng ating pananampalataya ay isa sa mga pangunahing pagpapahayag ng ating relihiyon. Dapat natin itong pagnilayin nang paulit-ulit. Kung gayon, tuwing matutukso tayong gumawa ng anumang masama o hindi tapat o imoral, pilit na papasok sa ating isipan ang dakilang pahayag na ito ng pamantayan ng ating pag-uugali na sumasakop sa lahat."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Fear Not to Do Good," *Liahona,* Peb. 2000, 5.**

**Malinis ang puri**

"Ang seksuwalidad ng tao ay hindi lamang pisikal. Katunayan, ang kalinisang-puri at katapatan ay nagsisimula sa espiritu, hindi sa katawan. Ang mga ito ay pagpapahayag ng kalagayan ng ating espiritu. Kapag nakaayon ang ating espiritu sa mga katotohanan ng ebanghelyo, gusto nating ipamuhay ang matataas na pamantayan, at nakikita sa mga kilos natin ang hangaring iyan. Samakatwid, ang kalinisang-puri at katapatan ay higit pa sa hindi pakikipagtalik bago ikasal at pakikipagtalik sa iyong asawa lamang pagkatapos ninyong makasal. Ipinapakita nito ang uri ng ating espirituwal na buhay."

**Terrance D. Olson, "Truths of Moral Purity," *Liahona,* Okt. 1999, 31.**

**Mapagkawanggawa**

Ang maging mapagkawanggawa ay ang maging mabait at mapagbigay, ibig sabihin—gumawa ng mabuti. Sa Kanyang ministeryo si Jesucristo ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti, . . . sapagka't sumasa kaniya ang Dios" (Mga Gawa 10:38). Kapag mapagkawanggawa ka sa buhay, palalakasin at pasisiglahin ka ng Diyos.


**Payo ni Pablo**

Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:8, na bahagi ng sulat ni Apostol Pablo sa mga Banal sa Filipos.

13 Naniniwala kami sa pagiging [a]matapat, tunay, [b]malinis, mapagkawanggawa, marangal, at sa [c]paggawa ng mabuti sa lahat ng tao; sa katotohanan, maaari naming sabihing sinusunod namin ang [d]payo ni Pablo—Naniniwala kami sa lahat ng bagay, [e]umaasa kami sa lahat ng bagay, nakapagtiis kami ng maraming bagay, at umaasang [f]makapagtitiis sa lahat ng bagay. Kung may anumang bagay na [g]marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito.

**Hangarin ang mga Bagay na Ito**

Basahin ang bahaging "Libangan at ang Media" sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (pahina 17). Umaayon ba ang libangang pinili mo sa mga pamantayang ito at sa ikalabintatlong saligan ng pananampalataya? Isiping isulat sa iyong journal kung paano ka napagpala sa pagpili ng mabubuting uri ng media.



**Marangal**

"Ang kabutihan [kabaitan] ay 'huwaran ng pag-iisip at pag-uugali na nakabatay sa mataas na pamantayan ng moralidad' (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo,* 136). Sakop nito ang kalinisang-puri at kadalisayang moral. Ang kabutihan ay nagsisimula sa puso't isipan. . . . Ito ay libu-libong maliliit na desisyon at gawa na natipon. . . . Ang mabubuting babae at lalaki ay kapita-pitagan at may lakas ng kalooban. Sila ay tiwala dahil karapat-dapat silang tumanggap at magabayan ng Espiritu Santo."

**Elaine S. Dalton, Young Women general president, "Pagbalik sa Kabutihan," *Liahona,* Nob. 2008, 78–80.**

IPININTA NI ROBERT T. BARRETT © 1984; LARAWAN NI SISTER DALTON NA KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY



*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*

# Dapat Kang Mag-seminary

*Ang simpleng mungkahi ng isang kaibigan ay nagpabago ng aking buhay.*

**Ni Lisa Pace**



PAGLALARAWAN NI DOUG FAKKEL

"Lisa, dapat kang mag-seminary," ang simpleng sabi ni Ashley. Nasa harapan namin ang mga folder ng mga listahang nagpapakita ng mga klaseng pagpipilian para sa susunod na pasukan, noong nagsisimula pa lang kami sa hayskul.

Wala sa sariling tiningnan ko ang aking kaibigan, hanggang sa huli ay nagawa kong ngumiti. Ayokong sabihin ito sa kanya, pero malayung-malayo sa isip ko ang seminary. Hindi ako gaanong aktibong miyembro ng Simbahan noon, halos buong buhay ko. Sa paglipas ng mga taon, lumaki ako na kakaunti ang alam sa ebanghelyo pero hindi ako nakatanggap ng malakas na patotoo sa katotohanan nito.

Habang pauwi mula sa eskuwelahan sa araw na iyon, nagsimula akong magkainteres sa seminary. Si Ashley, gayundin ang ibang mga kaibigan ko, ay tila sabik na sabik lahat na maging bahagi nito. Ginusto kong gawin din ang ginagawa ng mga kaibigan ko, kahit hindi ko maunawaan ang ginagawa nila o kung bakit nila ito ginagawa. Matapos kong ipaalam ang plano ko sa aking mga magulang at makuha ang pahintulot nila, nagpasiya akong mag-seminary sa unang taon ko sa hayskul.

Hindi ko alam noon ang laki ng epekto ng simpleng desisyong iyon sa buhay ko. Ang unang taon ko sa seminary ay nagpabago sa buhay ko nang makita ko na ang sarili ko at ang iba bilang mga anak ng Diyos, na minamahal at itinatangi. Nagsimula akong magsimba tuwing Linggo, kahit hindi aktibo ang pamilya ko.

Nakatapos na ako ng hayskul, pero lagi kong pasasalamatan ang seminary. Sa loob ng isang oras na iyon bawat araw, nasagot ang mga dalangin ko at napalakas ang aking patotoo. Tinulungan ako ng seminary na maghanda para sa kasal sa templo at hinikayat akong magsikap na maging mas mabuting tao.

Alam kong mahal ng Diyos ang bawat isa sa atin. Alam ko na ang seminary ay isang pagpapalang tumulong sa akin na magtayo ng matibay na pundasyon kay Jesucristo. Hinihikayat ko kayong mag-enrol sa seminary. Babaguhin din nito ang buhay ninyo. ■

# Ang Bahaging para sa **Atin**

## TAKOT NA MAGBAGO

Ni Olivia Ghafoerkhan

Lumaki akong Kristiyano. Kahit hindi kailanman naging relihiyoso ang pamilya ko, palaging itinuturo sa akin ng itay ko na kumilos ako ayon sa alam kong totoo.

Noong tinedyer pa lang ako marami akong dinaanang pagsubok. Naopera ako sa likod, nagdiborsiyo ang mga magulang ko, nagkasakit ang nanay ko, at inalagaan ko ang nakababata kong kapatid na babae; dahil dito'y naging malupit ako at mapaghinala. At ilang buwan bago ako tumuntong ng edad 15, nakilala ko ang mga misyonero. Itinuro sa akin nina Elder Johnson at Elder Chadwick ang tungkol sa ebanghelyo.

Binasa ko ang Aklat ni Mormon, ngunit ayaw kong gawin ang mga pagbabagong hiniling ng mga elder na gawin ko. Sinabi ko sa kanila na kalabisan ang mga pagbabago at halos sabihin ko sa kanilang iwan o pabayaan na lang niya ako. Tumingala ako habang binibigkas ko ang mga salitang iyon at nagtagpo ang tingin namin ni Elder Chadwick. May luhang dumaloy sa kanyang pisngi, at noon lang ako nakadama ng matinding kahihiyan. Sinabi kong tatawagan ko sila kinabukasan.

Umuwi ako galing sa simbahan at natapos ko ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon sa






kauna-unahang pagkakataon. Pagkatapos ay lumuhod ako, na noon ko lamang ginawa, at nagtanong sa Diyos kung ito ay totoo. Hindi pa ako nagtanong sa Diyos kahit kailan. Takot na takot akong magbago. Pagkatapos kong sabihing "amen," nakadama ako ng kapanatagan at kapayapaan. Nalaman kong may isang Ama sa Langit na nagmamahal sa akin, nalaman kong totoo ang Aklat ni Mormon, at nalaman kong maaari akong magbago.

Makalipas ang sampung araw ako ay nabinyagan. Dumalo ang mga magulang ko sa aking binyag. Bagamat ako pa rin ang nag-iisang miyembro ng simbahan sa aking pamilya, nananalig ako na balang-araw sila ay luluhod din at magtatanong sa Diyos. Binabasa ko ngayon ang Aklat ni Mormon sa ikawalong pagkakataon, at kasingganda pa rin ito tulad noong una ko itong binasa. Alam kong totoo ang Aklat ni Mormon. May kapangyarihan itong baguhin ang mga tao. ■

## ANG AKING PATOTOO TUNGKOL SA PANALANGIN


Hindi laging sinasagot ang mga dalangin sa paraang inaasam o inaasahan mo. Pag-isipan ang ipinagdarasal mo at ituon ang pansin sa nadarama mo. Laging tandaan na mahal ka ng Panginoon at sasagutin ang iyong mga dalangin. Maaaring sinagot na Niya ang mga ito, at kailangan mo lang matukoy ang sagot.

Mary M., edad 17, England



**UPANG** makapag-ambag sa Ang Bahaging para sa Atin, ipadala sa e-mail ang inyong kuwento, magandang retrato, o feedback sa liahona@ldschurch.org, na inilalagay ang "Our Space" sa subject line. Isama ang inyong pangalan, kapanganakan, ward o branch, stake o district, at pahintulot ng magulang (tinatanggap ang e-mail). Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.

# MABUTI ANG MAGING MAHALAGA



## NGUNIT MAS MAHALAGA ANG MAGING MABUTI

DETALYE MULA SA *PABAYAAN NINYO ANG MALIIIT NA BATA NA MAGSILAPIT SA AKIN*, NI CARL HEINRICH BLOCH, GINAMIT NANG MAY PAHINTULOT NG NATIONAL HISTORIC MUSEUM AT FREDERIKSBORG SA HILLERØD, DENMARK, HINDI MAARING KOPYAHIN

# Sana Ako'y Makapagmisyon?



Ni Loran Cook

Siguro narinig na ninyo ang awit sa Primary na "Sana Ako'y Makapagmisyon." May isa pa talagang mahalagang awit pambata tungkol sa pagmimisyon. Sabi rito: "Nais ko nang maging misyonero. Di na mahintay ang paglaki."[1] Sang-ayon dito si Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabi niya, "Bata pa ay dapat nang mangako sa sarili ang mga kabataan na magmimisyon sila."[2]

Gayunpaman, ang malaman na kailangan ninyong magmisyon at ang pakiramdam na handa na kayo ay dalawang magkaibang bagay. Saan kayo magsisimula? Ang pagpapalakas sa inyong patotoo at kaalaman sa ebanghelyo ay dalawa sa pinakamaiinam na bagay na magagawa ninyo. Nasa ibaba ang ilang paraan na makapaghahanda kayo sa pagmimisyon.

## 1. Pananampalataya

Kailangan nating palakasin ang ating pananampalataya araw-araw. Itinuro ni Jesucristo, "Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin" (Moroni 7:33).

- Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Ang mga ito ay nagtuturo at nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo.
- Sumampalataya kapag naharap sa pansariling mga problema. Ang pagsampalataya kay Jesucristo ay makakaaliw sa inyo sa mga panahon ng hirap at tutulungan kayong malampasan ang lahat ng hadlang.
- Magtamo ng higit na kakayahang kontrolin ang inyong katawan at isipan sa pagalam sa kahalagahan ng edukasyon, lakas ng katawan at kalusugan.
- Patuloy na magsisi, sumunod sa mga kautusan, mag-ayuno, at manalangin upang padalisayin ang inyong buhay.
- Para sa mga kabataang lalaki, sumampalataya kay Jesucristo sa pag-alam at pagtupad ng inyong mga tungkulin sa priesthood.

## 2. Espiritu

Itinuro din ni Elder Ballard, "Kailangang maging malinis ang moralidad ng mga missionary at espirituwal silang handa."[3]

- Pag-aralan at sundin ang mga gabay sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.
- Hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pag-aayuno, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagdarasal para sa patnubay.
- Magbasa tungkol sa mga kaloob ng Espiritu sa Doktrina at mga Tipan 46:11–26. Mapanalanging hangarin na matuklasan ang inyong mga espirituwal na kaloob. Hingin ang payo ng inyong mga magulang at lider para matulungan kayong magtaglay ng mga espirituwal na kaloob.
- Itanong sa inyong sarili, "Ang mga aklat ba na binabasa ko at mga programa sa telebisyon at mga pelikulang pinanonood ko ay nakakabuti?" Kung hindi, pag-isipan kung paano kayo makakapili ng mas mabuting libangan.
- Matutuhang makinig sa mga espiritwal na pahiwatig.







MGA PAGLALARAWAN NI SAL VELLUTO AT TRAVIS WALTON

## 3. Pagmamahal

Kailangan ninyo ng pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, para makapaglingkod nang mabuti bilang misyonero. Ang magmahal sa iba ay hindi laging madali. Kailangan dito ng paglilingkod, ng pananampalataya, ng Espiritu Santo, at ng tapang. Sabi ni Mormon, kailangan ninyong manalangin nang buong lakas upang mapuspos ng dalisay na pag-ibig ni Cristo (tingnan sa Moroni 7:48).

- Manalangin nang mapakumbaba at taimtim upang makayanang mahalin ang iba tulad ng pagmamahal ni Cristo.
- Magpakita ng pagmamahal sa inyong pamilya sa paggawa ng kabutihan sa bawat kapamilya. Pumili ng isang kapamilyang nangangailangan ng dagdag na pagmamahal o pansin at pag-ukulan siya ng panahon.
- Magpakita ng pagmamahal sa isang taong nangangailangan sa paggawa ng kabutihan sa kanya.

## 4. Paglilingkod

Itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao ang kahalagahan ng paglilingkod. Sabi niya, kapag pinaglingkuran natin ang iba, pinaglilingkuran natin ang Diyos (tingnan sa Mosias 2:17)

- Gawing regular ang paglilingkod. Maaari kayong kusang maghugas ng mga pinggan matapos kumain, tumulong sa inyong kapatid sa takdang-aralin, makipag-usap sa isang taong kailangan ng kaibigan, o tumulong na mapanatiling malinis ang inyong kapaligiran.
- Ipanalangin na mabigyan kayo ng lakas at patnubay sa pagsunod sa halimbawa ng paglilingkod ng Tagapagligtas.
- Tulungan ang grupo ng inyong Young Men o Young Women na magplano ng aktibidad na pang-serbisyo.

## 5. Paanyaya

Inanyayahan ni Alma, isa sa mga dakilang misyonero sa Aklat ni Mormon, yaong mga hindi miyembro ng Simbahan na "lumapit at magpabinyag tungo sa pagsisisi" (Alma 5:62). Maaari ninyong sundan ang kanyang halimbawa.

- Maging mabuting kaibigan at halimbawa sa mga kaibigan at kapamilyang hindi miyembro ng Simbahan.
- Humanap ng mga pagkakataong maturuan ang inyong mga kaibigan at kapitbahay tungkol sa ebanghelyo.
- Pag-aralan ang ebanghelyo at magsanay na ituro ito ngayon. Humingi ng gabay sa inyong ward o branch mission leader tungkol sa paraan ng pagtuturo ng ebanghelyo. Kung maaari, dumalo sa klase ng mga investigator kapag tinuruan sila ng mga full-time missionary.
- Pag-aralan ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* kasama ang inyong mga magulang para sa family home evening. Maaari kayong maghalinhinan sa pagtalakay sa mga aralin, magturo ng ilang bahagi nito, at mag-anyaya sa isa't isa na magpatotoo tungkol sa inyong natutuhan.

Ang pagmimisyon ay mahalagang mithiing dapat nang gawin ngayon, at ang paghahanda ngayon ay magiging kapaki-pakinabang sa inyong buhay araw-araw na hahantong sa pagmimisyon. Sapat na ang edad ninyo para magsimulang maghanda—hindi na kayo kailangang maghintay pa na tumangkad nang isa o dalawang talampakan. ■


**MGA TALA**

1. Sana Ako'y Makapagmisyon," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 91.
2. M. Russell Ballard, "Paano Maghanda para Maging Mabuting Missionary," *Liahona,* Mar. 2007, 10.
3. M. Russell Ballard, *Liahona,* Mar. 2007, 12.

# Ang Pinakamahusay na Brigham Young

**Ni Karen A. Kimball**

Batay sa tunay na buhay

*"Si Brigham Young [ay] inilaang bumangon sa kaganapan ng panahon upang makiisa sa paglalatag ng saligan ng dakilang gawain ng huling araw" (D at T 138:53).*



Nakinig si Kathy nang ipinaliwanag ni Mr. Sodeberg kung paano nandayuhan ang mga tao sa Estados Unidos. Tuwang-tuwa siya sa bago niyang klase sa history. Habang binubuklat ang mga pahina ng bago niyang aklat sa history, tumigil si Kathy sa isang larawan ni Brigham Young. Hindi niya alam ang kabuluhan ni Brigham Young sa kasaysayan ng Estados Unidos noong araw.

Tinapos ni Mr. Sodeberg ang kanyang lektyur. "Araw-araw ay may homework kayo," wika niya. "Bukas ipapasa ang unang asaynment ninyo."

Bumuntong-hininga si Kathy habang nakatingin siya sa lahat ng tanong na iniatas ni Mr. Sodeberg.

"Nahirapan ka ba ngayon sa eskuwela?" tanong ni Inay.

"Homework po araw-araw," sabi ni Kathy. Naalala niya ang larawan sa kanyang aklat sa history.

"Inay, nasa textbook ko po si Brigham Young. Bakit po napakahalaga niya sa kasaysayan ng U.S.?"

"Pinamahalaan niya ang pandarayuhan ng libu-libong Banal sa mga Huling Araw papuntang Salt Lake Valley. Pagkatapos ay bumuo siya ng mga pamayanan," sabi ni Inay. "Matagal ipinlano iyon. Mahalagang bahagi iyon



ng pandarayuhang pakanluran sa bansa."

Kinabukasan ipinahayag ni Mr. Sodeberg, "Sa isang linggo magtatanghal tayo ng readers' theater. Bawat isa sa inyo ay magsasadula ng isang tauhan sa pandarayuhang pakanluran. Padadaluhin ang mga magulang ninyo at iba pang mga estudyante sa pagtatanghal."

Sinimulang iatas ni Mr. Sodeberg ang mga tauhan sa mga estudyante at namigay siya ng mga iskrip. Nang itanong niya kung sino ang gustong gumanap sa papel ni Brigham Young, agad nagtaas ng kamay si Kathy.

"Ang homework ngayong gabi ay simulang isaulo ang inyong iskrip," sabi ni Mr. Sodeberg. "Kailangan ninyong bigkasin ito nang walang mali. Nakasalalay diyan ang marka 'nyo."

Binasa ni Kathy ang kanyang iskrip habang palabas sila ng klase ng kaibigan niyang si Laura. Kinilabutan siya. "Mali itong lahat," sabi niya kay Laura. "Ginawa nitong sinungaling si Brigham Young."

"Iba lang ang pananaw mo dahil sa simbahan ninyo," sabi ni Laura.

"Hindi ko masasabi ang mga ito," sabi ni Kathy.

"Kailangan mo iyang bigkasin nang walang mali," paalala ni Laura sa kanya.

Tumulo ang mga luha sa pisngi ni Kathy habang tumatakbong pauwi at dali-daling pumasok sa pinto sa harapan.

"Maraming homework?" tanong ni Inay.

"Mas malala po," sabi ni Kathy, at iniabot sa kanya ang iskrip. "Basahin po ninyo ito."

Binasa ng ina ang iskrip at napailing. "Walang masyadong alam tungkol kay Brigham Young ang sumulat nito."

"Ano po ang gagawin ko?" tanong ni Kathy.

"Maghanap muna tayo ng kasuotan ni Brigham Young," sabi ni Inay.

Sinukat ni Kathy ang mahabang amerikanang itim ng Lolo niya at itinupi ang manggas ng puting polo ng kanyang kapatid. Ipinakita ng kapitbahay nilang si Mr. Grandi kay Kathy kung paano lumakad na hawak ang ekstrang tungkod niyang kahoy.

May nakita si Inay na mataas na sumbrerong itim sa kabinet at isinuot ito kay Kathy. "Ipagmamalaki ka ni Brigham Young," sabi ni Inay. "Ngayon kailangan mo ng bagong iskrip."

Naghanap si Kathy ng impormasyon tungkol kay Brigham Young sa mga aklat ng kasaysayan at Web site ng Simbahan. Di nagtagal bago na ang iskrip.

"Ang totoong kuwento ni Brigham Young," sabi ni Kathy.

Sa araw ng pagtatanghal, nagtipon ang klase ni Kathy sa awditoryum. Naghintay sa kanilang upuan ang mga magulang at iba pang mga estudyante. Pinasimulan ni Mr. Sodeberg ang programa; pagkatapos ay tumayo siya sa likod ng entablado habang binibigkas ng mga estudyante ang kanilang bahagi sa dula.

Nabigkas ni Alex nang walang mali ang kanyang iskrip, ngunit nagkamali-mali sa pagsasalita si Randall. Pinaulit siya ni Mr. Sodeberg mula sa simula. Pisil ni Kathy ang kanyang tungkod. Nang siya na ang magtatanghal, binigkas ni Kathy ang tunay na kuwento tungkol kay Brigham Young.

"Binago mo ba ang iskrip mo?" tanong ni Laura pagkatapos ng pagtatanghal.

"Oo. Sinabi ko ang totoo," sabi ni Kathy.

"Nariyan na si Mr. Sodeberg," sabi ni Laura.

"Ang gagaling ninyo," sabi ni Mr. Sodeberg. "Kathy," pagpapatuloy niya, "ikaw ang pinakamahusay na Brigham Young na nakita ko." ■



Si Brigham Young ay . . . kumilos ayon sa tamang mga alituntunin, at naging makapangyarihang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon."

**Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, "At Sila'y Walang Kadahilanang Ikatitisod," *Liahona,* Nob. 2006, 90.**

PAGLALARAWAN NI JULIE F. YOUNG

# Paano ako magtatayo ng espirituwal na pundasyon?



Nagbahagi si Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol ng ilang ideya tungkol sa paksang ito.

**4. Dapat ay handa tayong sundin si Jesucristo sa pamamagitan ng paglilingkod sa isa't isa.** Dapat tayong maging mapagparaya at taglayin sa ating buhay ang mga katangiang itinuro ni Cristo sa atin.

**2. Dapat tayong manalangin.** Huwag mahiga sa gabi nang hindi muna lumuluhod sa harapan ng inyong Ama, nagpapasalamat sa inyong natanggap, at nagsusumamo sa Kanya na palakasin ang inyong mga espirituwal na pundasyon.

**3. Dapat tayong sumamba.** May kapangyarihan sa mga ordenansa ng ebanghelyo, sa pakikibahagi ng sacrament linggu-linggo. May kapangyarihan sa pagpupulong natin nang sama-sama sa Simbahan at, higit sa lahat, sa pagsamba sa ating tahanan.


**1. Dapat nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan.** Ibinigay sa atin ng Panginoon ang kagila-gilalas na mga aklat na ito upang patibayin ang ating pundasyon.

*Hango sa "Storm Warning,"* New Era, *Okt. 2001, 44–45.*

KALIWA: PAGLALARAWAN NI SCOTT JARRARD

# Ang Ating Pahina





Labis akong nagpapasalamat na isinilang ako sa isang pamilyang alam ang totoong ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ikawalong kaarawan ko ay natapat sa Linggo ng Pagkabuhay, at tuwang-tuwa akong mabinyagan sa araw na ipinagdiriwang natin ang Pagkabuhay na Maguli ng Tagapagligtas. Medyo kabado ako, pero naroon ang tatay ko, at alam ko na mapagkakatiwalan ko siya. Sa binyag nakadama ako ng sigla at saya sa puso ko, at pagkatapos ay nalaman ko na mapagkakatiwalaan ko ang Ama sa Langit na katulad ng tatay ko.

Ako ay 11 taong gulang na ngayon, at inaasam kong makapunta sa templo upang magpabinyag para sa mga patay. Alam ko na sa pamamagitan lamang ng binyag tayo makababalik sa ating Ama sa Langit.
**Mirjam S., edad 11, Switzerland**



**Jerry L., edad 9, Philippines**




**"Family Home Evening," ni Nicolas M., edad 6, Brazil**



*Si Sakura O., edad 8, mula sa Japan, ay bininyagan kamakailan. Binabasa niya ang Aklat ni Mormon araw-araw. Gustung-gusto niyang magsimba, manalangin, at makita ang templo. Gusto niyang sundin si Jesucristo at sinisikap niyang gumawa ng mabubuting pasiya.*



*Mga bata ng Primero de Mayo Branch, Bermejo Bolivia District, matapos lumahok sa kanilang pagtatanghal sa sacrament meeting.*

# Ang **mga Banal na Kasulatan ay Salita ng Diyos**


**Nina JoAnn Child at Cristina Franco**

*"Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).*

Sa Aklat ni Mormon, ikinuwento ni Lehi sa kanyang pamilya ang kanyang panaginip tungkol sa punungkahoy ng buhay. Sa kanyang panaginip, gusto ni Lehi na kumain ang kanyang pamilya ng bunga ng punungkahoy, na "kanais-nais sa lahat ng iba pang bunga" (1 Nephi 8:15). Nakita niya ang maraming taong naglalakad sa landas patungo sa punungkahoy ng buhay, ngunit nawala ang iba sa abu-abo ng kadiliman at naligaw ng landas. Ang iba ay humawak nang mahigpit sa gabay na bakal sa kahabaan ng landas patungo sa puno. Sumulong sila, na nakahawak nang mahigpit sa bakal hanggang marating nila ang puno at makain nila ang bunga, na nagdulot sa kanila ng galak. (Tingnan sa 1 Nephi 8.)

Nanalangin ang anak ni Lehi na si Nephi upang malaman ang kahulugan ng mga bagay na nakita ng kanyang ama. Ipinakita rin kay Nephi ang napanaginipan ng kanyang ama. Itinuro ng Espiritu kay Nephi na ang punungkahoy ng buhay ay kumakatawan sa pag-ibig ng Diyos. Ipinakita kay Nephi si Jesucristo, ang Anak ng Diyos, na nagtuturo at nagpapala sa mga tao sa lupa. Itinuro din kay Nephi na ang gabay na bakal ay kumakatawan sa salita ng Diyos. (Tingnan sa 1 Nephi 11.)

Ang mga banal na kasulatan ay salita ng Diyos. Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay parang paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal. Malalaman natin ang nais ipagawa at ipasabi ni Jesus sa atin. Magkakaroon tayo ng kapangyarihang labanan ang tukso at makarating sa punungkahoy ng buhay at madama ang pag-ibig ng Diyos. ■



## AKTIBIDAD

Hanapin ang mga reperensya sa banal na kasulatan sa pahina 65 upang matuklasan ang kahulugan ng mga bagay na nakita nina Lehi at Nephi sa kanilang pangitain ng punungkahoy ng buhay. Gupitin at gamitin ang mga drowing para maibahagi sa iba ang natutuhan ninyo. Maitatanong din ninyo sa inyong mga magulang kung maaari ninyo itong ikuwento sa family home evening.

MGA PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH




**Sariah, Sam, at Nephi**
1 Nephi 8:13–14



**Maluwang na Gusali**
1 Nephi 11:35–36


**Mga Taong Nanlalait**
1 Nephi 8:26–27



**Punungkahoy ng Buhay**
1 Nephi 11:21–22



**Gabay na Bakal**
1 Nephi 11:25




**Makipot at Makitid na Landas**
1 Nephi 8:20



**Abu-abo ng Kadiliman**
1 Nephi 12:17



**Malawak na Parang**
1 Nephi 8:20



# Si JESUS Noong Bata Pa



**Templo sa Jerusalem**—Ang templong ito ay naiiba sa mga templo ngayon. Napakalaki nito, at may mga patyo at balkon na puno ng mga tao. Nagdala ng mga hayop ang mga tao sa templo para ialay ng mga saserdote.

**Pag-aalay**—Nang mag-alay ng mga hayop ang mga saserdote sa altar, itinuro nito sa mga tao na balang araw ay iaalay ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak na si Jesucristo, na mamamatay para sa ating mga kasalanan.



**Ni Diane L. Mangum**

Hawak ni Maria ang sanggol na si Jesus habang naglalakad siya sa mataong **templo** sa Jerusalem. Dumating sila ni Jose mula sa Bet-lehem upang mag-alay ng **handog** na dalawang kalapati sa templo. Halos anim na linggo pa lang noon ang edad ni Jesus.

Sa templo ay may matandang lalaking nagngangalang Simeon. Pinangakuan siya na makikita niya ang Tagapagligtas balang araw. "Ipinahayag sa kaniya ng Espiritu Santo, na di niya makikita ang kamatayan, hanggang sa makita muna niya ang Cristo ng Panginoon" (Lucas 2:26). Nang makita niya ang sanggol na si Jesus, nagalak si Simeon dahil nalaman niya na natupad ang pangako.

Pagkatapos ay galak na nagpatotoo ang isang babaeng nagngangalang Ana na naglilingkod sa templo na si Jesus ang Tagapagligtas.

Ngunit hindi lahat ay masaya sa pagsilang ng Tagapagligtas. Narinig ni Haring Herodes na naisilang na ang batang magiging hari ng mga Judio. Ayaw ni Herodes ng ibang mga hari sa kanyang lupain. Iniutos niyang patayin ang lahat ng sanggol na isinilang malapit sa Bet-lehem sa nakaraang dalawang taon!

Isang anghel ang nagpakita kay Jose sa panaginip upang balaan siya tungkol sa plano ni Herodes. Tumakas sina Jose at Maria sa gabi. Dinala nila si Jesus upang manirahan sa lupain ng Egipto, kung saan Siya ay ligtas.

Pagkamatay ni Haring Herodes, lumipat ang pamilya ni Jesus sa bayan ng Nazaret. Nagtrabaho si Jose bilang karpintero. Si Maria ang nag-asikaso sa sambahayan.

Natutong magtrabaho si Jesus kasama ni Jose. Gaya ng lahat ng lalaking Judio, pinag-aralan Niya ang mga banal na kasulatan at batas ng mga Judio. Sinunod nina Jose at Maria ang mga kautusan, at natuto si Jesus mula sa Kanyang mga magulang sa lupa. Si Jesus ay "lumalaki, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan: at sumasa kaniya ang biyaya ng Diyos" (Lucas 2:40).

Noong si Jesus ay 12 taong gulang, dinala Siya nina Maria at Jose sa Jerusalem upang ipagdiwang

*Ang salaysay na ito ay nagmula sa Mateo 2; Marcos 6:3; Lucas 2:21–52.*





ITAAS KALIWA: DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN, SA KAGANDAHANG-LOOB NG C. HARRISON CONROY CO.; ITAAS: PAGLALARAWAN NI DAN BURR; IBA PANG MGA PAGLALARAWAN NI CASEY NELSON

ang **Paskua**. Naglakbay sila kasama ng maraming tao. Nagsilakad ang mga babae't lalaki sa iba't ibang grupo, at nagkita-kita ang magpapamilya tuwing gabi para maghapunan habang nakahimpil sila sa daan.

Matapos ang pagdiriwang papauwi na sina Jose at Maria. Noong gabing iyon natanto nila na hindi kasama si Jesus sa anumang grupong kasabay nilang naglakbay. Nagmadali silang bumalik sa Jerusalem upang hanapin Siya. Pagkaraan ng tatlong araw natagpuan nila si Jesus sa templo. Kausap Niya ang mga guro at sinasagot ang kanilang mga tanong. Namangha ang kalalakihan sa templo.

Sinabi ni Maria kay Jesus na alalang-alala sila ni Jose. Pinaalalahanan siya ni Jesus na kailangan Niyang gawin ang gawain ng Kanyang Ama sa Langit. Kahit bata pa, alam ni Jesus na may mahalagang gawain Siyang gagawin bilang bahagi ng plano ng Kanyang Ama sa Langit. ■

**Paskua**—Ito ay mahalagang pista opisyal na ipinagdiwang ang panahon na tinulungan ni Jehova ang mga Judio na makatakas mula sa pagkaalipin sa Egipto, mga 1,400 taon bago isinilang si Jesus.



# Nasaan si Isabelle?

**Ni Susan Denney**

Batay sa tunay na buhay

*"Sila ay nagnais na mabinyagan bilang saksi at bilang patotoo na sila ay nahahandang paglingkuran ang Diyos ng kanilang buong puso" (Mosias 21:35).*

Tuwang-tuwa si Isabelle at halos magpaluksu-lukso habang naglalakad silang mag-ama sa pasilyo. Sinuklay ng kanyang ina ang maitim niyang buhok at isinara ang siper ng mahabang puting damit na isusuot ni Isabelle sa kanyang binyag. Huminto siya sa labas ng silid kung saan naghihintay ang lahat.

"Maaari po bang magkaroon niyon ang kahit sino?" tanong niya sa kanyang tatay, habang nakaturo sa mga kopya ng Aklat ni Mormon na nasa maliit na mesa.

"Oo. Para iyan sa mga taong gustong makaalam pa tungkol sa ating simbahan," sabi ni Itay.

Sumilip si Isabelle sa silid. Puno iyon ng mga taong mahal niya. Ang kanyang lola, mga tiya, mga tiyo, at mga pinsan ay nakaupo malapit sa harapan. Ang matalik niyang kaibigang si Grace ay nakaupo sa likuran kasama ang kanyang pamilya. Ngunit hindi nakita ni Isabelle si Miss Perkins, ang kanyang guro sa eskuwelahan.

"Pumasok na tayo," sabi ni Itay. "Magsisimula na ang miting."

"Maaari po bang hintayin natin nang isa pang minuto si Miss Perkins?"

Si Miss Perkins ang paboritong guro ni Isabelle. Mahilig ito sa mga aklat, at gayon din si Isabelle.

"Mabuti at inimbita mo siya, Isabelle, pero baka hindi siya dumating," marahang sabi ni Itay.

Bumuntong-hininga at tumango si Isabelle. Pumasok na silang mag-ama sa silid at naupo sa upuan sa harapan. Bago magsimula ang pambungad na himno, lumingon si Isabelle para tingnan kung naroon ang kanyang guro. Naroon siya kasama ng pamilya ni Grace! Ngumiti si Isabelle. Ngumiti rin sa kanya si Miss Perkins.

Matapos ang binyag ni Isabelle hiniling ng bishop sa lahat na samasamang magparetrato.

"Nasaan si Isabelle?" tanong niya.

Lahat ay naghanap. Wala si Isabelle!

Hinanap ni Grace ang kanyang kaibigan. Una siyang naghanap sa pasilyo, pero wala roon si Isabelle. Pagkatapos ay naghanap siya sa bulwagan, ngunit wala rin ito roon. Sa huli, naghanap si Grace sa labas at nakita si Isabelle sa hagdan ng meetinghouse at kausap si Miss Perkins.

"Salamat po sa pagdalo ninyo sa binyag ko," sabi ni Isabelle.

"Walang anuman," sabi ni Miss Perkins. "Pasensya ka na at kailangan kong umalis kaagad. May pupuntahan pa ako ngayon."

"OK lang po. Pero may ibibigay po ako sa inyo." Iniabot ni Isabelle sa kanyang guro ang isang Aklat ni Mormon na kinuha niya sa ibabaw ng mesa sa pasilyo. "Alam ko po na gustung-gusto ninyong magbasa, at *talagang* maganda po ang aklat na ito."

"Salamat," sabi ni Miss Perkins.

"Babasahin po ba ninyo ito?" tanong ni Isabelle.

"Oo, babasahin ko," sabi ni Miss Perkins. "Pangako."

Masayang-masaya si Isabelle. Nakangiti siya nang bumaling at makita si Grace na naghihintay sa kanya.

"Ano ang ginagawa mo rito?" tanong ni Grace. "Gusto ng nanay mo na magparetrato tayong lahat."

"Lumabas ako para bigyan si Miss Perkins ng Aklat ni Mormon," sabi ni Isabelle.

Nanlaki ang mga mata ni Grace. "Natakot ka ba?"

"Medyo. Pero mas takot ako na baka itago lang niya iyon sa istante. Kaya tinanong ko siya kung babasahin niya iyon."

MGA PAGLALARAWAN NI CRAIG STAPLEY





**N**ararapat na 'may ganap na pagsusumikap' (D at T 123:14) sa pagdadala natin ng liwanag ng ebanghelyo sa mga taong naghahanap sa mga sagot na ibinibigay ng plano ng kaligtasan."

**Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Magdala ng mga Kaluluwa sa Akin,"** ***Liahona,*** **Mayo 2009, 110.**

"Ano ang sabi niya?" tanong ni Grace.

"Nangako siyang babasahin nga niya!"

"Ang galing!" sabi ni Grace.

Sumama ang dalawang bata sa grupo ng mga kaibigan at kamag-anak.

"Natutuwa ako't nakita ka ni Grace, Isabelle!" sabi ng bishop. Pagkatapos ay hiniling nitong muli na magsiksikan silang lahat para magparetrato. Nakatayo si Isabelle sa gitna ng unang hanay.

Pagkatapos niyon, yumukod ang nanay ni Isabelle para yakapin siya. "Maaalala mo na ngayon ang araw ng binyag mo magpakailanman!" wika nito.

Napangiti si Isabelle. Alam niya na may retrato man o wala, hinding-hindi niya malilimutan ang araw ng kanyang binyag at ang kasiyahang maging isang misyonero. ■

# Hindi Ba Tayo Puwedeng Maging Magkaibigan?

**Ni Patricia Graham**

Batay sa tunay na buhay

*"At magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin, na mangagpatawaran kayo sa isa't isa" (Efesos 4:32).*














MGA PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS


5. Noong gabing iyon nagdasal si Margaret sa Ama sa Langit. Sinabi niya sa Kanya ang problema niya. Pagkatapos ay may naisip siya.
6. At kinabukasan ay sinimulan siyang tuksuhin ng mga bata.
Hindi ba tayo puwedeng maging magkaibigan?
7. Kinabukasan sa paaralan hinatak ng mga bata ang mga laso niya sa buhok.
Hindi ba tayo puwedeng maging magkaibigan?
8. Isang linggo kalaunan masayang ikinuwento ni Margaret sa kanyang lola ang nangyari.
Binigyan ako ng ideya ng Ama sa Langit na maging mabait sa mga babae. Hindi na nila ako tinutukso, at ngayon ay kaibigan ko na sila.

# PAKIKIPAGKAIBIGAN SA IBA'T IBANG PANIG NG MUNDO


Saan ka man nakatira, maa-ari kang makipagkaibigan sa pamamagitan ng pagiging mabait sa iba. Tingnan ang mga larawan nina Margaret (kaliwa) at Antoine (kanan). Sa iba't ibang bansa sila nakatira. Sikaping hanapin at bilugan ang limang bagay na magkakatulad sa dalawang larawan.



KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS

# Pagandahin ang Araw

**Ni Lindsay Stevens**



*Tinutulungan ni Manuel ang kanyang ina sa paghahanda ng almusal.*

*Pumapasok si Manuel sa eskuwela.*

*Nakikinig si Manuel sa kanyang ama habang binabasahan nito ng mga banal na kasulatan ang pamilya.*

*Nagdarasal si Manuel bago matulog.*

Iniukol ni Manuel ang kanyang araw sa paggawa ng mabubuting bagay. Ayusin ang kanyang araw sa pagsulat ng mga numero sa mga kahon para makita kung ano ang una, pangalawa, pangatlo, at pang-apat na ginawa niya.

Anong mabubuting bagay ang magagawa mo ngayon?

KANAN: MGA PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

# Mga Balita sa Simbahan

## Pagpapakilala ng mga Bagong Hanbuk sa Pandaigdigang Pagsasanay

**Ni Adam C. Olson, Mga Magasin ng Simbahan**

Ipinakilala ni Pangulong Thomas S. Monson at ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga bagong hanbuk ng Simbahan at ang ilan sa mahahalagang pagbabagong nilalaman nito sa brodkast ng Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno noong Nobyembre 13, 2010.

Ang pagsasanay sa pamumuno na nagpakilala sa mga bagong hanbuk —ang *Handbook 1: Stake Presidents and Bishops* at *Handbook 2: Administering the Church*— ay isinahimpapawid sa 22 wika sa mga priesthood at auxiliary leader sa 95 bansa.

Ang brodkast ay mapapanood sa LDS .org sa www.lds.org/leadership-training.

### Kahalagahan ng mga Hanbuk

"May kaligtasan sa mga hanbuk," sabi ni Pangulong Monson, na nagbababala laban sa mga paglihis sa tamang pagpapatupad ng mga programa ng Simbahan kapag hindi pamilyar ang mga lider sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan "Magiging pagpapala ang mga ito sa inyo at sa mga pinaglilingkuran ninyo kapag inyong binasa, inunawa, at sinunod ang mga ito."

Ang mga hanbuk ay mas pinasimple at ginawang mas madaling iakma para maiwasan ang dalawang malalaking panganib, ayon kay Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang una ay ang panganib na maalis ang impluwensya ng Espiritu Santo sa mga programa ng Simbahan. "Espirituwal ang ating ginagawa," wika niya, "at ang espirituwal na gawain ay dapat magabayan ng Espiritu."

Ang ikalawa ay ang panganib na "maitatag ang Simbahan nang hindi naitatatag ang ebanghelyo," wika niya. "Kailangan nating mailagay ang Simbahan sa buhay ng mga miyembro at maitatag ang ebanghelyo sa puso nila."

Ang ikalawang brodkast ng Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno ay gaganapin sa Pebrero 2011 upang pagtuunan ang mga detalye ng mga responsibilidad ng mga stake president at bishop, ang gawain ng mga korum at auxiliary, at ang partikular na mga hamon ng mga yunit na kulang sa mga miyembro at lider na magsasagawa ng buong programa ng Simbahan.

### Mahahalagang Pagbabago

Karamihan sa teksto ng *Handbook 1: Stake Presidents and Bishops* ay hindi binago mula nang baguhin noong 2006 ang *Church Handbook of Instructions, Book 1*. Ang mga tagubilin sa pinakahuling mga liham ng Unang Panguluhan ay isinama, ang mga kabanata tungkol sa mga tungkulin ng stake president at bishop ay pinaikli at pinalinaw, at ang ilang materyal ay muling isinaayos para mas madaling masangguni.

Ang mga pagbabago sa *Handbook 2: Administering the Church* ay mas malawak. Ang isang pamamaraang nakabatay sa alituntunin ay ginamit upang bawasan ang pagkakumplikado ng mga programa ng Simbahan at tulutan ang ilang lokal na pagangkop kung saan kailangan nang hindi isinasakripisyo ang pagkakapare-pareho ng mga patakaran, pamamaraan, at programa.

Kabilang sa iba pang mga pagbabagong dapat pansinin ang pagbabawas sa trabaho ng bishop sa pamamagitan ng pagpapalawak sa trabaho ng ward council at mga miyembro nito, ang posibleng pagpapadalas ng mga ward council meeting, isang paglilinaw sa misyon ng Simbahan, pagdaragdag sa mga talakayan ng mga priesthood executive committee (kung saan maaaring anyayahan ang mga pangulo ng Relief Society kapag kinakailangan) at ward council tungkol sa gawain ng ward welfare committee, pag-aalis ng tumatayong ward activities committee at pamamahala sa mga aktibidad sa pamamagitan ng ward council, at iba pang mga pagbabago.

### Ang Misyon ng Simbahan

Nililinaw ng mga bagong hanbuk ang tungkol sa tinawag ng Unang Panguluhan noong 1981 na tatlong misyon ng Simbahan—pagpapahayag, pagpapasakdal, at pagtubos.

Muling pinagtitibay ng *Handbook 2,* section



Tinalakay nina Elder M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, at David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol; Julie B. Beck, Relief Society general president; at Walter F. González ng Panguluhan ng Pitumpu ang mga alituntunin sa mga bagong hanbuk ng Simbahan sa Pandaigdigang Pagsasanay sa Pamumuno noong Nobyembre 2010.

2.2, ang layon ng Unang Panguluhan noong 1981 na ang tatlong aplikasyong ito ay bahagi ng isang dakilang gawain, na nagsasabing: "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay inorganisa ng Diyos upang tumulong sa Kanyang gawain na isakatuparan ang kaligtasan at kadakilaan ng Kanyang mga anak" (tingnan sa Moises 1:39).

Nagbabala si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol laban sa "labis na pagbibigay ng pansin sa mga kahulugan at hangganan ng tatlong aplikasyong ito ng gawain ng Panginoon" o "hindi pagbibigay-pansin sa iba pang mahahalagang elemento tulad ng pangangalaga sa mga maralita."

Sabi niya, "Ang pangkalahatang alituntunin, na nakasaad sa section 2.2, ay na 'ang mga programa at aktibidad ng Simbahan [ay nilayong] suportahan at palakasin ang mga indibiduwal at pamilya.'"

### Pagkakapare-pareho at Pag-aangkop

Ang mga alituntunin at doktrinang matatagpuan sa unang tatlong kabanata ng *Handbook 2* "ay mga pundasyon ng pangangasiwa sa Simbahan at dapat sumuporta sa lahat ng ginagawa [ng mga lider]," sabi ni Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gayunman, ang mga sumunod na kabanata sa aklat na ito, lalo na ang bagong kabanatang tinatawag na "Uniformity and Adaptation," ay tumutulong na magpaliwanag kung saan maaaring magkaroon ng pag-aakma sa mga patakaran at programa ng Simbahan.

Ang kabanatang ito ay tumutulong na "malinaw na itakda kung aling mga bagay ang dapat magkapare-pareho saanman sa Simbahan" at "naglalaman [din] ng napakahahalagang alituntuning nagtatakda ng mga kundisyon na magtutulot ng . . . pag-aangkop sa lokal na kalagayan," sabi ni Elder Cook.

Ang mga halimbawa kung saan tamang gawin ang mga pag-aangkop ay sa paglalagay ng mga tauhan at mga programa ng mga auxiliary at sa format at dalas ng mga leadership meeting at aktibidad. Ang mga sitwasyong isasaalang-alang ay ang mga sitwasyon ng pamilya, transportasyon at komunikasyon, maliit na bilang ng mga miyembro, at seguridad.

"Kapag isinaalang-alang kung anong pag-aangkop ang tama, dapat humingi ang mga lider ng patnubay ng Espiritu sa tuwina at ng payo sa nakatataas nilang presiding authority," sabi ni Elder Cook.

### Pagsulong

Sa pamumuno sa isang panel discussion, iminungkahi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang pag-aaral ng mga tagubilin nang paisa-isang kabanata at pagtalakay sa mga alituntunin sa mga council meeting na maaaring humantong sa mas maraming makahulugang pagkatuto.

Kung may mga tanong ang mga lider tungkol sa mga patakaran at programang hindi masagot ng mga hanbuk, dapat nilang talakayin ang mga ito sa kanilang presiding priesthood leader, payo ni Elder Oaks. Kung may mga tanong na hindi nasagot, "tanging ang mga pinaka-senior priesthood leader ang dapat makipag-ugnayan sa Office of the First Presidency." ■

# Ipinagdiwang ang 60 taon ng **Early-Morning Seminary**

Mahirap ang early-morning seminary, ngunit sa nakalipas na 60 taon natutuhan ng mahigit sa isang milyong kabataang miyembro ng Simbahan na sulit ang paggising nang madaling-araw at pagsisikap na ituon hindi lamang ang kanilang mga mata kundi pati rin ang kanilang isipan sa mga banal na kasulatan.

"Ang paggugol ng ilang minuto sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan bawat araw, pagpapatotoo, at pagdama sa Espiritu ay hindi lamang nagpalakas sa mga estudyante sa pagpasok sa paaralan, kundi may nakapagpapagaling itong epekto dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa kanilang buhay," sabi ni Kelly Haws, assistant administrator para sa seminary at institutes of religion. "Ito ay isang malaking oportunidad para sa mga kabataan."

***Mahigit isang milyong kabataang Banal sa mga Huling Araw ang nakinabang sa early-morning seminary mula nang simulan ito 60 taon na ang nakararaan.***



© IRI

## Ang Simula ng Early-Morning Seminary

Ang unang mga klase sa seminary ay idinaos sa regular na oras ng klase noong 1912 sa isang seminary na kalapit ng Granite High School sa Salt Lake City, Utah, USA. Gayunpaman, sa paglipas ng mga taon, parami nang parami ang mga kabataan sa Simbahan na naka-enroll sa pampublikong paaralan ngunit hindi makapunta sa mga klase sa seminary tulad ng mga estudyante sa Granite High.

Sa mabilis na pagdami ng mga miyembro sa Southern California noong huling bahagi ng 1940s, ang pangangailangang turuan ang mga kabataan sa ebanghelyo ay nagbigay-inspirasyon sa isang grupo ng mga stake president na hilingin ang pagkakaroon ng seminary program sa Southern California.

Noong school year 1948–49, si Marion D. Hanks, na kalaunan ay naglingkod sa Panguluhan ng Pitumpu, ay nagtagumpay sa pagtuturo ng early-morning seminary class sa West High School sa Salt Lake City. Ang pagkakaroon ng gayunding mga klase ay tila magandang solusyon para sa mga Banal sa California, at 11 stake ang naaprubahan na bumuo ng 13 early-morning class.

## Pagtugon sa Iba't Ibang Pangangailangan

Mula sa opisyal na pagsisimula ng programa noong school year 1950–51, lumaganap ang early-morning seminary sa Estados Unidos at sa iba't ibang dako ng mundo, tinutulungan ang mga kabataan saanman na pag-aralan ang mga banal na kasulatan at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang opisyal na pangalan nito ay pinalitan kalaunan ng "daily seminary," dahil hindi lahat ng klase ay idinaraos nang napakaaga.

Ang isang dahilan ng tagumpay ng daily seminary ay naiaangkop ito. Ang mga programa ay inorganisa sa stake at district, at maaaring mag-organisa ng mga klase sa isang ward o branch o sa magkakasamang ward o branch ayon sa mga pangangailangan at kalagayan ng mga kabataan, magulang, at lider ng priesthood.

Samantalang mga 115,000 estudyante ang nakikinabang pa rin sa bawat taon mula sa released-time seminary na idinaraos sa oras ng klase sa mga lugar na maraming miyembro ng Simbahan, halos 217,000 estudyante ng seminary sa iba't ibang dako ng mundo ang dumadalo sa daily seminary.

Dahil malayo ang tirahan ng ilang mga kabataan sa Simbahan sa iba pang mga miyembro ng

Simbahan upang makadalo sa mga released-time o daily seminary class, ang home-study seminary program ay itinatag. Ang mga estudyante sa home-study ay gumugugol ng apat na araw bawat linggo na pinag-aaralang mag-isa ang mga itinalagang materyal, pagkatapos ay nagtitipun-tipon kasama ang iba pang mga estudyante sa home-study minsan sa isang linggo upang talakayin ang natutuhan nila.

### Isang Batong Natibag, Hindi ng mga Kamay

Ngayon ang mga klase sa seminary ay idinaraos sa bawat estado sa Estados Unidos at sa 140 bansa sa iba't ibang dako ng mundo. Noong 1948 ang Canada ang naging unang bansa sa labas ng Estados Unidos na nagdaos ng seminary. Dahil sa paglaganap ng early-morning seminary, sumunod ang Mexico noong 1958, Finland at Germany noong 1962, Japan noong 1963, Panama noong 1964, at marami pang bansa sa paglipas ng mga taon. Ang pinakahuli, nagkaroon ng mga klase sa seminary noong 2008 sa mga bansang Benin, Georgia, at Morocco.

Kapag lumalaganap ang seminary sa iba't ibang dako ng mundo, nagkakaroon ng pandaigdigang komunidad ng mga estudyante ng seminary. Hindi mahalaga kung saan nakatira ang mga estudyante ng seminary, isinasaulo nila ang parehong mga talata sa scripture-mastery, pinag-aaralan ang parehong mga talata sa banal na kasulatan, nadarama ang gayunding Espiritu sa paglakas ng kanilang mga patotoo, at gumagawa upang maitayo ang gayunding kaharian.

### Mga Pagpapala ng Pagsasakripisyo

Ang mga estudyante ng seminary, sila man ay dumadalo sa released-time, daily, o home-study seminary, ay nagsasakripisyo na mas naglalapit sa kanila sa Ama sa Langit.

"Kapag nagpasiya ang 15 taong gulang na kabataan na, 'Gigising ako nang alas-5:00 n.u. para sa seminary,' hindi lamang iyan isang pagsasakripisyo, ngunit ang paggamit ng kalayaang iyan ay pahayag sa Ama sa Langit na sinusuklian ng isang pagpapala," sabi ni Brother Haws.

Totoo ang mga pagpapalang iyon ngayon tulad noong nakalipas na 60 taon, at ang seminary sa lahat ng uri nito ay patuloy na nagpapala sa buhay ng mga kabataan sa iba't ibang dako ng mundo. ■

## Naglingkod ang mga Banal sa Africa

Ginugol ng mga miyembro ng Simbahan sa kontinente ng Africa ang araw ng Sabado, Agosto 21, 2010, sa pagpapaganda ng kanilang komunidad bilang bahagi ng 2010 All-Africa Helping Hands Day.

Sa taong ito, inanyayahan ng Aba Nigeria Stake ang ilang mga grupo ng kabataan sa kanilang komunidad na makiisa sa kanila, mahigit 1,000 katao sila sa kabuuan. Sa Umuahia Nigeria District, mahigit 100 miyembro mula sa anim na branch ang naghawan ng mga damo, nag-ayos ng mga bulaklak, at naglinis ng mga kanal at bakuran ng Broadcasting Corporation of Abia State.

Sa Accra, Ghana, ang mga branch ay inatasang maglinis sa iba't ibang lugar, kabilang ang mga ospital, paaralan at presinto ng pulis. Ipinagawa sa ilang mga miyembro ang pagpapatag sa mga lubak o paglilinis ng mga baradong kanal.

Saanman magpunta ang mga miyembro na nakasuot ng kanilang mga Helping Hands vest, malugod na tinatanggap ng mga komunidad ang kanilang tulong. Sinabi ng rektor ng Abia State Polytechnic sa mga boluntaryo, "Sa isang panahong nagtatanong ang lahat kung ano ang magagawa ng pamahalaan para sa kanila, isang kasiya-siyang pangyayari ang magkaroon ng isang organisasyon na patuloy na naglilingkod sa mga tao." ■

## May Triple Combination na Ngayon sa Wikang Indonesian

May bersiyon na ngayon ng triple combination sa wikang Indonesian, dahil dito magkaroon na ang mga nagsasalita ng wikang Indonesian ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas sa kanilang sariling wika. Makukuha rin ang isang bagong edisyon ng Aklat ni Mormon sa wikang Indonesian.

Makikita rin sa internet ang Indonesian triple. Ang bersiyon sa internet ay kinapapalooban ng mga talababa, mapa, at larawan at nagtutulot sa mga mambabasa na markahan ang mga banal na kasulatan at magsaliksik ng mahahalagang salita. Makukuha ito sa scriptures.lds.org/ind.

May mahigit 6,000 miyembro ng Simbahan ang nagsasalita ng Indonesian sa iba't ibang dako ng mundo, karamihan sa kanila ay nasa Indonesia, Malaysia, at Estados Unidos. Ang Indonesia ay pang-apat sa may pinakamalaking populasyon sa mundo.

Hinikayat ng Unang Panguluhan ang mga miyembro na magkaroon ng sarili nilang mga banal na kasulatan at gamitin ang mga ito sa regular na pag-aaral, sa mga miting ng Simbahan, at para sa mga gawain sa Simbahan. ■

## Ang Programa ay Iniluklok sa Hall of Fame

Ang *Music and the Spoken Word,* ang lingguhang pagsasahimpapawid ng Mormon Tabernacle Choir, ay iniluklok sa Radio Hall of Fame sa Estados Unidos. Ang brodkast ay napili matapos ang nominasyon ng mga opisyal ng mga programa para sa pagluluklok at ang publiko ay bumoto para sa kanilang paboritong mga programa at personalidad.

Ang *Music and the Spoken Word* ay nanalo sa kategoryang National Pioneer, na nagpaparangal sa mga brodkaster na naglingkod ng 10 taon man lang sa industriya ng radyo at naging mga lider sa pagkakaroon o pagpapaunlad ng programa sa radyo sa bansa.

Ang *Music and the Spoken Word* ang pinakamatagal na brodkast sa radyo sa Estados Unidos. Ang unang brodkast ay nangyari noong Hulyo 15, 1929.

Ang programa ay isinahimpapawid sa mahigit 2,000 istasyon ng radyo, telebisyon, at cable system. Makukuha rin ito sa internet sa musicandthespoken word.org. Mula sa home page, magklik sa **Listen Live** at sundan ang link para sa online streaming. ■


© BUSATH PHOTOGRAPHY

***Ang lingguhang* Music and the Spoken Word *ay iniluklok sa Radio Hall of Fame.***

## MAIIKLING BALITA SA **BUONG MUNDO**

### Inilabas ng Simbahan ang Mobile Phone Apps

Inilabas ng Simbahan ang mga mobile phone application upang matulungan ang mga miyembro na pag-aralan ang ebanghelyo kahit naglalakbay sila. Itinutulot ng Gospel Library application ang mga gumagamit na markahan at magtala habang nagbabasa sila ng mga banal na kasulatan, mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya at manwal sa Simbahan. Ibinobrodkast ng Mormon Channel application ang opisyal na istasyon ng radyo ng Simbahan at naglalaman ng mga banal na kasulatan, mensahe sa pangkalahatang kumperensya, at magasin ng Simbahan. Bumisita sa mobile.lds.org para sa impormasyon tungkol sa compatibility.



### Muling Binuksan ang Visitors' Center ng Los Angeles Temple

Ang Visitors' Center ng Los Angeles Temple ay muling binuksan noong Agosto 7, 2010, matapos ang dalawang taong pagsasaayos nito. Itinatampok sa center ang kasaysayan ng Simbahan sa Southern California habang nakatuon sa pangunahing mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang 12,000-talampakang-kuwadradong (1,100 metro kuwadrado) gusali ay kinabibilangan ng ilang lugar para sa mga eksibit at dalawang teatro. Ang nasa gitna nito ay isang 11-talampakan (3.4 metrong) replika ng estatwa ng *Christus*, na makikita mula sa labas ng visitors' center.

### Makukuha sa Internet ang 200 Milyon Pang Rekord

Ang FamilySearch.org ay naglabas ng mahigit 200 milyong bagong masasaliksik na rekord noong Agosto 2010, na nagpaabot sa kabuuang bilang na 700 milyong rekord na makukuha sa Records Search site. Upang makakuha ng libreng mga koleksyon, bumisita sa Pilot.FamilySearch.org o beta.family search.org. Naging posible ang pagdami ng makukuhang mga rekord dahil sa 350,000 boluntaryo sa FamilySearchIndexing sa iba't ibang dako ng mundo na ginagawan ng sipi ang mga makasaysayang talaan para masaliksik ang mga ito sa internet. ■

# KOMENTARYO

### Ang Kompas ng Aking Buhay

Gusto ko ang *Liahona.* Ito ang kompas ng aking buhay; ginagabayan ako nito sa tamang landas at mas mabubuting bagay. Tinutulungan ako nito na lumakas at maiwasan ang mga tuksong madalas kong makaharap. Pinangangalagaan nito ang aking buhay sa araw-araw. Salamat sa paglalathala ninyo nito para makamtan ng mga tao sa mundo ang kompas at gabay na ito, na naglalagay sa atin sa landas ng pananampalataya.

**Anastasia N., edad 17, Ukraine**

### Ang *Liahona* ay Isang Tagapayo

Madalas akong magsuskrisyon sa *Liahona* para iregalo sa Pasko sa aking mga kaibigan at empleyado bilang paraan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa kanila. Yaong mga nasa trabaho ay madalas lumalapit sa akin at nagkokomento sa mga artikulong nabasa nila. Ginagamit nila ang *Liahona* bilang isang tagapayo, at sinasabi nila na kapag may problema sila sa kanilang pamilya binabasa nila ang *Liahona* nang magkakasama. Naglalagay rin ako ng isang kopya ng magasin sa waiting room ng aming opisina. Ito ay isang mabisang kasangkapan ng misyonero.

**Prycila Villar, Brazil**

### Pinagmumulan ng Espirituwal na Lakas

Kami ay mga taga Colombia na nakatira sa Logan, Utah, USA, at nagpapasalamat kami na makatanggap ng *Liahona* sa wikang Espanyol. Bilang mga magulang, sinisikap naming matuto ang aming apat na anak na babae na ipamuhay ang ebanghelyo at mahalin ang templo. Salamat sa paglalathala ninyo ng *Liahona* kada buwan, dahil sa mga mensahe nito nakahahanap ang aming pamilya ng pinagkukunan ng espirituwal na lakas.

**Rincon Family, Utah, USA**

*Mangyaring ipadala ang inyong komentaryo o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

# MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na maaaring gamitin para sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.*

**"Paggawa ng Gawain sa Family History,"** p. 8: Maaari kayong magbigay sa bawat kapamilya ng isang kahon na papalamutian nila at gagamitin para paglagyan ng mga larawan, journal at iba pang mga rekord.

**"Ano ang Nabago sa Pansariling Pag-unlad?"** p. 34, at **"Ang Aaronic Priesthood—Higit Pa sa Inaakala Ninyo,"** p. 37: Ang bagong programang Pansariling Pag-unlad at Tungkulin sa Diyos ay naghihikayat sa mga kabataan na pag-isipang mabuti at ibahagi ang natutuhan nila. Kung may mga tinedyer kayo sa inyong pamilya, maaari ninyong hilingin sa kanila na magplano ng isang aralin para sa family home evening batay sa aktibidad sa Tungkulin Diyos o Pansariling Pag-unlad na natapos nila kamakailan.

**"Paano Ako Magtatayo ng Espirituwal na Pundasyon?"** p. 62: Sa isang waterproof na lalagyan, maglagay ng ilang magkakapatong na maliliit na bato. Sa isa pang water proof na lalagyan, maglagay ng buhangin. Maghanap ng dalawang maliit na bagay na kumakatawan bilang mga bahay. Ipatong ang isang "bahay" sa mga bato at ang isa sa buhangin. Pagkatapos lagyan ng tubig ang bawat lalagyan. Ang "bahay" na nakapatong sa buhangin ay lulubog, samantalang ang "bahay" sa mga bato ay nakatayo pa rin. Talakayin kung paano natin napagtitiisan ang malalakas na bagyo sa ating buhay dahil sa malakas na espirituwal na pundasyon (tingnan sa Helaman 5:12).

### Ang mga Aral na Itinuro ng Isang Tuta

Noong bata pa ang aming mga anak, isinama ko sila sa isang pet store para ipagpalit ang isang kupon para sa isang libreng goldfish. Makalipas ang dalawang oras lumabas kami na may dalang isang tuta na binili ng mga bata sa sarili nilang pera. Nang gabing iyon inilagay namin ang tuta sa labahan para doon matulog. Kinaumagahan magulo na ang labahan. Alam na ng mga bata na maglilinis sila, pero nakita nilang napakarami ng lilinisin. "Hindi namin kaya!" paghikbi nila.


Nang gabing iyon nag-family home evening kami at tinalakay ang tungkol sa mga ibinubunga ng pagpili. "Nang bumili kayo ng tuta," sabi ng kanilang ama, "hindi ninyo naisip ang ibubunga nito. Ngayon ang tuta ay bahagi na ng ating pamilya, at siya ay responsibilidad ninyo." Tinalakay namin kung paano palaging may kasunod na mga bunga ang anumang pagpiling gagawin natin, at hinikayat namin sila na palaging piliin ang tama.

Pumanaw na ang aso kamakailan matapos ang 14 na taon bilang bahagi ng aming pamilya, ngunit ang mga aral sa buhay na itinuro niya sa amin ay mananatili sa amin.

**Jill Grant, Victoria, Australia** ■

# Hindi Kailanman Pinabayaan

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan



*THE DARKNESS AT THE CRUCIFIXION*, NI GUSTAVE DORÉ

*Ang pagbanggit ng Tagapagligtas sa mga banal na kasulatan ay nagbigay sa akin ng katiyakan na hindi tayo kailanman pinabayaan.*

Sa panahon ng Kanyang ministeryo madalas magbanggit ang Panginoon ng banal na kasulatan. Kaya hindi tayo dapat magulat na makakita ng mga talata sa Lumang Tipan na binanggit ng Tagapagligtas sa Bagong Tipan. Ngunit isang araw nagulat ako nang mabasa ko ang unang talata ng Mga Awit 22: "Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?"

Hindi ko naisip na maaaring nagbabanggit ang Tagapagligtas ng mga sagradong kasulatan nang sabihin Niya ang mga salitang iyon sa Kanyang pagdurusa sa krus (tingnan sa Mateo 27:46). Ang kaisipang iyan ay nauwi sa malalim na espirituwal na pag-unawa.

Halos lahat tayo ay minsan nang nagtanong ng, "O Diyos, nasaan kayo?" (D at T 121:1). Ang tanong na iyan ay kadalasang pumapasok sa aking isipan sa mga sandali ng kawalang-katiyakan o kapighatian.

Dahil diyan ang mga salita ng Tagapagligtas ay tila pahiwatig ng tanong na: Ang Kanya bang pagsamo ay dahil sa kawalang-katiyakan—maging pag-aalinlangan? Ibig sabihin ba nito may katanungan na hindi masasagot ang aking Tagapagligtas, na pinakamakapangyarihan at nakaaalam ng lahat ng bagay, sa mismong sandaling iyon na nakasalalay ang aking kaligtasan sa Kanyang kapangyarihang magbigay ng lahat ng kasagutan at mapagtagumpayan ang lahat ng bagay?

Ang pagbasa ng awit na ito ay nagturo sa akin na, bagama't ang mga salitang ito ay tunay na nagpahayag ng matinding kapighatian ng kaluluwa sa "kawalan ng pag-asa dahil pinabayaan Siya ng Diyos," na maaaring inasahan na Niya ngunit hindi lubos na naunawaan, ang mga ito ay *hindi* pahiwatig ng pag-aalinlangan.[1]

Ang mismong pagtawag sa Kanyang Ama sa pinakamatinding oras ng Kanyang pangangailangan gamit ang mga salita sa mga banal na kasulatan ay hindi lamang katibayan ng pananampalataya kundi isang malaking pagkakataon para magturo. Bagama't ang Mga Awit 22 ay nagsisimula sa tanong, ito ay pagpapahayag ng malaking pagtitiwala na *hindi* nagpapabaya ang Diyos:

"Ang aming mga magulang ay nagsitiwala sa iyo: sila'y nagsitiwala, at iyong iniligtas sila.

"Sila'y nagsidaing sa iyo at nangaligtas: sila'y nagsitiwala sa iyo, at hindi nangapahiya" (mga talata 4–5).

Gamit ang mga karanasan ng mang-aawit bilang pahiwatig ng pagdurusa ng Tagapagligtas, ibinadya sa awit ang panlalait (mga talata 7–8), ang di matwid na paglilitis at pagpapahirap (mga talata 11–13), ang Kanyang paghihirap at pagdurusa (mga talata 14), Kanyang pagkauhaw (talata 15), ang pagkasugat ng Kanyang mga kamay at paa (talata 16), at pagpapalabunutan at pagpunit-punit ng Kanyang mga kasuotan (talata 18).

Bagama't unang talata lamang ang binanggit ng Tagapagligtas, ang natitira sa awit ay isa pang patotoo na Siya ang ipinangakong Mesiyas, na sa Kanyang pagdurusa natupad ang propesiya, at na lubos Siyang nagtiwala sa Kanyang Ama.

Ang pagkaunawang ito ay nagbigay sa aking kaluluwa ng nakapupuspos na katiyakan na hindi nawalan ng kabuluhan ang aking pananampalataya. Gayunpaman ang higit pang nakaaantig kaysa kaalamang hindi nag-alinlangan si Jesus at nagtagumpay ay ang patotoo sa awit na iyon sa mga panahong nagtatanong ako kung pinababayaan *ako* ng Diyos o kapag nag-aalala ako na hindi Niya narinig ang *aking* pagsamo.

"Kayong nangatatakot sa [Diyos] ay magsipuri sa kaniya; kayong lahat na binhi ni Jacob ay lumuwalhati sa kaniya; at magsitayong may takot sa kaniya, kayong lahat na binhi ni Israel.

"Sapagka't hindi niya hinamak o pinagtaniman man ang kadalamhatian ng nagdadalamhati [na si Jesus]; ni ikinubli man [ng Ama] ang kaniyang mukha sa kaniya; kundi nang [si Jesus ay] dumaing sa kaniya, *ay kaniyang dininig*" (mga talata 23–24; idinagdag ang pagbibigay-diin). ■

**TALA**

1. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, "Walang Sinuman ang Kasama Niya," *Liahona,* Mayo 2009, 87.




© 1983 IRI

*Si Jesus sa May Pintuan,* ni Del Parson

*"Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko.*

*"Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.*

*"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu" (Apocalipsis 3:20–22).*



*Bagama't hindi tayo literal na makauupo sa paanan ng Panginoon na tulad ni Maria, maaari tayong matuto sa Kanya at makinig sa Kanyang mga salita habang pinag-aaralan natin ang Bagong Tipan sa Sunday School sa taong ito. Ipinaliwanag ni Elder Jay E. Jensen ng Panguluhan ng Pitumpu: "Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo at nagtuturo tungkol kay Jesucristo. Kapag ibinuhos natin ang ating panahon sa mga ito, makikilala natin Siya at ang Kanyang tinig." Tingnan sa "Ang Tagapagligtas—ang Dalubhasang Guro," pahina 14.*

TAGALOG
4 02096 81893